ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • SETYEMBRE 2014

Liahona



Ang Gawain ng Kaligtasan Ngayon at sa Aklat ni Mormon, p. 22

Pagharap sa mga Katotohanan Tungkol sa Pornograpiya, p. 14

***Susume:* Sumulong nang May Pananampalataya, p. 58**

"Ang pagpupunyaging makawala sa bahay-uod o cocoon ay nagpapalakas sa paru-paro upang ito ay makalipad. Kung wala ang paghihirap na iyon, hindi kailanman magkakaroon ng lakas ang paru-paro upang makamit nito ang kanyang patutunguhan. Hindi kailanman mabubuo ang lakas upang maging isang hindi pangkaraniwang nilalang."

Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Paghahanap ng Ligtas na Daungan," *Liahona,* Hulyo 2000, 72.

Liahona, Setyembre 2014

4

MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Handa Ba Tayo?**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Mang-aaliw**

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

14 **Pagpapagaling ng Tagong mga Sugat**
Ni Jennifer Grace Fallon

20 **Pagpapalakas sa mga Kabataan sa Pamamagitan ng mga Aktibidad na Nagpapatatag sa Espirituwalidad**
Ni Mike Madsen
Alamin ang mga bagong aktibidad ng mga kabataan sa website! Alamin kung paano natin matutulungan ang ating mga kabataan na maipamuhay ang ebanghelyo at maghanda para sa kanilang mga tungkulin sa hinaharap.

22 **Ang Gawain ng Kaligtasan: Noon at Ngayon**
Ni Elder L. Whitney Clayton
Matutulungan tayo ng mga halimbawa sa Aklat ni Mormon na isagawa ang gawain ng kaligtasan sa ngayon.

26 **Mga Pioneer sa Bawat Lupain: Ang Simbahan sa Korea—Maningning ang Liwanag ng Ebanghelyo sa Kabila ng Paghihirap**
Ni Hee-Chul Seo
Umuunlad ngayon ang Simbahan sa Korea dahil nagtiyaga ang naunang mga miyembrong Koreano sa mga panahon ng pagsubok.

32 **Kalalakihan at Kababaihan at Kapangyarihan ng Priesthood**
Ni Elder M. Russell Ballard
May ilang katotohanan na kailangang maunawaan ng kalalakihan at kababaihan tungkol sa mahalagang papel na ginagampanan ng kababaihan.

MGA BAHAGI

8 **Notebook ng Kumperensya ng Abril 2014**

10 **Ang Ating Paniniwala: Ibigin ang Inyong Kapwa Gaya ng sa Inyong Sarili**

12 **Mga Propeta sa Lumang Tipan: Isaias**

13 **Mga Materyal ng Simbahan—Print o Digital?**

38 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Pambihirang mga Binatilyo**
Ni Elder LeGrand Richards

SA PABALAT
Harap: *Si Nephi Habang Nagtuturo sa Templo,* ni Dan Burr. Panloob na pabalat sa harap: Paglalarawan ni Bradley Slade. Panloob na pabalat sa likod: Paglalarawan ni David Stoker.

MGA YOUNG ADULT

42 **Magkakapatid sa Tipan**
Ni Emmaline R. Wilson
Limang paraan na natutulungan tayo ng ating kapatiran ng ka-babaihan na matupad ang ating tipan sa binyag.

46 **Mga Young Adult Profile: Pinag-iisa ang mga Tao mula sa Iba't Ibang Kultura sa Toronto**
Ni Katherine Nelson
Ano ang pakiramdam ng maging isang matapat na young adult sa Ontario, Canada?

MGA KABATAAN

48 **Paghahanda para sa mga Oportunidad sa Buhay**
Kapag nahirapan sa pag-aaral, alalahanin ang mensaheng ito mula sa Unang Panguluhan.

50 **Paano Tunay na Matuto**
Ni David A. Edwards
Pagdating sa pag-aaral, hindi lamang ang inyong mga marka ang mahalaga.

53 **Poster: Dinala sa Mas Magandang Lugar**

54 **Kapag Gusto ng mga Kaibigan Mo na Malaman ang Dahilan**
Ni Richard M. Romney
Kapag nagbabahagi ng ebang-helyo, matutong sagutin ang tao, hindi ang tanong.

56 **Alam Ko Na ang Kailangan Kong Gawin**
Ni Joseph Sengooba
Nagalit ang headmaster nang ibahagi ko sa paaralan ang aking mga pamantayan.

57 **Tuwirang Sagot**

58 ***Susume!***
Ni Elder Kazuhiko Yamashita
Maraming maituturo sa atin ang isang maalamat na samurai tung-kol sa pagpapatuloy nang may pananampalataya.

61 **Pagdarasal nang Tulad ni Alma para sa Aking Kaibigan**
Ni Daniel Maurício dos Santos
Makatulong kaya ang panalangin para patuloy na magsimba ang kaibigan ko?

62 **Sampung Sekreto ng Tunay na Popularidad**
Ni Kersten Campbell
Ano ang maituturo sa akin ng Bagong Tipan tungkol sa pakikipagkaibigan?

Tingnan kung ma-kikita ninyo ang na-katagong Liahona sa isyung ito. Hint: Sundan ang mga bakas ng paa.

MGA BATA

64 **Musika: Ang Landas ng Aking Tipan**
Ni Marvin K. Gardner at Vanja Y. Watkins

66 **Natatanging Saksi: Bakit ba natin kailangang sundin ang mga kautusan?**
Ni Elder L. Tom Perry

67 **Mga Sagot sa Kumperensya**
Ni Abby H.
Pumanaw ang Lola Edwards ko. Paano ko malalaman kung masaya siya?

68 **Ang Aklat na Dilaw ang Pabalat**
Ni Randol Salazar Quiroga
Nawawala ang paboritong aklat ni Randol. Siguro makakatulong si Tito.

70 **Mga Kaibigan sa Iba't Ibang Panig ng Mundo: Ako si Luca na mula sa South Korea**
Ni Amie Jane Leavitt

72 **Ang Ating Pahina**

73 **Magandang Ideya**

74 **Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Ang Pamumuhay Ayon sa Ebanghelyo ay Nagpapala sa Aking Pamilya**

76 **Para sa Maliliit na Bata: Paghimig sa mga Himno**
Ni Olivia Corey Randall

SETYEMBRE 2014 TOMO 17 BLG. 9
LIAHONA 10989 893
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

Patnugot: Craig A. Cardon
Mga Tagapayo: Jose L. Alonso, Mervyn B. Arnold, Shayne M. Bowen, Stanley G. Ellis, Christoffel Golden

Namamahalang Direktor: David T. Warner
Direktor ng Operations: Vincent A. Vaughn
Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg
Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson
Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr
Writing and Editing Team: Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Jennifer Grace Fallon, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen
Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson
Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune
Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters
Production Team: Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick
Direktor sa Pamamahagi: Stephen R. Christiansen

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2014 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada: September 2014 Vol. 17 No. 9. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

Mga Ideya para sa Family Home Evening

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang ideya.

"Pagpapagaling ng Tagong mga Sugat," pahina 14: Tingnan ang mga tanong sa pahina 18 ng artikulong ito at isiping magtakda ng oras para kausapin ang bawat isa sa inyong mga anak tungkol sa pornograpiya. Dahil ang mga tinedyer kung minsan ay bumabaling sa pornograpiya upang makayanan ang mga hamon, isiping suriin ang halimbawang ipinakita ninyo kung paano harapin ang mga hamon at mangako sa inyong mga anak na pagbubutihin pa ninyo. Para sa inyong aralin, maaari kayong magpasiya tungkol sa mga patakaran ng pamilya sa paggamit ng computer at magrepaso ng mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya tungkol sa kabanalan (tulad ng, "Pagbalik sa Kabutihan," ni Elaine S. Dalton sa *Liahona,* Nob. 2008, 78). Maaari din kayong gumamit ng mga memorabilia ng pamilya—tulad ng mga larawan ng kasal at damit ng sanggol noong basbasan ito—para maikuwento kung paano napagpala ng kabanalan ang inyong buhay.

"Sampung Sekreto ng Tunay na Popularidad," pahina 62: Isiping gamitin ang mga alituntunin sa artikulong ito para ituro sa inyong mga anak kung paano sila makikipagkaibigan. Maaari kayong gumawa ng 10 word strip, isa para sa bawat katangian na nagpapakita ng pag-ibig sa kapwa-tao na nasa artikulo (tingnan din sa I Mga Taga Corinto 13). Itanong sa inyong mga anak kung paano sila matutulungan ng bawat katangian na maging mabuting kaibigan. Pagkatapos ay tumukoy ng isang taong nangangailangan sa inyong ward o branch o komunidad at mag-isip ng mga paraan para mapaglingkuran ang taong iyon. Maaari ninyong isagawa kaagad ang plano ninyong maglingkod at simulang ipagdasal na magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao ang inyong pamilya.

SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Aklat ni Mormon, *22, 39*
Edukasyon, *48, 50, 53*
Espiritu Santo, *38*
Family history, *22*
Gawaing misyonero, *20, 22, 54, 56*
Gawain ng kaligtasan, *22*
Gawain sa templo, *22*
Isaias, *12*
Jesucristo, *7*
Kababaihan, *32, 42*
Kabataan, mga, *14, 20*
Kahandaan sa emergency, *4*
Kaibigan, mga, *54, 61, 62*
Kasal, pag-aasawa, *32*
Kasaysayan ng Simbahan, *26*
Media, *14, 20*
Pag-asa sa sarili, *4*
Pagbabalik-loob, *40*
Pag-ibig sa Kapwa-tao, *10, 46, 62*
Pagpapaaktibo, *22*
Pagsunod, *66, 74*
Pamilya, *41, 74*
Panalangin, *39, 61, 68*
Pananampalataya, *58, 61*
Pangkalahatang kumperensya, *8, 67*
Pioneer, mga, *26*
Pornograpiya, *14*
Priesthood, *32*
Tipan, mga, *42*

Ni Pangulong Thomas S. Monson

Handa BA TAYO?

Malapit sa dati kong tinirhan at pinaglingkuran, nagpatakbo ang Simbahan ng isang manukan, na ang mga tauhan ay mga boluntaryo mula sa lokal na mga ward. Kadalasan ay mahusay ang patakbo sa manukan, at nagsusuplay sa bishops' storehouse ng libu-libong sariwang itlog at daan-daang librang dressed chicken. Gayunman, may mga pagkakataon na hindi lang kinalyo ang mga kamay ng mga boluntaryo at baguhang magsasaka kundi nakadama rin sila ng pagkadismaya.

Halimbawa, lagi kong maaalala ang panahon na tinipon namin ang mga kabataang Aaronic Priesthood para linisin ang manukan sa panahon ng tagsibol. Nagtipon sa manukan ang masaya at masigla naming grupo at mabilis nilang binunot, tinipon, at sinunog ang malaking bunton ng mga damong ligaw at kalat. Sa liwanag ng nagbabagang mga siga, kumain kami ng mga hotdog at binati namin ang aming sarili sa maayos naming trabaho.

Gayunman, may isang problema lang na nakasira. Nabulabog ng ingay at apoy ang maseselan at nerbiyosong 5,000 paitluging manok kaya karamihan dito ay biglang nalagasan ng balahibo at hindi na nangitlog. Mula noon hinayaan na naming tumubo ang kaunting damong ligaw para dumami ang mga itlog.

Walang miyembro ng Simbahan na tumulong sa paglalaan sa mga nangangailangan ang nakakalimot o nagsisisi sa karanasang iyon. Ang kasipagan, katipiran, pag-asa sa sarili, at pagbabahagi sa iba ay hindi na bago sa atin.

Dapat nating tandaan na ang pinakamagandang sistema ng pag-iimbak ay ang pagkakaroon ng bawat pamilya sa Simbahan ng suplay ng pagkain, damit, at iba pang mga pangangailangan sa buhay, kung maaari.

Mangyari pa, may mga pagkakataon na kailangan ng ating mga miyembro ang tulong ng Simbahan. Kabilang sa storehouse ng Panginoon ang panahon, mga talento, mga kasanayan, habag, inilaang materyal, at pananalapi ng matatapat na miyembro ng Simbahan. Ang mga mapagkukunang ito ay magagamit ng bishop sa pagtulong sa mga nangangailangan.

Hinihimok namin ang lahat ng Banal sa mga Huling Araw na maging maingat sa kanilang pagpaplano, maging masinop sa kanilang pamumuhay, at iwasan ang sobra-sobra o di-kailangang pangungutang. Makakayanan ng mas maraming tao ang kahirapan ng buhay kung mayroon silang imbak na pagkain at kasuotan at wala silang utang. Ngayon nakikita natin na kabaligtaran nito ang sinusunod ng marami: marami silang utang at walang makain.

Inuulit ko ang ipinahayag ng Unang Panguluhan ilang taon na ang nakararaan:

"Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay pinayuhan na sa loob ng maraming taon na paghandaan ang kahirapan sa pamamagitan ng pagtatabi ng kaunting halaga. Hindi masusukat ang karagdagang seguridad at kapanatagan ng loob na dulot nito. Responsibilidad ng bawat pamilya na maglaan, hanggang sa abot ng kanilang makakaya, para sa sarili nilang mga pangangailangan.

"Hinihikayat namin kayo saanmang sulok kayo ng mundo nakatira na paghandaan ang kahirapan sa pamamagitan ng pagsasaayos ng inyong kabuhayan. Hinihimok

naming maging matipid kayo sa inyong paggastos; disiplinahin ang sarili sa pamimili upang maiwasan ang pag-utang. Agad na magbayad ng inyong utang, [at] palayain ang sarili sa pagkaaliping ito. Regular na magtabi ng maliit na halaga upang unti-unting makapagtabi ng reserbang pondo."[1]

Handa ba tayo para sa mga biglaang pangangailangan sa ating buhay? Napahusay na ba natin nang husto ang ating mga kasanayan? Masinop ba ang ating pamumuhay? May reserba ba tayong suplay na magagamit? Masunurin ba tayo sa mga utos ng Diyos? Sumusunod ba tayo sa mga turo ng mga propeta? Handa ba tayong ipamahagi ang ating kabuhayan sa mga maralita, sa mga nangangailangan? Tapat ba tayo sa Panginoon?

Nabubuhay tayo sa magulong panahon. Madalas ay hindi natin alam ang mangyayari sa hinaharap; dahil dito, kailangan nating maghanda para sa mga panahon ng kawalang-katiyakan. Pagdating ng panahon ng pagpapasiya, wala nang panahon para makapaghanda. ■

TALA

1. Ang Unang Panguluhan, *Ihanda ang Bawat Kinakailangang Bagay: Kabuhayan ng Pamilya* (polyeto, 2007).

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Sa pagsasaalang-alang ng mga pangangailangan ng mga binibisita ninyo, mag-isip ng mga paraan na matutulungan ninyo sila na lalong umasa sa sarili sa trabaho, kabuhayan, pag-iimbak ng pagkain, o kahandaan sa emergency. Mag-isip ng isang kasanayang maituturo ninyo sa kanila, tulad ng paghahalaman o pamamahala sa pananalapi, na magbibigay sa kanila ng kakayahang sundin ang payo ni Pangulong Monson.

Para sa mga ideya sa pagtuturo ng mensaheng ito sa mga kabataan at bata, tingnan sa pahina 6.

MGA KABATAAN

Muli Akong Naglingkod

Ni Jaíne Araújo

Isang araw, pagkatapos ng isang proyektong pangserbisyo, naraanan ko ang aming meetinghouse at nakita ko ang dalawang miyembrong babae na naglilinis sa gusali. Nasabi ko na lang na: "Sisters, kailangan ba ninyo ng tulong?" Ngumiti sa akin ang isa sa kanila at sinabi na tamang-tama ang dating ko dahil sila lang ang naglilinis at pagod na pagod na sila. Sinabi niya na nanalangin siya sa Panginoon na magpadala ng makakatulong. Masayang-masaya ako na naging kasagutan ako sa kanyang panalangin. Katatapos ko lang maglingkod sa isa pang tao at pagod na rin ako, pero sinunod ko ang aking puso at nag-alok akong maglingkod pa.

Inutusan tayong magtrabaho nang may galak (tingnan sa D at T 24:7). Kapag may hangarin tayong maglingkod sa lahat ng oras, makakatulong tayo para mangyari ang mga himala sa buhay ng ibang tao. Ang ating buhay ay nagiging mas makabuluhan kapag naglilingkod tayo. Talagang mahal tayo ng Panginoon, tinutulungan Niya ang bawat isa sa Kanyang mga anak, at bibigyan Niya tayo ng lakas upang makapaglingkod.

Ang may-akda ay naninirahan sa Rio Grande do Norte, Brazil.

MGA BATA

Handa Ba Kayo?

Hiniling ni Pangulong Monson sa bawat isa sa atin na maging handa para sa mahihirap na sandali at tulungan ang iba kapag nahihirapan sila. Sagutan ng tama-o-mali ang quiz na ito para malaman kung handa na kayo!

Lagi akong makakahanap ng isang taong tutulungan.
Tama ☐ Mali ☐

Maaari akong magpasalamat para sa lahat ng mayroon ako.
Tama ☐ Mali ☐

Wala akong anumang talentong maibabahagi kaninuman.
Tama ☐ Mali ☐

Ang pag-iimpok ng pera para sa hinaharap ay mabuting ideya.
Tama ☐ Mali ☐

Kailangan ko ng mga bagong laruan at damit para maging masaya.
Tama ☐ Mali ☐

Mga Sagot: Tama, Tama, Mali, Tama, Mali

LARAWANG KUHA NG BERNARDAS/ISTOCK/THINKSTOCK; PAGLALARAWAN NI VAL CHADWICK BAGLEY

Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa buhay at mga papel na ginagampanan ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinanganga-lagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa ***reliefsociety.lds.org****.*

Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Mang-aaliw

Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching tampok ang mga aspeto ng misyon ng Tagapagligtas.

Ipinangako ni Jesucristo, "Hindi ko kayo iiwang magisa: ako'y pari-rito sa inyo" (Juan 14:18). Bibigyan Niya tayo ng "putong na bulaklak na kahalili ng mga abo, ng langis ng kagalakan na kahalili ng pagtangis" (Isaias 61:3). Dahil nagdusa si Cristo sa Pagbabayad-sala para sa bawat isa sa atin, hindi Niya tayo kalilimutan. "Pinasan ng ating Tagapagligtas . . . ang ating mga pasakit at pagdurusa at pighati upang malaman Niya kung ano ang nadarama natin at kung paano tayo aaliwin," sabi ni Linda S. Reeves, pangalawang tagapayo sa Relief Society general presidency.[1]

Ang kaalaman na aaliwin tayo ni Cristo ay magbibigay sa atin ng ka-panatagan at inspirasyong tularan ang Kanyang halimbawa ng pagli-lingkod sa iba. Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: "Ang ating ka-alaman sa ebanghelyo at ating pag-mamahal sa ating Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas ay aalo at mag-tataguyod sa atin at magdudulot ng kagalakan sa ating mga puso habang lumalakad tayo nang matuwid at sumusunod sa mga kautusan. Walang anumang bagay sa mundo na maka-dadaig sa atin."[2]

PAGLALARAWAN NI SARAH CARABINE JENSON

Isipin Ito

Paano kayo napapanatag sa pagkaunawa na naaalala kayo ng Panginoon?

Mula sa mga Banal na Kasulatan

Juan 14:18, 23; Alma 7:11–13; Doktrina at mga Tipan 101:14–16

MGA TALA

1. Linda S. Reeves, "Hindi Kayo Nalilimutan ng Panginoon," *Liahona,* Nob. 2012, 120.
2. Thomas S. Monson, "Magalak," *Liahona,* Mayo 2009, 92.
3. Elaine L. Jack, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 140.
4. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 41–42.

Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan

Mula sa Ating Kasaysayan

Sabi ni Sister Elaine L. Jack, ang ika-12 Relief Society general president: "Sa visiting teaching ay tinutulungan natin ang bawat isa. Ang mga kamay ay mada-las makapangusap sa paraang hindi kayang isatinig. Maraming naipadarama ang mainit na yakap. Pinagkakaisa tayo ng sama-sama nating pagtawa. Ang isang sandali ng pagbabahagi ay nagbibigay-sigla sa ating mga kaluluwa. Hindi natin palaging mapagagaan ang pasanin ng isang taong may problema, ngu-nit mapapasigla natin siya upang mapagtiisan niya itong mabuti."[3]

Ang mga kapatid nating pio-neer sa Relief Society ay "luma-kas . . . ang espirituwalidad . . . sa pagmamahal at habag sa isa't isa. . . . Habang dumaranas sila ng karamdaman at kamatayan, nanalangin sila nang may pana-nampalataya para sa isa't isa at inalo ang bawat isa. 'Dumaloy ang pag-ibig ng Diyos sa bawat puso,' pagsulat ni Helen Mar Whitney, 'hanggang sa tila wala nang magawa ang masama sa pagpupumilit niyang pumagitan sa amin at sa Panginoon, at ang kanyang malupit na mga palaso, sa ilang pagkakataon, ay hindi na nakapanakit pa.'"[4]

NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG ABRIL 2014

"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).

Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Abril 2014, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) upang tulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.

TAMPOK NA DOKTRINA

Ang Pagbabayad-sala at mga Tipan

"Sa paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan, pinapasan natin ang pamatok at nakikiisa tayo sa Panginoong Jesucristo. Ibig sabihin, inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas na umasa at makipagtulungan sa Kanya, kahit lahat ng pagsisikap natin ay hindi katumbas at hindi maihahambing sa Kanya. Kapag tayo ay nagtiwala at nakipagtulungan sa Kanya sa paghatak sa ating pasan sa paglalakbay natin sa buhay na ito, tunay na ang Kanyang pamatok ay malambot at magaan ang Kanyang pasan. . . .

". . . Ang mga tipang tinanggap at tinupad nang may integridad at mga ordenansang isinasagawa sa pamamagitan ng wastong awtoridad ng priesthood ay kinakailangan upang matanggap ang lahat ng pagpapala na matatamo sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Sapagkat sa mga ordenansa ng priesthood, ang kapangyarihan ng kabanalan ay ipapakita sa kalalakihan at kababaihan sa laman, kabilang na ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala (tingnan sa D at T 84:20–21)."

Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Mabata Nila ang Kanilang mga Pasanin nang May Kagaanan," *Liahona,* Mayo 2014, 88.

Alamin pa ang iba tungkol sa pagpapalakas ng inyong patotoo sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa lds.org/go/testimony914. Alamin pa ang tungkol sa mga tipan na iniaalok sa atin ng Diyos sa lds.org/go/covenants914.

PANGAKO NG PROPETA

Pasasalamat

"Maaari nating piliing magpasalamat, anuman ang mangyari.

"Ang ganitong pasasalamat ay iiral anuman ang mangyari sa paligid natin. Dinadaig nito ang kalungkutan, pagkabigo, at pagkasiphayo. Namumukadkad ito sa mayelong lupa sa taglamig na kasing-ganda ng pamumukadkad nito sa tag-init. . . .

". . . Sa mga pasakit, maaari nating luwalhatiin ang Pagbabayad-sala ni Cristo. Sa labis na kapighatian, maaari nating madama ang init at pagmamahal ng yakap ng langit."

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Nagpapasalamat Anuman ang Kalagayan," *Liahona,* 2014 Mayo, 75.

Humanap ng paraan para mapagbuti ang inyong pag-aaral ng mga mensahe sa kumperensya sa lds.org/go/study914.

MGA SAGOT PARA SA INYO

Bawat kumperensya, nagbibigay ng inspiradong mga sagot ang mga propeta at apostol sa mga tanong ng mga miyembro ng Simbahan. Gamitin ang inyong isyu ng Mayo 2014 o bisitahin ang conference.lds.org para makita ang mga sagot sa mga tanong na ito:

- Paano ko maipagtatanggol ang paniniwala ko nang may paggalang at pagkahabag? Alamin sa lds.org/go/holland914 o tingnan sa Jeffrey R. Holland, "Ang Halaga—at mga Pagpapala—ng Pagkadisipulo," 6.
- Paano tayo matutulungan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo na maging mabisang mapagkukunan sa pagbabahagi ng katotohanan? Alamin sa lds.org/go/scott914 o tingnan sa Richard G. Scott, "Kayo'y Binigyan Ko ng Halimbawa," 32.

PAGGAWA NG TSART NG LANDAS NG TIPAN PARA SA INYONG PAMILYA

"Ang simpleng gawaing ito ay tumulong sa amin ni Lesa na mapagbuti ang aming ginagampanan sa pagtulong sa bawat miyembro ng aming pamilya sa landas ng tipan, na may nakaplanong gagawin para sa bawat isa sa kanila." —Bishop Gary E. Stevenson, Presiding Bishop, "Ang Inyong Apat na Minuto," 86.

1. Gumawa ng dalawang hanay sa isang pirasong papel: "Pangalan" at "Plano para sa susunod o kailangang ordenansa."
2. Ilista ang bawat miyembro ng pamilya na kailangang mabinyagan, maorden sa priesthood, makatanggap ng endowment sa templo, o mabuklod.
3. Magkaroon ng mga talakayan sa pamilya, mga family home evening lesson, o gumawa ng iba pang mga paghahanda sa pagtanggap ng mahahalagang ordenansa sa inyong pamilya.

Proteksyon mula sa Pornograpiya



"Paano natin pinoproteksyunan ang ating mga anak at kabataan? . . . Ang pinakamatinding filter sa mundo, ang tangi at talagang magpoprotekta, ay sariling filter sa ating kalooban na nagmumula sa malalim at matibay na patotoo sa pagmamahal ng ating Ama sa Langit at nagbabayad-salang sakripisyo ng ating Tagapagligtas para sa bawat isa sa atin. . . .

". . . Dapat akong magpatotoo tungkol sa mga pagpapala ng araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagdarasal at family home evening linggu-linggo. Ang mga kaugaliang ito mismo ang tumutulong para maalis ang pagkabalisa, nagbibigay ng patnubay sa ating buhay, at nagdaragdag ng proteksyon sa ating mga tahanan."

Linda S. Reeves, pangalawang tagapayo sa Relief Society general presidency, "Proteksyon Laban sa Pornograpiya—Tahanang Nakatuon kay Cristo," *Liahona,* Mayo 2014, 16–17.

Maghanap ng tulong para sa mga indibidwal at pamilya sa pagdaig sa pornograpiya sa lds.org/go/overcome914.

Para mabasa, mapanood, mapakinggan, o maibahagi ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang **conference.lds.org.**

IBABA: LARAWAN NG SNOW NA KUHA NI ANDREW PARK/ISTOCK/THINKSTOCK; LARAWAN NG MGA BULAKLAK NA KUHA NG NEIRFY/ISTOCK/THINKSTOCK

IBIGIN ANG INYONG KAPWA GAYA NG SA INYONG SARILI

"Paggising natin tuwing umaga, magpasiya tayong tumugon nang may pagmamahal at kabaitan anuman ang mangyari." —Pangulong Thomas S. Monson

Nang tanungin ng isang abugado si Jesus kung alin sa mga kautusan ang pinakadakila, maaari sana Niyang piliin ang alinman sa maraming kautusan mula sa Lumang Tipan, mula sa batas ni Moises, o sa Sampung Utos. Sa halip, ibinuod Niya ang lahat ng kautusan sa dalawang ito:

"Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo.

"Ito ang dakila at pangunang utos.

"At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili" (Mateo 22:37–39).

Gaya ng itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson sa huling pang-kalahatang kumperensya, ang pag-sunod sa isang utos ay tumutulong sa atin na tuparin ang iba pang kautusan: "Hindi natin makakayang mahalin nang tunay ang Diyos kung hindi natin mahal ang ating kapwa mga manlalakbay sa mortal na buhay na ito. Gayundin, hindi natin maka-kayang lubos na mahalin ang ating kapwa-tao kung hindi natin mahal ang Diyos, na Ama nating lahat. . . . Tayong lahat ay mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit at, dahil dito, tayo'y magkakapatid. Kapag isinaisip natin ang katotohanang ito, magi-ging mas madaling mahalin ang lahat ng anak ng Diyos" ("Pag-Ibig—ang Pinakadiwa ng Ebanghelyo," *Liahona,* Mayo 2014, 91).

Ang pagkakaroon ng pag-ibig sa kapwa—na tulad ng pag-ibig ni Cristo para sa iba—ay mas magpapabuti sa ating mga ugnayan, tutulungan ta-yong maging handang maglingkod, at gagawin tayong karapat-dapat sa buhay na walang hanggan (tingnan sa Moroni 10:21). Ang pag-ibig sa kapwa ay espirituwal na kaloob na maaari nating ipagdasal at ipamuhay; ito ay "ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ni . . . ni Jesucristo" (Moroni 7:48). Ito ang "daang kaga-linggalingan" (I Mga Taga Corinto 12:31) na binanggit ni Apostol Pablo at kasama rito ang pagiging mabait, matiyaga, mapagpakumbaba, maamo, umaasa, at bukas-palad (tingnan sa I Mga Taga Corinto 13).

Ang buhay ang perpektong labora-toryo sa pagkakaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao. Ang turo ng Tagapagligtas na tinatawag na Ginintuang Patakaran ay magagabayan ang ating mga kilos: "Lahat ng mga bagay na ibig ninyong gawin ng mga tao, gawin naman ninyo ang gayon sa kanila" (Mateo 7:12). Lahat tayo ay hindi perpekto, subalit hangad nating lahat na ma-pakitunguhan nang may kabaitan sa kabila ng ating mga pagkukulang. ■

MAKIPAG-UGNAYAN NANG MAY PAGMAMAHAL

"Kailangang-kailangan ngayon na igalang ng kalala-kihan at kababaihan ang isa't isa kahit lub-hang magkakaiba ang kanilang paniniwala at ugali at mga layunin sa buhay. . . .

"Ang kahandaang unawain ang mga bagay-bagay sa pananaw ng iba ay gagawing '[mapakikinaba-ngang] biyaya' ang 'salitang maha-lay.' . . . Maaaring hindi nito mabago ang sitwasyon o malutas ang problema, ngunit maaaring ang mas mahalagang posibilidad ay kung mababago ba tayo ng mapakikinabangang biyaya.

"Mapakumbaba kong pinatoto-tohanan na maaari tayong maging 'biyaya' sa iba sa pamamagitan ng maunawaing pananalita kapag tu-mimo sa ating puso ang nilinang na kaloob na Espiritu Santo nang may pagdamay sa damdamin at pana-naw ng iba."

Elder W. Craig Zwick of the Seventy, "Ano Ba ang Nasa Isip Mo?" *Liahona,* Mayo 2014, 43.

Pag-isipan ang mga turong ito mula kay Pangulong Monson tungkol sa maraming paraan na makapagpapakita tayo ng pagmamahal sa iba:

"Ang pagpapatawad ay dapat sabayan ng pagmamahal. . . . Ang paninisi ay hindi nakakahilom ng mga sugat. Tanging pagpapatawad ang nakakahilom."

"Ang ilan sa pinakamagagandang pagkakataong maipakita ang ating pagmamahal ay sa loob mismo ng sarili nating tahanan."



"Kapag kailangan nating pagsabihan ang isang tao, dapat tayong magpakita ng ibayong pagmamahal pagkatapos" (tingnan sa D at T 121:43).

"Ang pagmamahal ay naipapakita sa maraming paraan: isang ngiti, isang kaway, isang magandang puna, isang papuri."

"Ang ibang pagpapakita nito ay maaaring di-gaanong halata, gaya ng pagpapakita ng interes sa mga ginagawa ng ibang tao, pagtuturo ng isang alituntunin nang may kabaitan at tiyaga, pagbisita sa isang taong maysakit o hindi na kayang lumabas ng bahay."

MGA PAGLALARAWAN NI DAVID HABBEN

Mula sa "Pag-ibig—ang Pinakadiwa ng Ebanghelyo," Liahona, *Mayo 2014, 91–94.*

ISAIAS

"Si Isaias ayon sa lahat ng pamantayan ang propeta sa Lumang Tipan na nagpropesiya tungkol sa Mesiyas na ang mga salita ay alam ng lahat."[1] —Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ako ang anak ni Amoz, at ang kahulugan ng pangalan ko ay "ang Panginoon ay kaligtasan."[2] Nagpagal ako bilang propeta sa Jerusalem sa loob ng 40 taon, mula 740–701 b.c. Nagpropesiya ako sa Jerusalem sa panahon ng pamumuno ng apat na hari, at ako ang punong tagapayo ni Haring Ezechias, kaya ako nagkaroon ng malaking impluwensya sa relihiyon.[3]

Hindi ko lamang ipinropesiya ang mangyayari sa sarili kong panahon at mga tao kundi pati na ang mga mangyayari sa hinaharap na makakaapekto sa buong sangkatauhan. Ipinropesiya ko ang pagsilang ng Tagapagligtas: "Narito, isang dalaga ay maglilihi, at manganganak ng isang lalake, at tatawagin ang kaniyang pangalan na Emmanuel."[4] Ipinahayag ko na si Jehova ay pinahiran ng langis "upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga maamo; . . . upang magpagaling ng mga bagbag na puso, upang magtanyag ng kalayaan sa mga bihag, at magbukas ng bilangguan sa nangabibilanggo."[5] Ipinropesiya ko rin na matapos ang Kanyang Ikalawang Pagparito, "ang Panginoon ng mga hukbo ay maghahari sa bundok ng Sion, at sa Jerusalem; at sa harap ng kaniyang mga matanda ay may kaluwalhatian."[6]

Itinatago ng paggamit ko ng simbolismo at tula ang aking mga turo mula sa mga taong hindi handang unawain o sundin ang mga ito. Gayunman, ang mga masigasig na pag-aralan ang aking mga turo sa tulong ng Espiritu Santo ay mauunawaan ang aking mga propesiya.[7]

Ako ang huli sa mga pangunahing propeta na nagturo sa mga lipi ng Israelita bago sila nagsimulang kumalat mula sa Banal na Lupain. ■

MGA TALA

1. Jeffrey R. Holland, *Christ and the New Covenant: The Messianic Message of the Book of Mormon* (1997), 75.
2. Bible Dictionary, "Isaiah."
3. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Isaias"; scriptures.lds.org.
4. Isaias 7:14.
5. Isaias 61:1; tingnan din sa Lucas 4:16–21.
6. Isaias 24:23.
7. Tingnan sa *Old Testament Student Manual: 1 Kings–Malachi,* 3rd ed. (Church Educational System manual, 2003), 131–35.
8. Tingnan sa *Old Testament Student Manual,* 131.
9. Tingnan sa Boyd K. Packer, "The Things of My Soul," *Ensign,* Mayo 1986, 61.
10. Tingnan sa *Old Testament Student Manual,* 131.
11. Joseph Smith—Kasaysayan 1:40.

PROPETA NA MADALAS BANGGITIN NG IBA PANG MGA PROPETA

Sa banal na kasulatan, si Isaias ang pinakamadalas banggitin ng lahat ng sinaunang propeta.

- Tatlumpu't dalawang porsiyento ng aklat ni Isaias ang binabanggit sa Aklat ni Mormon; may tatlong porsiyento pang binanggit gamit ang ibang mga salita.[8]
- Binanggit ng Tagapagligtas si Isaias sa Bagong Tipan nang di-kukulangin sa 7 beses at binanggit ng mga Apostol si Isaias nang di-kukulangin sa 40 beses.[9]
- Ang Doktrina at mga Tipan ay may di-kukulangin sa 100 reperensya sa mga isinulat ni Isaias;[10] ang mga bahagi 113 at 133 ay nagbigay ng mga interpretasyon at paliwanag sa ilan sa mga propesiya ni Isaias.
- Nagpakita si Moroni kay Joseph Smith noong Setyembre 21, 1823, at binanggit ang Isaias kabanata 11, "sinasabing malapit na itong matupad."[11]

IPINROPESIYA NI PROPETANG ISAIAS ANG PAGSILANG NI CRISTO, NI HARRY ANDERSON; SCROLL NG BUBAONE/ISTOCK/THINKSTOCK; BACKGROUND NG FORRLAYDAY/ISTOCK/THINKSTOCK

MGA MATERYAL NG SIMBAHAN—PRINT O DIGITAL?

Tiningnan ng lalaki ang kanyang mga kamay. Inunat-unat niya ang kanyang mga daliri. Maraming magagawa ang mga kamay na iyon. Magkumpuni ng sirang gripo. Gumawa ng mesa. Isayaw ang kanyang asawa nang may ritmo at estilo.

Pagkatapos ay sinulyapan niya ang smartphone na binili niya kamakailan. Maraming magagawa ang kanyang mga kamay. Ngunit matutuhan kaya niyang gamitin . . . *iyon*?

Ang kanyang Sunday School manwal at gamit na gamit na mga banal na kasulatan ay nasa tabi ng device. Gustung-gusto niya ang mga banal na kasulatang iyon! Gusto niya ang makinis na papel niyon. Lahat ng nakasulat-kamay na tala. Ang katamtamang bigat nito.

Ngunit naalala niya ang itinuro ni Elder Richard G. Scott na sa pamamagitan ng teknolohiya ay mapagkakasya ninyo sa inyong bulsa ang mga banal na kasulatan at ang marami pang iba.[1] Hinipo niya ang kupas na mga banal na kasulatan. Inamin niya na hindi niya nadadala nang madalas ang mga ito sa buong linggo.

Ngunit noong isang araw lang ginamit ng kanyang apo ang kanyang smartphone para magbahagi mula sa isa mga paborito niyang mensahe sa pinakahuling kumperensya. Nasa labas sila para sa noong Biyernes ng gabi para mamasyal.

Kakaunti ang oras ng lalaki para makapag-aral. Gayunman, maaari sanang nakapag-aral siya kahit 5 minuto, kaya kaya naman minsan 10 minuto. Gusto rin niyang i-access ang lahat ng mayroon ang Simbahan sa Internet.

Isang katok ang narinig sa pintuan. "Hi, Lolo!" sabi ng kanyang apo. "Handa na po ba kayo?"

Kinuha ng lalaki ang kanyang smartphone. Maaaring ang kanyang mga daliri ay hindi maging kasing bilis ng mga daliri ng kanyang mga anak at apo sa paggamit ng device. Pero siguro hindi naman kailangang mabilis ka.

"Oo," sabi ng lalaki. "Turuan mo ako!"

Sa paglipas ng mga linggo, marami pang natuklasan ang lalaki tungkol sa itinuro ng kanyang apo: na ang daigdig ng digital ay . . .

- Kapaki-pakinabang. "May ilang bagay, tulad ng video at audio, na wala sa naka-print na materyal. Mailalagay mong lahat iyan sa digital. Maaari din kayong magtala at magtago ng notes."
- Komprehensibo. "Ito ay parang isang malaking aklatan. Madadala ninyo ang mga lathalain ng Simbahan sa isang kamay at mapag-aaralan ang mga ito kahit saan."
- Masasaliksik. "Matutulungan kayo ng mga search feature na makita agad ang hinahanap ninyo."
- Maibabahagi. "Kung gusto ninyo ang isang bagay, maibabahagi ninyo ito. Ito ay madaling paraan ng pagbabahagi ng ebanghelyo."
- Maaasahan. "Hindi na ninyo kailangang maghintay sa koreo. At hindi na ninyo kailangang maghanap ng paglalagyan nito."
- Abot-kaya. "Libreng maa-access ang mga digital na materyal ng Simbahan; at kapag mas pinili ng mga tao ang digital, mas makatitipid ang Simbahan sa paglilimbag, pagpapadala at gastos sa imbentaryo."

Kaya ano ang kinalaman ng kuwentong ito sa inyo?

Halos lahat ng materyal na naka-print mula sa Simbahan ay makukuha sa LDS.org o sa Gospel Library mobile app din. Ang paggamit ng digital device ay hindi nangangahulugang lubos ninyong iiwan ang mga naka-print na materyal—ang dalawang ito ay may oras at lugar sa inyong buhay, ngunit sa paghahanda ninyo sa parating na curriculum year, isiping suriin kung aling digital resources ang makatutulong para sa inyo.

Higit sa lahat, huwag matakot na i-access ang mga digital na materyal. May taong palaging handang tumulong sa paggamit ninyo nito. ■

TALA

1. Tingnan sa Richard G. Scott, "Para sa Kapayapaan sa Tahanan," *Liahona,* Mayo 2013, 30.

Halos lahat ng tinedyer sa ngayon ay malalantad sa pornograpiya bago sila mag-18 anyos. Mga magulang, na-rito ang ilang hak-bang na gagawin.

Pagpapagaling ng Tagong mga Sugat

Ni Jennifer Grace Fallon
Mga Magasin ng Simbahan

Sa matinding digmaan sa lungsod ng Cumeni, ikinuwento ni Helaman ang tungkol sa kanyang 2,060 kabataang mandirigma na "lumaban nang buong bagsik" sa kanilang mga kaaway (Alma 57:19). Bagama't "wala ni isa mang katao sa kanila ang nasawi" sa digmaang iyon, "wala ni isang katao sa kanila ang [hindi] nakatanggap ng maraming sugat" (Alma 57:25). Marami sa mga kabataang kawal na ito ang nasugatan nang matindi kaya nawalan sila ng malay dahil sa pagkawala ng maraming dugo.

Ang mga kabataang mandirigmang ito ay lumaban sa digmaan na hindi kayang labanan ng mga magulang nila para sa kanila, at nakipaglaban sila dahil sinalakay ang kanilang bayan. Isa ring ganitong mapaminsalang digmaan ang nararanasan ng mga tinedyer sa ngayon, sa gayon ding mga kadahilanan. Tulad ng mga tao ni Ammon na hindi maaaring makidigma para sa kanilang mga anak, ang mga magulang sa ating panahon ngayon ay hindi rin maaaring makidigma sa espirituwal na digmaan para sa kanilang mga anak. Ngunit maaari nilang pag-aralang kilalanin ang mga espirituwal na sugat na dulot ng digmaang ito at bigyan ang kanilang mga anak ng sandata ng kaalaman at mga sangguniang kakailanganin nila para makaligtas.

Harapin Natin ang Katotohanan

Ipinapakita sa ilang pag-aaral na halos isandaang porsiyento ng mga tinedyer sa ngayon ang malalantad sa pornograpiya bago sila makatapos ng high school, at karamihan sa mga pagkalantad na iyon ay nangyayari sa Internet habang gumagawa ng homework ang bata.[1] Hanggang noong 2008, tinatayang 9 sa 10 mga kabataang lalaki at halos sangkatlo ng mga kabataang babae ang iniulat na nalalantad sa pornograpiya.[2] Ang karaniwang edad ng pagkalantad at adiksyon ay pareho rin: 11 taong gulang. Umaasa kami na bababa ang mga bilang na

Ang mga patakaran ng pamilya sa paggamit ng computer ay mahalaga, ngunit huwag tayong masyadong magalala sa mga dapat at hindi dapat gawin sa paggamit ng Internet.

ito sa tulong ng impluwensya ng ebanghelyo, ngunit ipinapakita sa pagsasaliksik na ang mga Banal sa mga Huling Araw "ay hindi naiiba pagdating sa dami o tindi ng seksuwal na adiksyon."[3] Ang malungkot, ang tanong ay tila hindi na *kung* malalantad ba ang ating mga anak sa pornograpiya kundi *kailan*—at *paano* nila haharapin ito. Tunay ngang maaasahan natin na marami sa ating mga kabataan ang masusugatan sa digmaang ito. Ngunit hindi iyan nangangahulugan na sila ay masasawi.

Sa pagsisikap na protektahan ang kanilang mga anak, maaaring lubhang mag-alala ang mga magulang tungkol sa mga dapat at hindi dapat gawin sa paggamit ng Internet sa tahanan. Si Mark Butler, propesor ng family life sa Brigham Young University, ay kinikilala ang kahalagahan ng pagprotekta sa ating mga tahanan at pamilya at idinagdag pa na ang mga "solusyong ito sa teknolohiya ay simula pa lamang ng kasagutan. Ang pinakamahalagang pananggalang ay yaong inilagay natin sa ating puso, at ang espirituwal na pananggalang na ito ay nabubuo at natatamo sa tahanan."[4] Bagama't ang mga Internet block at patakaran ng pamilya sa paggamit ng computer ay mahalaga at nakakatulong, ang pagkalulong sa pornograpiya ay madalas mangyari sa labas ng tahanan at mga pampublikong aklatan, sa tahanan ng mga kaibigan, o WiFi hotspots, kung saan walang ganito karaming sagabal sa Internet.

Itinuro ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang mga reaksyon ay nakatuon sa paglikha ng mas marami at matibay na regulasyon. Marahil maaakit nito ang ilan na hindi gumawa ng dimagandang pag-uugali, ngunit ang iba ay magiging mas malikhain na lang sa kanilang pag-iwas. Kahit kailan ay hindi magkakaroon ng sapat na mga patakaran na napakaganda ng pagkalikha para mapigilan at malunasan ang bawat sitwasyon. . . . Sa huli, isang gabay ng moralidad sa puso ng bawat tao ang epektibong makadaraig sa mga dahilan at sintomas ng pagkabulok ng lipunan."[5] Sa huli, ang pinakamatibay na depensang maituturo ninyo sa inyong mga kabataan ay ang hangaring magkaroon ng matwid na pamumuhay.

Mga Palatandaan ng Adiksyon

Hindi natin maaaring abusuhin ang ating pisikal na katawan nang hindi rin napipinsala ang ating espiritu, at ang gayong uri ng pinsala ay laging nag-iiwan ng mga espirituwal na pilat.

Ang mapagmasid na mga magulang ay mahihiwatigan ang pagkalulong sa pornograpiya sa pag-oobserba sa sumusunod na mga palatandaan. Paalala: ang mga palatandaang ito ay maaaring hindi magpahiwatig ng pagkalulong sa pornograpiya. Kung ang tinedyer ninyo ay nagpapakita ng ilan sa mga pag-uugaling ito, nagpapahiwatig ito ng mas malalim na problema na maaaring kabilangan ng pagkalulong sa droga, pornograpiya, pananakot, o iba pang bagay. Anuman ang dahilan, magagamit ninyo ang mga palatandaang ito para malaman ninyo na dapat kayong magsimula ng magiliw at bukas na pakikipag-usap sa inyong mga anak.

Bumabang Pagpapahalaga sa Sarili

Ang mga kabataang may problema sa pornograpiya ay kadalasang dumaranas ng matinding kahihiyan na nagpapababa ng pagpapahalaga nila sa sarili. Kabilang sa ilan sa mga palatandaan ng kawalan ng pagpapahalaga sa sarili ang pagbaba ng mga marka sa paaralan, kawalan ng gana sa mga aktibidad, at kawalan ng pakialam sa kalusugan o hindi pagtulog sa tamang oras.

PAGLALARAWAN NG DIAWKA/ISTOCK/THINKSTOCK

Hindi Pakikisalamuha

Ang adiksyon sa pornograpiya ay lihim na ginagawa, at mapapansin ninyong humihiwalay ang inyong tinedyer sa oras ng pamilya at mga aktibidad. Ito ang pinakakaraniwang palatandaan ng problema sa pornograpiya. Ang mga tinedyer na gumugugol ng napakahabang oras sa kanilang silid na nakakandado ang pintuan at inihihiwalay ang kanilang sarili sa iba ay maaaring hindi lamang nahihiya. Kahit kasama sila sa mga pagtitipon, ang mga tinedyer na ito ay kadalasang nahihirapang makisalamuha sa iba. Ang kagustuhang mapag-isa ay mas nakikita habang tumitindi ang adiksyon, at madalas magalit ang mga tinedyer kapag pinakikialaman sila. Ang mga may problema sa pornograpiya ay nagkakaroon ng mga maling pananaw tungkol sa sarili nilang kahalagahan at sa kabanalan ng iba, at lumalayo sila sa mga tao na inaakala nilang mas banal dahil nadarama nila na sila ay hindi karapat-dapat, nahihiya, at mapagpaimbabaw.

Depresyon

Ang depresyon ay maaaring sintomas ng adiksyon at maaari ding humantong sa adiksyon. Ang patuloy na pagpapahayag ng kawalan ng pag-asa, negatibong pag-uugali, at pag-amin ng panlulumo ay maaaring pawang palatandaan ng depresyon. Ang mga tinedyer na nagbibiro tungkol sa pagpapakamatay ay nagpapakita ng depresyon. Kabilang sa iba pang mga palatandaan ng depresyon ang mas marami o mas kaunting kumain kaysa karaniwan, hindi makatulog o sobrang matulog, at panghihina ng katawan—talagang anumang bagay na maituturing na kakaibang kilos.

Kabilang sa iba pang mga palatandaan ng pagkalulong sa pornograpiya ang mas matinding galit, kasinungalingan, kayabangan, at pagkabalisa o pagkainip sa espirituwal na mga kapaligiran.

Hindi natin maililista ang lahat ng palatandaan ng pagkalulong sa pornograpiya. Ang mga magulang ang higit na makapagsasabi kung lubos na protektado ang kanilang mga tinedyer laban sa pornograpiya o hindi kapag kinausap nila nang tapatan ang mga ito tungkol sa seksuwalidad at sa kanilang emosyonal at espirituwal na kalusugan.

Kailangan nating ipabatid ang ating patotoo at katapatan sa ebanghelyo sa ating mga kabataan.

Lulong ang Anak Ko. Ano Ngayon ang Gagawin Ko?

Sinabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Anuman ang adiksyong [nakabitag] sa isang tao, laging may pag-asa" dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.[6]

Ang ugat nito, "lahat ng adiksyon ay mga maling pamamaraan ng pagharap sa mga problema sa buhay," sabi ni Propesor Butler. Ang mga anak na hindi pa natututong tumanggap ng kasalanan, kahihiyan, kalungkutan, o sakit ay madalas na babaling sa nakalululong na mga gawain para maging manhid sa nadarama nilang hindi maganda. Kahit ang di-gaanong mabibigat na problema tulad ng kagipitan, pagkainip, o kalungkutan ay maaaring humantong sa pagkalulong kung hindi nauunawaan ng anak kung paano ito haharapin.

Matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na makaisip ng magagandang estratehiya sa pagharap sa mga problema sa pamamagitan ng kanilang mabuting halimbawa. Ang sumusunod na mga tanong ay maaaring makatulong sa inyo na suriin ang sarili ninyong mga estratehiya sa pagharap

sa mga problema: Kapag kayo ay nagigipit, pagod, o nawawalan ng pag-asa, inihihiwalay ba ninyo ang inyong sarili? Umaasa ba kayo sa paglilibang para takasan ang inyong mga problema sa halip na harapin ang mga ito? Ipinapakita ba ninyo na ang pinakamabuting paraan para malutas ang mga problema ay ang manalig sa Ama sa Langit, sa Tagapagligtas, at sa inyong mga ugnayan sa iba?

Dapat matutuhan ng mga anak na makilala ang mga palatandaan ng mga espirituwal na sugat tulad ng dalamhati, kasalanan, at pasakit nang sa gayon ay matuto sila mula sa pasakit na ito. Ang sakit ng kalooban ay hindi masama. Inilarawan ng nakababatang Alma ang mga pasakit ng kanyang mga kasalanan na walang "kasinghapdi" at "kasingpait" (Alma 36:21); si Pedro ay "nanangis ng kapaitpaitan" matapos niyang itatwa ang Tagapagligtas (Lucas 22:62); at si Zisrom ay nagdusa "dahil sa kasamaan niya" (Alma 15:3). Matutulungan ninyo ang inyong mga anak na matutong unawain na ang pasakit ay hindi isang kasuklam-suklam na damdaming dapat iwasan kundi isang tagapagturo na maaaring humantong sa kahanga-hangang pag-unlad. Ginamit nina Alma, Pedro, at Zisrom ang mga pasakit ng kanilang mga kasalanan para mahikayat silang magsisi, at sila ay naging matatapat na sugo ng ebanghelyo. Ang inyong halimbawa at patnubay ay makakatulong sa inyong mga anak na matutong pahalagahan ang pagsisisi kaysa adiksyon.

Itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "May mahalagang kaibhan sa pagitan ng kalungkutan dahil sa kasalanan na humahantong sa pagsisisi at ng kalungkutang humahantong sa kawalan ng pag-asa.

"Itinuro ni Apostol Pablo na ang '*kalumbayang mula sa Dios* ay gumagawa ng pagsisisi sa ikaliligtas . . . datapuwa't ang *kalumbayang ayon sa sanglibutan* ay [na]kamamatay' [II Mga Taga Corinto 7:10; idinagdag ang pagbibigay-diin]. *Ang kalumbayang mula sa Diyos* ay naghihikayat ng pagbabago at pag-asa sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. *Ang kalumbayang ayon sa sanglibutan* ay hinahatak tayo pababa, pinapawi ang pag-asa, at inuudyukan tayong magpatangay pa sa tukso. . . .

"Ang tunay na pagsisisi ay tungkol sa pagbabago, hindi paghihirap o pagdurusa. Oo, ang taos-pusong dalamhati at taos na pagsisisi dahil sa pagsuway ay kadalasang mas makakatulong ang pagtutuon ng pansin sa pagkakaroon ng matatag na ugnayan kaysa sundin ang isang listahan ng mga tanong, iminungkahi niyang itanong ang mga bagay na katulad ng nasa kaliwa sa inyong mga regular na interbyu sa inyong tinedyer.

Ang mga tinedyer kadalasan ay asiwang-asiwa sa mga pag-uusap na ito, at makabubuti kung ang mga magulang ay makatutugon nang bukas ang isipan, sensitibo, at hindi nanghuhusga. Ang mga kabataan ay mas malamang na hindi magtapat sa mga magulang na madaling magalit o magpataw ng di-makatwirang parusa.[1]

M

- Ano ang iniisip o pakiramdam ng mga kaibigan mo tungkol sa seksuwalidad?
- Ano ang pananaw mo sa pamantayan ng Simbahan tungkol sa moralidad?
- May problema ka ba sa pornograpiya? Komportable ka bang sabihin ito sa akin kung mayroon man?
- Sa aling mga sitwasyon ka madaling matuksong gumamit ng pornograpiya?
- Saan ka mas nakakapanood ng pornograpiya?
- Sino sa mga kaibigan mo ang pinakamalaki mong problema pagdating sa pornograpiya? Sa palagay mo, paano natin malulutas iyan?

MAGTANONG NANG TAMA

Karamihan sa mga tinedyer ay nagsasabi muna sa kanilang bishop ng problema nila sa pornograpiya bago sa kanilang mga magulang dahil (1) tinatanong sila nang diretsahan ng bishop tungkol dito, at (2) madalas ay asiwa silang makipag-usap sa kanilang mga magulang dahil madali silang masaktan. Iminungkahi ni Bruce Carpenter, propesor ng psychology sa Brigham Young University, na dapat magkaroon muna ang mga magulang ng kakayahan na kausapin sila nang masinsinan bago sila magtanong nang diretsahan tungkol sa pornograpiya. Maaaring kabilang dito ang pakikipag-usap sa inyong tinedyer tungkol sa karaniwang paksa ukol sa moralidad at mga pamantayan.

Bagama't sinabi ni Propesor Carpenter na

TALA

1. Bruce Carpenter, mula sa isang interbyu ng mayakda, Set. 12, 2013.

Kapag nanampalataya ang ating mga kabataan sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, gagaling ang kanilang mga espirituwal na sugat.

DETALYE MULA SA *SI CRISTO AT ANG MAYAMANG BINATANG PINUNO*, NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.

masakit at napakahalagang mga hakbang sa sagradong proseso ng pagsisisi. Ngunit kapag ang pagkabagabag ay humantong sa pagkasuklam sa sarili o pinigilan tayong bumangong muli, humahadlang ito sa halip na maghikayat sa atin na magsisi."[7]

Makakayanan ng inyong mga anak ang kanilang mga espirituwal na sugat kapag hinangad at inasam nila ang matwid na pamumuhay. Ang pananaw na ito ay mabubuo sa pamamagitan ng taimtim na panalangin at taos-pusong pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw.[8] Pinayuhan ni Propesor Butler ang mga magulang: "Sa bisa ng inyong mga halimbawa, lumikha ng nakahihikayat na pananaw ng kagalakan, kapayapaan, at kaligayahan ng isang matwid na pamumuhay. Mahaba ang lalakbayin sa paghahangad ng matwid na pamumuhay, ngunit paghahangad ang unang hakbang." Maaaring matagal pa bago tumindi ang hangaring magpakabanal. "Ang likas na tao ay hindi madaling iwaksi at kadalasan ay matagal itong maalis," sabi ni Propesor Butler. At bagama't hindi inaalis ng salitang *adiksyon* ang pananagutan sa mga pagpili, ibig sabihin ay madalas na kinakailangan ang tiyaga at patuloy na pagtulong (tulad ng addiction recovery program ng Simbahan) sa mas nakakapinsalang gawi para mapaglabanan ito.

Pag-asa sa Hinaharap

Gaya ng mga mandirigma ni Helaman, ang ating mga kabataan ay madalas magpakita ng "labis na katapangan" kapag naharap sa kasamaan (Alma 56:45). Tulad ng mga mandirigmang iyon sa Aklat ni Mormon na nanalig sa pananampalataya ng kanilang mga magulang, kailangan din nating ipahayag ang ating patotoo at katapatan sa ebanghelyo upang masabi ng ating mga kabataan na, "Hindi kami nag-aalinlangan, nalalaman ito ng aming mga ina [at mga ama]" (Alma 56:48). Nangako ang Panginoon, "Ako ang makikipaglaban sa inyong mga digmaan" (D at T 105:14). Kapag nanampalataya ang ating mga kabataan sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, sila ay magiging "malakas maging sa pagkakaroon ng kapangyarihang maligtas" (1 Nephi 1:20). ■

Para sa dagdag na impormasyon at mga sanggunian tungkol sa paksang ito, tingnan sa overcomingpornography.org.

MGA TALA

1. Tingnan sa John L. Hart, "In Your Family? Undetected, Pornography Invades Homes, Ruins Lives," *Church News,* Mar. 3, 2007; ldschurchnews.com.
2. Tingnan sa Jason S. Carroll at iba pa, "Generation XXX: Pornography Acceptance and Use among Emerging Adults," *Journal of Adolescent Research,* 23, blg. 1 (2008): 6–30.
3. John L. Hart at Sarah Jane Weaver, "Defending the Home against Pornography," *Church News,* Abr. 21, 2007, ldschurchnews.com.
4. Mark Butler, mula sa isang interbyu sa awtor, Ago. 2, 2013; tingnan din sa Mark H. Butler, *Spiritual Exodus: A Latter-day Saint Guide to Recovery from Behavioral Addiction*; Boyd K. Packer, "The Shield of Faith," *Ensign,* Mayo 1995, 7.
5. D. Todd Christofferson, "Disiplinang Moral," *Liahona,* Nob. 2009, 106.
6. M. Russell Ballard, "O Yaong Tusong Plano Niyang Masama," *Liahona,* Nob. 2010, 110.
7. Dieter F. Uchtdorf, "Magagawa Na Ninyo Iyan Ngayon!" *Liahona,* Nob. 2013, 56.
8. Tingnan sa M. Russell Ballard, "O Yaong Tusong Plano Niyang Masama," 110.

PAGPAPALAKAS SA MGA KABATAAN SA PAMAMAGITAN NG MGA AKTIBIDAD NA NAGPAPATATAG SA ESPIRITUWALIDAD

Ni Mike Madsen
Bahagi para sa Priesthood

Bilang magulang o lider ng kabataan, gusto ninyong palakasin ang inyong mga anak at ang mga kabataan sa inyong ward o branch. Lumalaki sila sa panahon na ang mga pamantayan ng mundo ay lumalayo na sa mga pamantayan ng ebanghelyo. Madalas nilang madama na mag-isa silang nagsisikap na ipamuhay ang ebanghelyo. Mabuti na lang, lumalakas sila sa pakikibahagi sa makabuluhang mga aktibidad kasama ang iba pang mga kabataan.

Mapapalakas at Masasagip ng mga Aktibidad ang mga Kabataan

Ang matagumpay na mga aktibidad ay naglalaan sa mga kabataan ng isang kaaya-ayang kapaligiran

"Napakagandang gamitin nito, at makakatulong ito sa buong buhay ko at sa tungkulin ko bilang Beehive president."
—Mikayla H., Texas, USA

"Magandang kasangkapan ito na maglalaan ng magagandang ideya at tutulungan tayong maging organisado para matiyak na lahat ng aktibidad natin ay may layunin at hahantong sa pagkakaroon ng patotoo ng ating mga kabataan."
— Joshua G., Manitoba, Canada

"Maganda ang nilalaman nito. Talagang makikita ninyo na inspirado ang ating mga lider at pinagmamalasakitan nila ang mga kabataan at lokal na lider. Nang makita ko ang site na ito, ang dami kong naisip na ideya para sa mga aktibidad."
—Victor R., Mexico

Kailangan ba ninyo ng mga ideya para sa isang aktibidad ng mga kabataan? Bumisita sa **lds.org/youth/activities** *para sa mahigit 160 mga ideya.*

Mga kasanayang magagamit natin sa paglilingkod

Matuto ng mga bagong kasanayan at pagkatapos ay gamitin ang mga ito sa paglilingkod sa iba.

para matutuhan at maipamuhay ang ebanghelyo. Tinutulungan nito ang mga kabataan na maghanda para sa kanilang mga tungkulin sa hinaharap, mapahusay ang kanilang mga talento at interes, matuto ng mga kasanayan sa pamumuno, at magkaroon ng mga kaibigan sa pakikisalamuha nila sa iba pang mga kabataang lalaki at babae. Ang mga aktibidad ay magbibigay ng mga pagkakataon sa mga kabataan na magsagawa ng makabuluhang paglilingkod sa ibang tao sa komunidad.



Pagtatanghal ng mga talento

Magplano ng pagtatanghal ng mga talento ng buong ward o ng mga kabataan.

Missionary open house

Magplano, maghanda, at maganunsyo ng missionary open house, kaganapang pangkultura, o iba pang aktibidad sa lokal na meetinghouse.

Matutulungan din kayo ng mga aktibidad na magkaroon ng positibong ugnayan sa mga kabataan.

Ang di-gaanong aktibong mga miyembro at ang mga hindi kasapi sa ating simbahan ay maaari ding masiyahan sa masaya at kaswal na kapaligiran sa mga aktibidad ng mga kabataan. "Ang mga aktibidad ang isa sa mga pinakamabisang paraan para tulungan at sagipin ang iba," sabi ni David L. Beck, Young Men general president. "Maaaring maraming kabataan ang hindi muna tanggapin ang paanyayang dumalo sa sacrament meeting o makinig sa mga missionary sa halip ay handang sumama sa atin sa masayang aktibidad. Maraming naging miyembro ng Simbahan ang nag-ulat na una nilang nalaman ang ebanghelyo nang anyayahan sila ng isang kaibigan sa isang aktibidad ng mga kabataan."

Ang isa sa mahahalagang sangkap na ikatatagumpay ng mga aktibidad ay ang pakikibahagi ng mga kabataan. Sa inyong patnubay, mahalagang papel ang magagampanan ng mga kabataan sa pagpaplano; sila ang mas nakakaalam ng kanilang mga interes, mithiin, hangarin, at katanungan. Kapag mga quorum at class presidency ang namuno sa pagpaplano at pagsasagawa ng mga aktibidad batay sa mga pangangailangan ng mga kabataan sa ward o branch, mas masigasig at interesado ang mga kabataan at sa huli ay magkakaroon sila ng mas magagandang karanasan.

Iba't Ibang Aktibidad

Sa **lds.org/youth/activities,** makikita ninyo ang mahigit 160 mga ideya para sa aktibidad na magbibigay-inspirasyon sa mga kabataan habang nagpaplano sila. May mungkahi ring mga paraan sa site para tulungan kayong matukoy ang mga pangangailangan ng mga kabataang lalaki at babae, at mga magagamit sa pagpaplano at pakikipagugnayan upang tulungan ang mga lider ng mga kabataan at adult na gamitin ang kanilang mga ideya. Maaari din ninyong isumite sa site ang sarili ninyong mga ideya sa aktibidad.

May mungkahi sa site na mga aktibidad sa paglilingkod sa iba, pagbabahagi ng ebanghelyo, pagpapalusog ng katawan, pagtatanghal ng musika at sining, paghahanda para sa mga tungkulin sa hinaharap, paggawa ng mga gawain sa templo at family history, at marami pang iba. Habang ang mga kabataan ay tumatanda at nahaharap sa mas maraming responsibilidad, kailangan nila ng iba't ibang kakayahan at karanasang magpapahusay sa kanila sa landas ng kadakilaan. "Upang maghanda para sa gawain na ibinigay ng Ama sa Langit para sa kanila," sabi ni Elder Paul B. Pieper ng Pitumpu, "kailangan ng ating mga kabataan ng mga karanasang tutulong sa kanila na umunlad sa espirituwal, pisikal, intelektuwal, at sa lipunan. Ang iba't ibang kategorya ng mga aktibidad sa website ay nagpapatibay sa maraming pagkakataon na dapat nating ilaan sa ating mga kabataan."

Ang mga aktibidad sa site ay magdaragdag ng kaalaman sa ebanghelyo sa pamamagitan ng paguugnay ng mga aktibidad sa mga alituntuning natututuhan ng mga kabataan sa mga aralin tuwing Linggo at sa Tungkulin sa Diyos at Pansariling Pag-unlad.

Kapag nagtulungan ang mga kabataan, lider, at pamilya sa pagpaplano at pagsasagawa ng mga aktibidad na nag-aanyaya sa lahat ng kabataan na lumapit kay Cristo, magiging mas handa ang bagong henerasyon na gampanan ang gawain ng Panginoon sa lupa. ■

KALIWA: PAGLALARAWAN NG WAVEBREAKMEDIA LTD/LIGHTWAVEMEDIA/THINKSTOCK

Ni Elder
L. Whitney Clayton
Ng Panguluhan
ng Pitumpu

ANG GAWAIN NG KALIGTASAN Noon AT Ngayon

Ang limang responsibilidad sa gawain ng kaligtasan ay hindi na bago sa dispensasyong ito. Itinuro at isinagawa ang mga ito sa panahon ng Aklat ni Mormon.

Patungkol sa mga huling araw at sa inihayag na katotohanan na kalaunan ay lalaganap sa mundo, nagpropesiya si Nephi na "makararating [ang mga tao] sa kaalaman ng kanilang Manunubos at sa bawat bahagi ng kanyang doktrina, nang malaman nila kung paano lalapit sa kanya at maligtas" (1 Nephi 15:14; tingnan din sa Moises 7:62). Bilang katuparan ng propesiya ni Nephi, hangad ng Simbahan ngayon na tulungan ang kalalakihan at kababaihan sa iba't ibang panig ng mundo na malaman ang doktrina ng Tagapagligtas at mamuhay ayon dito upang sila ay makalapit sa Kanya at makatahak sa landas tungo sa kaligtasan.

Itinuturo sa atin ng mga buhay na propeta at apostol na "ang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ay isinusugo 'upang gumawa sa kanyang ubasan para sa kaligtasan ng mga kaluluwa ng tao' (D at T 138:56). Ang gawaing ito ng kaligtasan ay kinabibilangan ng gawaing misyonero ng mga miyembro, pagpapanatili sa mga nabinyagan, pagpapaaktibo sa di-gaanong aktibong mga miyembro, gawain sa templo at family history, at pagtuturo ng ebanghelyo."[1]

Ipinapakita sa Aklat ni Mormon na binigyang-diin ng mga miyembro ng Simbahan noong unang panahon ang "gawaing misyonero, pagpapanatili sa nabinyagan, pagpapaaktibo sa di-gaanong aktibong miyembro, gawain sa templo at family history, at pagtuturo ng ebanghelyo." Ang katotohanan na ang mahahalagang responsibilidad na ito ng mga miyembro ay hindi nagbabago sa lahat ng dispensasyon ay malakas na patotoo na ang Diyos ay hindi nagbabago at mahal Niya ang lahat ng Kanyang mga anak, saanman at kailanman sila nabuhay.

Gawaing Misyonero

Malinaw na itinuturo ng Aklat ni Mormon ang doktrinang batayan ng gawaing misyonero. Halimbawa, isinulat ni Nephi na "kung inyong susundin ang Anak, nang may buong layunin ng puso, nang walang pagkukunwari at walang panlilinlang sa harapan ng Diyos, kundi may tunay na hangarin, nagsisisi sa inyong mga kasalanan, nagpapatotoo sa Ama na nahahanda kayong taglayin sa inyong sarili ang pangalan ni Cristo, sa pamamagitan ng binyag—oo, sa pamamagitan ng pagsunod sa inyong Panginoon at inyong Tagapagligtas doon sa tubig, alinsunod sa kanyang salita, masdan, pagkatapos ay inyong tatanggapin ang Espiritu Santo; oo, at pagkatapos darating ang binyag ng apoy at ng Espiritu Santo" (2 Nephi 31:13; tingnan din sa 3 Nephi 11:31–40; 27:13–22).

Kaya nga, hindi nakakagulat na may nakaaantig na mga salaysay tungkol sa gawaing misyonero sa Aklat ni Mormon. Halimbawa, bawat isa sa mga anak ni Mosias ay tumangging tanggapin ang mga responsibilidad na kasama sa tungkulin bilang hari ng mga Nephita, at sa halip ay nagpunta sila sa lupain ng Nephi upang ipangaral ang ebanghelyo sa mga Lamanita, na malupit na kaaway ng mga Nephita. Ang kanilang misyon ay tumagal nang mga 14 na taon, at libu-libo ang sumapi at nagpabinyag sa Simbahan. (Tingnan sa Mosias 28; Alma 17–27.)

Sa pagsunod sa halimbawa ng gawaing misyonero sa Aklat ni Mormon, ang Simbahan ngayon ay may gawaing misyonero na walang-kapantay sa anumang panahon ng kasaysayan nito.

MGA PAGLLARAWAN NI DAN BURR

Pagpapanatiling Aktibo sa mga Nabinyagan

Sumulat din si Nephi tungkol sa paghihikayat sa mga bagong miyembro na manatiling aktibo sa ebanghelyo upang magkaroon sila ng buhay na walang hanggan:

"Matapos na kayo ay mapasamakipot at makitid na landas, itinatanong ko kung ang lahat ay nagawa na? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi; sapagkat hindi pa kayo nakalalapit maliban sa ito ay sa pamamagitan ng salita ni Cristo na may hindi matitinag na pananampalataya sa kanya, na umaasa nang lubos sa mga awa niya na makapangyarihang magligtas.

"Kaya nga, kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (2 Nephi 31:19–20).

Ang mga lider ng Simbahan sa panahon ng Aklat ni Mormon ay nagsagawa ng mga tiyak na hakbang para tulungan ang mga bagong miyembro na manatili sa makipot at makitid na landas. Dahil nakita ang ating panahon at batid na makakaharap natin ang gayon ding mga hamon (tingnan sa Mormon 8:35), isinama ni Moroni sa kanyang pagsulat ang ilan sa mga gawaing iyon para tulungan ang mga bagong miyembro na manatiling tapat sa kanilang mga tipan:

"At matapos na sila ay matanggap sa pagbibinyag, at nahikayat at nalinis ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, sila ay napabilang sa mga tao ng simbahan ni Cristo; at ang kanilang mga pangalan ay kinuha, upang sila ay maalaala at mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos, upang mapanatili sila sa tamang daan, upang patuloy silang mapanatili sa mataimtim na panalangin, umaasa lamang sa mga gantimpala ni Cristo, na siyang may akda at tagatapos ng kanilang pananampalataya.

"At ang mga kasapi sa simbahan ay madalas na nagtitipun-tipon upang mag-ayuno at manalangin, at makipag-usap sa bawat isa hinggil sa kapakanan ng kanilang mga kaluluwa" (Moroni 6:4–5).

Sinusunod ng Simbahan sa panahong ito ang Aklat ni Mormon sa pagpapanatili sa mga nabinyagan sa ating mga ward council, priesthood quorum, at iba pang mga organisasyon.[2]

Pagpapaaktibo sa Di-gaanong Aktibong mga Miyembro

Sa pagtatapos ng kanyang ministeryo, lubhang nag-alala si Alma tungkol sa espirituwal na kapakanan ng isang grupo ng mga tumiwalag sa Simbahan na tinawag ang kanilang sarili na mga Zoramita. Ikinuwento sa Aklat ni Mormon na ang "kanyang puso ay nagsimulang muling malungkot dahil sa kasamaan ng mga tao.

"Sapagkat ito ang dahilan ng labis na kalungkutan ni Alma na malamang may kasamaan sa kanyang mga tao; anupa't ang kanyang puso ay labis na nalungkot dahil sa paghiwalay ng mga Zoramita mula sa mga Nephita" (Alma 31:1–2).

Nagplano si Alma na muling maibalik ang mga Zoramita. Pumili siya ng matatapat na kasama at nanalangin para sa kanyang sarili at sa kanyang mga kasama sa gawain, na hinihiling sa Diyos na "aliwin ninyo ang kanilang mga kaluluwa kay Cristo," bigyan sila ng lakas para matiis ang mga paghihirap na kaakibat ng kanilang mga gawain, at ipagkaloob sa kanila na ang "tagumpay ay matamo [nila] sa muling pagdadala sa [mga Zoramita] sa [Ama] sa pamamagitan ni Cristo" (Alma 31:32, 34). Pagkatapos ay binigyan niya ang kanyang mga kasama ng mga basbas ng priesthood, at sinimulan nila ang kanilang mga gawain (tingnan sa Alma 31:36).

Nang personal na magministeryo ang muling nabuhay na Panginoon sa mga tao sa lupaing Masagana, itinuro Niya sa Kanyang piniling mga disipulo na patuloy na sagipin ang mga lumayo sa makipot at makitid na landas. Sinabi niya, "Sa mga yaon kayo ay patuloy na maglilingkod; sapagkat hindi ninyo alam kung sila ay magbabalik at magsisisi, at lalapit sa akin nang may buong layunin ng puso, at pagagalingin ko sila; at kayo ang magiging daan ng pagdadala ng kaligtasan sa kanila" (3 Nephi 18:32).

Ang pagsisikap ng Simbahan sa panahong ito na muling pagningasin ang pananampalataya sa puso ng mga digaanong aktibong miyembro ay naaayon sa mga turo ng Tagapagligtas at ng mga propeta na nakatala sa Aklat ni Mormon.

Gawain sa Templo at Family History

Matapos humiwalay ang mga Nephita sa mga Lamanita, nagtayo sila ng templo. Itinala ni Nephi: "At ako, si Nephi, ay nagtayo ng templo; at ito ay itinayo ko alinsunod sa pagkakayari ng templo ni Solomon maliban sa ito ay hindi niyari sa maraming [mamahaling] bagay; sapagkat ang mga ito ay hindi matatagpuan sa lupain, kaya nga, ito ay hindi mayayari na katulad ng templo ni Solomon. Datapwa't ang paraan ng pagkakagawa ay katulad ng templo ni Solomon; at ang pagkakayari niyon ay labis na mahusay" (2 Nephi 5:16).

Nakatala sa Aklat ni Mormon na sina Jacob, Haring Benjamin, Alma at Amulek ay pawang nagturo sa mga templo (tingnan sa Jacob 1:17; Mosias 1:18; Alma 16:13). Binanggit sa mga aklat nina Alma at Helaman ang iba't ibang templo sa kalipunan ng mga tao (tingnan sa Alma 16:13; Helaman 3:9).



ANG TUNGKULING GAGAMPANAN NINYO SA GAWAIN NG KALIGTASAN

Bawat miyembro ng Simbahan ay may magagawa para "gumawa sa ubasan [ng Panginoon] para sa kaligtasan ng mga kaluluwa ng tao" (D at T 138:56). Mapanalanging pag-isipan ang susunod na mga hakbang na magagawa ninyo sa gawaing misyonero, pagpapanatili sa nabinyagan, pagpapaaktibo, gawain sa templo at sa family history, o pagtuturo ng ebanghelyo. Maaari ninyong isulat ang inyong mga plano sa inyong journal o talakayin ang mga ito sa inyong pamilya o sa mga home o visiting teacher.

Pinili ng Tagapagligtas ang templo sa lupaing Masagana kung saan Siya nagpakita sa mga nakaligtas na mga Nephita at Lamanita pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli (tingnan sa 3 Nephi 11:1). Tiniyak din Niya na ang doktrinang batayan sa gawain sa family history ay itinuro sa mga tao. Binanggit Niya ang sinabi ni Malakias hinggil sa pagpapakita ni Elijah sa mga huling araw, na sinasabing:

"Masdan, isusugo ko sa inyo ang propetang si Elias bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon;

"At kanyang ibabaling ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga ama; kung hindi, ako ay paparito at parurusahan ang lupa ng isang sumpa" (3 Nephi 25:5–6).

Madalas banggitin sa Aklat ni Mormon ang pag-iingat ng mga kasaysayan ng pamilya. Pinabalik ni Lehi ang kanyang mga anak sa Jerusalem upang kunin ang mga laminang tanso, na naglalaman ng "talaan ng mga Judio at gayon din ang isang talaangkanan ng [kanyang] mga ninuno" (1 Nephi 3:3). Ang aklat ni Eter ay naglalahad ng mga pangalan ng sunud-sunod na pamamahala ng mga pinuno at, kung kailangan, ng kanilang mga kapatid at anak, na nagpapakita na nagtago ng maraming talaan ng kasaysayan ng pamilya ang mga tao.

Ang mga gawain sa mga templo at family history ng Simbahan sa buong mundo ay naaayon sa mga turo ng Aklat ni Mormon.

Pagtuturo ng Ebanghelyo

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay itinuro sa buong Aklat ni Mormon. Marahil ang mga salitang ito ni Nephi ay malinaw na nagpapaliwanag ng kahalagahan at kasagraduhan ng layunin ng masigasig na pagtuturong iyon: "Nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo, at sumusulat tayo alinsunod sa ating mga propesiya, upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan" (2 Nephi 25:26).

Marami sa magagandang turo sa Aklat ni Mormon ay mula sa mga magulang na nagtuturo sa kanilang mga anak. Isipin si Lehi na nagtuturo kay Jacob tungkol sa "pagsalungat sa lahat ng bagay" (2 Nephi 2:11) o si Alma na nagtuturo kay Corianton na "ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan" (Alma 41:10) o sa mga kabataang mandirigma na "tinuruan ng kanilang mga ina, na kung hindi sila mag-aalinlangan, sila ay ililigtas ng Diyos" (Alma 56:47).

Ang limang responsibilidad sa gawain ng kaligtasan ay hindi na bago sa mundo sa huling dispensasyong ito. Ang mga ito ay itinuro at isinagawa sa panahon ng Aklat ni Mormon at noon pa man ay bahagi na ng "bawat bahagi ng . . . doktrina [ni Cristo]" (1 Nephi 15:14). ■

MGA TALA

1. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 5.0.
2. Tingnan sa *Handbook 2,* mga bahagi 4 at 5.

Ang Simbahan sa Korea—

MANINGNING ANG LIWANAG NG EBANGHELYO SA KABILA NG PAGHIHIRAP

Inilatag ng naunang mga miyembro ng Simbahan sa Korea ang pundasyon ng pananampalataya na pinagsasaligan ngayon ng libu-libong miyembro.

Ni Hee Chul Seo
Church History Adviser, Korea

Ang gawaing misyonero ay nasimulan sa Korea noong 1950s pagkaraan ng Korean War. Ngunit ang unang pakikipag-ugnayan ng Simbahan sa Korea ay noong Enero 1910, nang sina Alma Owen Taylor, na na-release kamakailan bilang pangulo ng Japan Mission, at Elder Frederick A. Caine, isang misyonerong naglingkod sa Japan, ay bumisita nang ilang linggo sa Korea at China. Inaprubahan ng Unang Panguluhan ang kanilang paglalakbay sa mga bansang iyon upang tingnan kung posibleng masimulan doon ang gawaing misyonero. Napuna ni Pangulong Taylor na tumitindi ang interes ng mga Koreano sa Kristiyanismo samantalang halos malugmok na ang kanilang bansa sa ilalim ng pamumuno ng mga Hapon. Gayunman, inisip niya kung mas interesado ang mga Koreano sa Kristiyanismo dahil sa pulitika kaysa tanggapin si Cristo bilang kanilang walang-hanggang Tagapagligtas.

Ang Pagbabagong-loob ni Dr. Kim Ho Jik

Pagkalipas ng ilang dekada mula nang bumisita si Pangulong Taylor, nakaranas ng matitinding pagsubok ang mga Koreano, kabilang na ang pandarayuhan ng mga Hapon at pananakop ng militar, ang Asia Pacific War, pang-aapi ng Russia at China, sapilitang pamamahala ng mga komunista sa North Korea, at ang Korean War.

Gayunman, dahil sa tulong ng langit, nagsimulang magningas ang munting pag-asa ng mga Koreano sa New York, USA. Ipinadala ni Syngman Rhee, pangulo ng Korea, si Kim Ho Jik, direktor ng Suwon Agricultural Experimentation Station, sa Estados Unidos para pag-aralan kung paano mas mapapabuti ang kalusugan ng mga Koreano. Pinili ni Ho Jik ang Cornell University, na may napakagandang graduate study program sa nutrisyon. Noong 1949 nagsimula siyang kumuha ng doctoral degree—at dumalo rin sa iba't ibang miting ng mga simbahan sa iba't ibang dako ng Ithaca, New York, para hanapin ang "tunay na simbahan."[1]

Kinaibigan ni Ho Jik ang isang lalaking nagngangalang Oliver Wayman. Hindi tulad ng ibang mga kakilala ni Ho Jik, si Oliver ay hindi umiinom ng alak o naninigarilyo at hindi nagmumura kahit kailan. Hindi rin siya nagtatrabaho tuwing Linggo. Isang araw tinanong ni Ho Jik si Oliver, "Bakit ganyan ang pamumuhay mo?" Para masagot ang tanong na iyan, binigyan siya ni Oliver ng isang aklat na may pamagat na *The Articles of Faith* ni Elder James E. Talmage (1862–1933) ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Binasa ni Ho Jik ang *The Articles of Faith* sa loob ng isang linggo at pagkatapos ay binasa niya ang Aklat ni Mormon. Naniwala siya sa dalawang aklat at sinabi niya kay Oliver na ang Aklat ni Mormon ay "mas kumpleto at

MGA LARAWANG KUHA NINA HYUN-GYU LEE AT DEAN MARTIN ANDERSEN; LARAWAN NG TANAWIN SA LUNGSOD NG BUSAN NA KUHA NG SEANPAVONEPHOTO/ISTOCK/THINKSTOCK

Bilang Apostol at direktor ng grupo ng mga sundalo sa Simbahan, bumisita si Elder Harold B. Lee (gitna, walang sumbrero) sa Korea noong 1954.

ANG SIMBAHAN SA SOUTH KOREA*

Bilang ng mga Miyembro 85,628

Mga Mission 4

Mga Kongregasyon 128

Mga Templo 1

**Hanggang nitong Enero 2014*

mas madaling maunawaan kaysa sa Biblia."[2] Tinanggap ni Ho Jik ang mensahe ng ebanghelyo na parang tuyong lupang napatakan ng pinakahihintay na ulan. Lumakas ang kanyang pananampalataya sa pagdaan ng mga araw. Nagsimula siyang magpaturo sa mga missionary at nagpasiyang magpabinyag.

Noong Hulyo 29, 1951, nabinyagan ang 46-na-taong-gulang na si Kim Ho Jik sa Susquehanna River—ginusto niyang magpabinyag malapit sa pinagbinyagan kina Propetang Joseph Smith at Oliver Cowdery mahigit 100 taon na ang nakalipas. Nang paahon na siya mula sa tubig, narinig niya ang isang malinaw na tinig na nagsasabing, "Pakanin mo ang aking mga tupa." Dahil sa impresyong iyan inilaan niya ang nalalabi pa niyang buhay sa pagtulong na mapasimulan ang pangangaral ng ebanghelyo sa Korea.

Pagsapit ng Setyembre 1951 walang nanalo o natalo sa Korean War, kaya bumalik na si Dr. Kim sa Korea. Nagkaroon siya ng matinding hangaring ipangaral ang ipinanumbalik na ebanghelyo. Dumalo siya sa simbahan sa U.S. military camp sa Busan, kung saan siya nagturo sa klase ng Doktrina ng Ebanghelyo at nagbahagi ng kanyang patotoo sa mga bisitang Koreano. Itinuro ng mga sundalong Amerikano ang ebanghelyo sa mga kabataan sa wikang Ingles, at si Dr. Kim ang nagsalin nito para sa kanila. Epektibong paraan ito para maibahagi ang ebanghelyo, at dahil tiwala ang mga Koreano kay Dr. Kim, maraming naimpluwensyahan ng kanyang halimbawa.

Matapos ang labis na pagdurusa sa Korean War, sabik na tinanggap ng mga tao ang ebanghelyo ni Jesucristo. Sa wakas ay nagbunga ang katapatan ni Dr. Kim noong Agosto 3, 1952, nang mabinyagan ang unang apat na tao sa Busan, Korea.

Kalaunan ay sinabi ni Dr. Kim sa isang grupo ng mga Banal, "Walang halaga sa akin kung ibuwis ko man ang aking buhay, o pera, o posisyon, makasama ko lang ang aking Tagapagligtas."[3] Nakita sa kanyang buhay ang katapatang ito na paglingkuran ang Diyos.

Kahit wala ni isa mang misyon sa bansa, mabilis na lumaganap ang ebanghelyo sa Korea. Humanga sa pag-unlad na ito ang mga Kapatid. Noong Setyembre 1954, pagbalik niya sa Utah matapos pumunta sa Korea, ipinahayag ni Elder Harold B. Lee (1899–1973) ng Korum ng Labindalawang Apostol ang kanyang pag-asa na hindi magtatagal ay opisyal nang sisimulan ng Simbahan ang pangangarangal ng ebanghelyo sa Korea. Inilarawan niya ang pananampalataya at kasigasigan ng mga Koreanong Banal.[4] Noong Abril 7, 1955, hinati ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol ang Japanese Mission sa Northern Far East Mission at Southern Far East Mission. Nakasama ang Korea sa Northern Far East Mission. Gusto ng mga Koreanong Banal sa mga Huling Araw na padalhan sila ng mga missionary sa Korea, ngunit alam nilang hindi matatag ang sitwasyon ng pulitika sa Korea, kaya naghintay sila at nanalangin nang taimtim.

Ang Pagsisimula ng Gawaing Misyonero

Noong Agosto 2, 1955, habang nakatayo sa magandang burol na Jang-Choong Dan sa Seoul, inilaan ni Pangulong Joseph Fielding Smith (1876–1972), na noon ay Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang Korea para sa pagsisimula ng full-time missionary work at ipinagdasal na mabalik ang kapayapaan at kaunlaran sa bansa.[5] Nang gabing

MGA LARAWAN NG MGA SUNDALO, NI KIM HO JIK, AT PANGULONG JOSEPH FIELDING SMITH SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY

iyon inorganisa niya ang Korea District, at si Kim Ho Jik ang pangulo. Kalaunan ay bumisita siya sa Busan upang iorganisa ang Busan Branch.

Noong Abril 1956, kahit hindi pa matatag ang sitwasyon ng pulitika sa Korea, nabigyang-inspirasyon ang bagong tawag na pangulo ng Northern Far East Mission na ipadala sina Elder Richard Detton at Elder Don Powell sa Korea. Naihanda na ng mga sundalong Amerikanong Banal sa mga Huling Araw at ng 64 na mga miyembrong Koreano, gaya ni Dr. Kim, ang daan para matanggap ang nagpapalakas na ebanghelyo, at ang mga missionary ang naglaan ng espirituwal na pangangalaga. Napakaraming tao ang naniwala at nanalig, at nagsimulang lumago ang Simbahan.

Ang Pananampalataya ng mga Naunang Miyembro

Ang pananampalataya ng mga Koreanong Banal ay patuloy na lumakas ngunit sinubukan nang madalas.

ginawa niya nang nakaraang gabi. Kalaunan ay lumalapit na siya sa akin paminsan-minsan para humingi ng payo tungkol sa mga personal na bagay."[6]

Si Brother Chun ay naglingkod bilang full-time missionary sa Korea at kalaunan ay bilang bishop ng Alameda Ward sa Maryland, USA.

Si Brother Jung Dae Pan ay kabilang din sa mga taong naturuan ng ebanghelyo ng mga unang missionary na naglingkod sa Korea. Tumigil siya ng pag-aaral sa Seoul National University para mag-aral sa isang kolehiyo sa teolohiya. Pinangarap niyang maging pastor at pamunuan ang mga Kristiyano sa Korea.

Isang araw binigyan siya ng isang kaibigan ng kopya ng Aklat ni Mormon sa Ingles dahil wala pang nakalathala nito sa wikang Korean. Napilitan siyang basahin ang aklat. Binasa pa nga niya ito sa klase. Nang tanungin siya ng kanyang mga kaklase kung ano iyon, sinabi niya na ito ay

TIME LINE

1910: Bumisita ang Japan Mission president na si Alma Owen Taylor sa Korea

◄ 1951: Nabinyagan si Kim Ho Jik sa Pennsylvania, USA

1952: Nabinyagan ang mga unang Koreanong miyembro sa Korea

◄ 1955: Inilaan ni Pangulong Joseph Fielding Smith ang Korea at inorganisa ang Korea District

1956: Hinikayat ni Kim Ho Jik ang pamahalaan na pahintulutang makapasok ang mga unang missionary sa Korea

Ginunita ni Brother Chun Nak Seo, na matapos mabinyagan ay sumali sa hukbong sandatahan para gampanan ang kanyang tungkulin sa militar, ang ilang mahihirap na panahon: "Sa tatlong taon ng paglilingkod ko sa militar, nasubukan ang aking pananampalataya at patotoo. Isang araw lasing ang company commander at nagdala ng maraming alak at pilit itong ipinainom sa mga sundalo sa kanyang pulutong. Dahil alam ng mga kasamahan ko na LDS ako, lagi nilang inuubos ang laman ng baso para sa akin. Ngunit nang gabing iyon, mahigpit akong binantayan ng lasing na commander at inutusan akong inumin ang alak sa baso. Sinabi kong hindi ako umiinom ng alak, pero inutusan niya akong uminom. Pero muli ko siyang sinuway. Inilabas niya ang kanyang baril at itinutok sa akin at inutusan akong uminom. Lahat ay pigil-hininga at nakamasid. Muli kong sinabi nang malinaw, 'Hindi po ako umiinom ng alak, sir.' Pakiramdam ko'y napakatagal ng sandaling iyon. Sa huli ay sinabi niya, 'Suko na ako' at ibinaba ang baril. Nakahinga nang maluwag ang lahat at nagbalikan na sa kuwartel. Kinabukasan, lumapit sa akin ang company commander at humingi ng paumanhin sa

isang aklat na katulad ng Biblia at inirekomenda niyang bumili sila niyon.

Kalaunan nagkaproblema si Brother Jung sa kolehiyo. Ipinatawag siya ng mga administrador at sinabi nila na nagpapatangay siya sa tukso ni Satanas na mapunta sa maling pananampalataya, at pinapili siya kung mananatili siya sa paaralan o pipiliin niya ang Aklat ni Mormon. Hindi siya nahirapang magdesisyon dahil alam na niya na ang Aklat ni Mormon ay totoo.

Gayunman, matapos sumapi si Brother Jung sa Simbahan, nahirapan siyang makisama sa iba at naghirap siya. Ang scholarship sa kolehiyo at suportang pinansyal mula sa dating simbahan ay itinigil, at iniwan siya ng lahat ng kaibigan niya. Inalagaan siya ni Dr. Kim. Kalaunan, nagambag nang malaki si Brother Jung sa paglago ng Simbahan sa Korea sa pamamagitan ng pagsasalin ng Doktrina at mga Tipan at pag-edit sa mga himno. Ang magagandang titik na isinalin niya ay umaantig pa rin sa puso ng mga miyembrong Koreano.

Unti-unting dumami ang matatag na mga miyembro. Noong Hulyo 1962, opisyal na inorganisa ang Korean Mission.

Si Gail E. Carr, isang returned missionary na naglingkod sa Korea, ang tinawag na bagong mission president. Isinama ng bagong pangulong ito sa unang mga priyoridad niya ang pagsasalin at paglalathala ng Aklat ni Mormon sa wikang Korean. Matapos ang maraming pagninilay-nilay at panalangin, itinalaga niya ang gawain ng pagsasalin sa isa sa mga full-time missionary na si Elder Han In Sang. Tagumpay na natapos ni Elder Han ang isang bagong pagsasalin, matapos repasuhin ang dalawang naunang pagsasalin,[7] at ang Aklat ni Mormon ay inilimbag sa wikang Korean sa unang pagkakataon noong 1967.

Nang maisalin na ang Aklat ni Mormon sa kanilang wika, maraming Koreano ang nagsimulang magsiyasat sa Simbahan sa paanyaya ng kanilang mga kaibigan. Napakaraming bisita kaya hindi na kinailangang maghanap ang mga missionary ng mga investigator, at maghapong nagturo ang ilang missionary.

Malaki rin ang naging bahagi ng kasigasigan ng mga Koreanong Banal sa gawaing misyonero sa pag-unlad ng Simbahan. Ang isang kahanga-hangang member missionary ay si Lee Sung Man ng Jamsil Ward, na sumapi sa Simbahan noong mahigit 50 anyos na siya. Marami siyang masasaya at malulungkot na karanasan sa buhay; gayunman, laging maganda ang kanyang pananaw tungkol sa kanyang relihiyon. Noong siya ay taga-repair ng sapatos, may salansan siya ng mga kopya ng Aklat ni Mormon sa kanyang talyer at sinasabi niya sa mga parukyano na libre silang kumuha ng isa kung babasahin nila ito. Mahigit 50 katao, kabilang na ang kanyang mga kamag-anak, ang sumapi sa Simbahan dahil sa kanya. Binasa niya ang mga pamantayang banal na kasulatan nang maraming beses. Nakita nila ang mga ito sa kanyang tabi nang mamatay siya.[8]

Unang Stake at Templo ng Korea

Noong 1973, maraming Koreanong Banal sa mga Huling Araw ang nagsimulang umasa na hindi magtatagal ay magkakaroon sila ng isang stake. Noong Marso 8, 1973, inorganisa ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), na miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang unang stake sa Korea. Mga 800 katao ang dumalo sa miting. Ang makasaysayang unang stake sa Korea ay inorganisa na may walong ward at dalawang branch. Maaari na ngayong sumunod kay Jesucristo ang mga miyembro ng Simbahan

LARAWAN NI PANGULONG SPENCER W. KIMBALL SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY

1960s: Nag-organisa ng mga branch sa Seoul, Busan, Incheon, at Kwangju

1962: Inorganisa ang Korea Mission

► 1967: Inilathala ang Aklat ni Mormon sa wikang Korean

1973: Inorganisa ang unang stake sa Korea—at sa mainland Asia—sa Seoul

1974: Binuksan sa Kwangju ang unang visitors' center ng Simbahan sa Korea

◄ 1980: Si Pangulong Spencer W. Kimball ang unang Pangulo ng Simbahan na bumisita sa Korea

Tumulong ang mga Mormon Helping Hands volunteer sa paggawa ng tone-toneladang kimchi, isang tradisyonal na pagkaing Koreano, sa isang pista sa Seoul. Ang kimchi ay ipinamahagi ng mga simbahan at organisasyong sibiko sa mga maralita.

sa Korea sa ilalim ng pamumuno sa stake ng mga Koreanong lider ng Simbahan at tumanggap ng mga pagpapala mula sa isang inorden na Koreanong patriarch.

Mas tumindi pa ang gawaing misyonero. Halos 1,200 katao ang nabinyagan noong 1973. Hindi nagtagal ay mahigit na sa 8,000 ang kabuuang bilang ng mga miyembro sa Korea, kabilang na ang mahigit 700 mga mayhawak ng Melchizedek Priesthood sa 31 mga ward at branch.

Pagkaraan ng labindalawang taon, matapos ang patuloy na pagdami, ang mga Koreanong Banal ay biniyayaan ng pinakaaasam nilang templo. Noong Disyembre 14, 1985, inilaan ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), na dating Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ang Seoul Korea Temple. Ang templong ito ay makabuluhan lalo na kay Pangulong Hinckley, na may espesyal na koneksyon sa mga Koreanong Banal. Sabi niya, "Ang mga Koreano ay nagdusa sa kalupitan ng digmaan, ngunit gusto nila ng kapayapaan at mababait silang tao. Mas napaluha ako sa Korea kaysa sa iba pang lugar sa mundo."[9] Nag-alay ng panalangin sa paglalaan si Pangulong Hinckley, at napaluha ang maraming dumalo. Maginaw nang araw na iyon, ngunit ang magiliw na Espiritu ng Panginoon ay namalagi sa templo nang araw na iyon at inantig ang puso ng lahat.

Makikita sa isa sa mga painting sa loob ng templo si Sister Ho Hee Soon, na nabinyagan noong Agosto 1970. Nagsimula siyang gumawa sa gawain ng templo noong mahigit 80 anyos na siya. Nagsagawa siya ng endowment para sa di-kukulangin sa 1,500 katao. Noon lang 2007, nagsagawa siya ng mga ordenansa para sa mga patay para sa mahigit 600 katao. Isang Amerikanong painter, na naantig sa kanyang paglilingkod, ang nagpinta ng kanyang larawan at ibinigay ito sa Seoul Temple upang gunitain ang kanyang walang-humpay na pagsisikap na tumulong sa pagliligtas ng mga kaluluwa.

Marami pang mga Koreanong Banal ang masigasig sa gawain sa templo. Ang Masan stake (na ngayo'y Changwon stake), halimbawa, ay nagsimulang regular na pumunta sa templo noong 1995. Tuwing ikalawang Biyernes ng bawat buwan, isang inarkilang bus ang sumusundo noon sa mga miyembro sa mga lungsod ng Jinhae-gu, Changwon, Jinju, Sacheon, at Geoje papuntang Seoul. Dumarating ang bus sa templo nang alas-2:00 o alas-3:00 n.u., at umiidlip nang dalawang oras ang mga miyembro bago makibahagi sa mga ordenansa ng initiatory nang alas-5:00 n.u. Pagkatapos ay dumadalo sila sa mga endowment session hanggang bago maghating-gabi bago umuwi sa kanilang tahanan nang pasado alas-10:00 n.g. Kinabukasan naman nagsisimba sila at bumibisita sa mga miyembro sa buong maghapon. Paggunita ni Brother Kim Choongseok, ang stake president noon, "Pagod na pagod sila pero masaya."

Ngayon pagkaraan ng ilang dekada, matatag na ang Simbahan sa Korea. Sinusuportahan ng mga lokal na lider ng Simbahan ang pagpapahalaga sa pamilya at iba pang mga priyoridad ng propeta. Mas maraming miyembrong Koreano ang kumikilala sa kahalagahan ng pagsamba nang sama-sama bilang pamilya—pagdaraos ng family home evening, panalangin ng pamilya, at pag-aaral ng banal na kasulatan. At mas marami nang mga Koreanong tinedyer ang nagmimisyon kaysa dati. Dahil sa liwanag ng ebanghelyo, nagtatatag ang mga miyembrong Koreano ng isang kinabukasan na kasingningning ng kanilang pananampalataya. ■

► *1985: Inilaan ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang Seoul Korea Temple*



1988: Nagtanghal ang Folk Dancers mula sa Brigham Young University sa mga seremonya sa pagbubukas ng Summer Olympic Games, sa Seoul

◄ *1991: Tinawag si Elder Han In Sang bilang General Authority; nabili sa Korea ang ika-isang milyong kopya ng Aklat ni Mormon sa wikang Korean*

2001: Nakipagkita si Elder Dallin H. Oaks sa South Korean prime minister na si Lee Han-Dong

MGA TALA

1. Tingnan sa Denny Roy, "Kim Ho Jik: Korean Pioneer," *Liahona,* Peb. 1989, 8.
2. Kim Ho Jik, sa Denny Roy, "Kim Ho Jik," *Liahona,* 11.
3. Kim Ho Jik, sa Denny Roy, "Kim Ho Jik," *Liahona,* 14.
4. Tingnan sa Harold B. Lee, sa Conference Report, Okt. 1954, 125–31.
5. Tingnan sa Robert H. Slover, "Korea Dedicated to Preach the Gospel," *Church News,* Set. 10, 1955, 4.
6. Mula sa journal ni Chun Nak Seo.
7. Ang Aklat ni Mormon ay unang isinalin ni Hong Byung Shik sa wikang Korean noong 1961, at ang piling bahagi, ang aklat na 3 Nephi, ay inilathala noong 1962. Itinuring ng ilan na napakapormal at literal ng pagkasalin dito, kaya sinimulan at tinapos ni Chung Dae Pan, na itinalaga ni Elder Gordon B. Hinckley, ang bagong pagsasalin dito noong 1964.
8. Ayon sa salaysay ng bishop ni Brother Lee sa libing nito noong Abr. 8, 2011.
9. Mula sa mga tala ng awtor sa paglalaan ng Seoul Korea Temple noong Dis. 14, 1985.

Ni Elder
M. Russell Ballard
Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

KALALAKIHAN AT KABABAIHAN AT KAPANGYARIHAN NG PRIESTHOOD

Huwag nating kalimutan kailanman na tayo ay mga anak ng Diyos, pantay-pantay sa Kanyang paningin na may magkakaibang responsibilidad at kakayahang iniatas Niya at binigyan ng karapatan sa kapangyarihan ng Kanyang priesthood.

Ang lolo kong si Elder Melvin J. Ballard (1873–1939), isang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay naospital dahil sa malubhang sakit na leukemia noong 1939. Ikinuwento sa akin ng tatay ko, na nakaupo sa tabi ng kama ni Lolo, na si Lolo ay bumangong mag-isa sa kama, inilibot ang kanyang tingin sa paligid ng kanyang silid sa ospital na para bang nagsasalita siya sa isang kongregasyon, at malinaw na sinabi, "At higit sa lahat, mga kapatid, mag-isip tayo nang wasto."

Sa aking sinabi, mangyaring isaisip at isipin nang wasto ang mga pangunahing doktrina ni Cristo na kinabibilangan ng pagmamahal ng ating Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak na babae, na natatangi at mahalaga sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Naniniwala ako na may ilang katotohanang kailangang maunawaan ng kapwa kalalakihan at kababaihan tungkol sa napakahalagang tungkulin ng kababaihan sa pagpapalakas at pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa mundo.

Tayo ay mga minamahal na espiritung anak na lalaki at babae ng ating Ama sa Langit. Nabuhay tayong kasama Niya sa premortal na daigdig. Upang maisagawa ang misyon na "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39), gumawa ng plano ang Ama sa Langit para tulungan ang Kanyang mga anak na makamit ang kanilang pinakadakilang potensyal.

May ilang tao na nag-aalinlangan sa lugar ng kababaihan sa plano ng Diyos at sa Simbahan. Nainterbyu na ako ng maraming taga-media sa loob at labas ng bansa at masasabi ko sa inyo na karamihan sa mga mamamahayag na nakausap ko ay may haka-haka na tungkol sa paksang ito. Marami ang nagtatanong na nagpapahiwatig na itinuturing natin na walang gaanong karapatan ang kababaihan sa Simbahan. Napakalayo nito sa katotohanan.

Magmumungkahi ako ng limang mahahalagang puntong pagninilayan at iisipin nang wasto tungkol sa mahalagang paksang ito.



MGA LARAWANG KUHA NG KASIASTOCK/SHUTTERSTOCK.COM

1. Hangad ng Ama at ng Anak ang ating kadakilaan.

Nilikha ng ating Ama sa Langit ang kababaihan at kalalakihan, na Kanyang mga espiritung anak. Ibig sabihin nito ang kasarian ay walang

hanggan. Gumawa Siya ng plano na tutulong sa lahat ng magpapasiyang sumunod sa Kanya at sa Kanyang Anak na si Jesucristo, na matamo ang kanilang tadhana bilang mga tagapagmana ng buhay na walang hanggan.

Ang Ama sa Langit at ang Kanyang Anak ay perpekto. Alam at nauunawaan Nila ang lahat ng bagay. Bukod pa riyan, ang Kanilang pag-asa para sa atin ay perpekto. Ang Kanilang gawain at Kanilang kaluwalhatian ay ang makita na nakamtan ng Kanilang mga anak ang kadakilaan.

Kung ang kadakilaan natin ang Kanilang pinakamahalagang mithiin at layunin, at kung batid Nila ang lahat ng bagay at Sila ay sakdal, kung gayo'y alam Nila kung paano tayo pinakamainam na maihahanda, matuturuan, at mapamumunuan upang magkaroon tayo ng pinakamalaking pagkakataon na maging marapat sa kadakilaan. Alam ng ating Ama sa Langit ang lahat, nakikita Niya ang mangyayari sa lahat, at nauunawaan Niya ang lahat. Ang Kanyang pag-unawa, Kanyang karunungan, at Kanyang pagmamahal sa atin ay perpekto. Tiyak na kailangan tayong sumang-ayon na alam ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak kung aling mga oportunidad ang kailangan ng mga anak na lalaki at babae ng Diyos upang higit na maihanda ang mag-anak ng tao para sa buhay na walang hanggan.

Bawat isa sa atin ay may pribilehiyong piliin kung maniniwala tayo na ang Diyos ang ating Ama, na si Jesus ang Cristo, at na Sila ay may plano para tulungan tayong makabalik sa Kanila. Ito, mangyari pa, ay nangangailangan ng pananampalataya. Ang ating mga patotoo, ang kapanatagan ng ating isipan, at mabuting kapakanan ay nagsisimula sa kahandaang maniwala na ang ating Ama sa Langit ang nakaaalam kung ano ang pinakamainam.

2. Ang Simbahan ay pinamamahalaan sa pamamagitan ng mga susi ng priesthood.

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang Simbahan ng Panginoon, at ang Kanyang Simbahan ay pinamamahalaan sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood at mga susi ng priesthood. "Ang mga susi ng Priesthood ay ang awtoridad na ibinigay ng Diyos sa mga lider ng priesthood para pamunuan, pangasiwaan, at pamahalaan ang paggamit ng Kanyang priesthood sa mundo. Ang paggamit ng awtoridad ng priesthood ay pinamamahalaan ng mga mayhawak ng susi nito (tingnan sa D at T 65:2; 81:2; 124:123) . . . [at] may karapatang mangulo at mangasiwa sa Simbahan sa loob ng kanilang nasasakupan."[1]

Ang may mga susi ng priesthood ay ginagawang posible para sa lahat ng naglilingkod o nagsisilbi nang tapat sa

Hindi man kayang magdalantao ng babae kung walang lalaki, hindi naman lubos na magagamit ng lalaki ang kapangyarihan ng priesthood para bumuo ng walang-hanggang pamilya kung walang babae. . . . Sa walang-hanggang pananaw, ang mag-asawa ay parehong may ginagampanan sa kapangyarihang lumikha ng buhay at sa kapangyarihan ng priesthood.



ilalim ng kanilang pamamahala na gamitin ang awtoridad ng priesthood at magkaroon ng kapangyarihan ng priesthood. Lahat ng kalalakihan at kababaihan ay naglilingkod sa Simbahan sa ilalim ng pamamahala ng mga taong mayhawak ng mga susi.[2]

Uulitin ko ang sinabi ko sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2013: "Sa plano ng ating Ama sa Langit na nagkaloob ng priesthood sa kalalakihan, ang mga lalaki ay may kakaibang responsibilidad na pangasiwaan ang priesthood, ngunit hindi sila ang priesthood. Ang kalalakihan at kababaihan ay may mga tungkulin na magkaiba ngunit parehong mahalaga. Hindi man kayang magdalantao ng babae kung walang lalaki, hindi naman lubos na magagamit ng lalaki ang kapangyarihan ng priesthood para bumuo ng walang-hanggang pamilya kung walang babae. . . . Sa walang-hanggang pananaw, ang mag-asawa ay parehong may ginagampanan sa kapangyarihang lumikha ng buhay at sa kapangyarihan ng priesthood."[3]

Bakit ang kalalakihan—at hindi ang kababaihan—ang inorden sa mga katungkulan sa priesthood? Ipinaliwanag ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) na "ang Panginoon," at hindi ang tao, "ang nagtalaga na ang kalalakihan sa Kanyang Simbahan ang dapat magkaroon ng priesthood" at nagkaloob sa kababaihan ng "kakayahang kumumpleto sa napakaganda at kagila-gilalas na organisasyong ito, na walang iba kundi ang Simbahan at kaharian ng Diyos."[4] Hindi inihayag ng Panginoon kung bakit Niya itinatag ang Kanyang Simbahan ayon sa paraang ginawa Niya.

Ang bagay na ito, tulad ng marami pang iba, ay may kinalaman sa ating pananampalataya. Naniniwala ba tayo na ito ang Simbahan ng Panginoon? Naniniwala ba tayo na inorganisa Niya ito alinsunod sa Kanyang mga layunin at karunungan? Naniniwala ba tayo na ang Kanyang karunungan ay lalong higit pa kaysa sa ating karunungan? Naniniwala ba tayo na inorganisa Niya ang Kanyang Simbahan sa paraang magiging pinakamalaking pagpapala ito sa lahat ng Kanyang mga anak, kapwa mga lalaki at babae?

Pinatototohanan ko na ang mga bagay na ito ay totoo. Pinatototohanan ko na ito ang Simbahan ng Panginoon. Ang kababaihan ay mahalaga sa pamamahala at gawain ng Simbahan sa pamamagitan ng paglilingkod bilang mga lider sa Relief Society, Young Women, at Primary; sa pamamagitan ng paglilingkod bilang mga guro, full-time missionary, at temple ordinance worker; at sa tahanan, kung saan nagaganap ang pinakamahalagang pagtuturo sa Simbahan.

Huwag nating kalimutan na tinatayang kalahati ng lahat ng pagtuturong nagaganap sa Simbahan ay ginagawa ng kababaihan. Karamihan sa mga lider natin ay mga babae. Maraming pagkakataon at aktibidad sa paglilingkod ang ipinaplano at pinangangasiwaan ng kababaihan. Ang partisipasyon ng kababaihan sa mga ward at stake council at sa mga general council sa headquarters ng Simbahan ay nagbibigay ng kinakailangang kabatiran, karunungan, at balanse.

Mahigit 20 taon ko nang itinuturo ang kahalagahan ng mga council, kabilang na ang mahalagang partisipasyon ng mga babaeng lider. Alam ko na hindi pa ito nauunawaan ng ilang kalalakihan, kabilang na ang ilang lider ng priesthood, at hindi pa rin nila lubos na isinasali ang ating mga babaeng lider sa mga ward at stake council. Alam ko rin na inaapi ng ilang kalalakihan ang kababaihan at sa ilang bihirang sitwasyon ay inaabuso nila ang kababaihan. Kasuklam-suklam ito sa paningin ng Diyos. Natitiyak ko na ang kalalakihang humahamak sa kababaihan sa anumang paraan ay mananagot sa Diyos sa kanilang mga ginagawa. At sinumang lider ng priesthood na hindi isinasali ang mga babaeng lider nang may paggalang at pagtanggap ay hindi iginagalang at ginagamit nang maayos ang mga susing ibinigay sa kanya. Hihina ang kanyang kapangyarihan at impluwensya hanggang sa matutuhan niya ang mga paraan ng Panginoon.

Ngayon, mga kapatid, kahit mahalaga at tatanggapin ang inyong mungkahi sa mga epektibong council, tiyaking hindi ninyo ginagampanan ang tungkuling hindi sa inyo. Ang pinakamatagumpay na mga ward at stake council ay yaong ang mga lider ng priesthood ay may tiwala sa kanilang mga babaeng lider at hinihikayat ang mga ito na mag-ambag sa mga talakayan at lubos na iginagalang at sinasang-ayunan ng mga babaeng lider ang mga desisyon ng council na ginawa sa ilalim ng pamamahala ng mga lider ng priesthood na mayhawak ng mga susi.

3. Ang kalalakihan at kababaihan ay magkapantay sa paningin ng Diyos.

Ang kalalakihan at kababaihan ay magkapantay sa paningin ng Diyos at sa paningin ng Simbahan, ngunit ang magkapantay ay hindi nangangahulugang magkapareho. Ang mga responsibilidad at banal na mga kaloob ng kalalakihan at kababaihan ay magkaiba ng katangian ngunit magkatumbas ang kahalagahan o impluwensya. Hindi itinuturing ng Diyos na mas mabuti o mas mahalaga ang isang kasarian kaysa sa isa. Ipinahayag ni Pangulong Hinckley sa kababaihan na 'ang ating Walang Hanggang Ama . . . ay hindi nilayon kailanman na mas mababa ang kahalagahan ninyo kaysa Kanyang pinaka-natatanging mga nilalang."[5]

Ang ilan ay nalilito at hindi makapag-isip nang wasto kapag inihahambing ang mga tungkulin ng kalalakihan sa kababaihan at ang mga tungkulin ng kababaihan sa kalalakihan.

Naliligiran ako ng mga babae sa buong buhay ko. May 3 akong kapatid na babae. (Ako lang ang anak na lalaki.) Ako ay may 5 anak, 24 na apo, at 19 na apo-sa-tuhod na puro babae. At, siyempre, napagpala ako sa 63 taong pagsasama namin ng asawa kong si Barbara. Matagal na akong natutong makinig sa kanya. Natutuhan ko na kapag sinabi niya na matagal na niyang pinag-iisipan ang isang bagay o malakas ang kutob niya tungkol sa isang bagay ukol sa pamilya, makabubuting makinig ako dahil sa halos lahat ng pagkakataon ay nabigyan siya ng inspirasyon. Alam ko mismo kung paano nag-aalinlangan kung minsan ang kababaihang young adult at mga bata pang ina tungkol sa kanilang kahalagahan at kakayahang mag-ambag. Ngunit saksi ako na kapag ibinaling nila ang kanilang isipan at mga dalangin sa langit, bibiyayaan sila ng lakas at matibay na paniniwala na nauunawaan ng Ama at ng Anak ang kanilang damdamin.

Ang mga babae ay naparito sa lupa na may kakaibang espirituwal na mga kaloob at kakayahan. Totoo ito lalo na pagdating sa mga anak at pamilya at sa kapakanan at pangangalaga ng iba.

Ang kalalakihan at kababaihan ay may iba't ibang kaloob, lakas, at pananaw at mga inklinasyon. Iyan ang isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit kailangan natin ang isa't isa. Kailangan ang lalaki at babae upang makabuo ng pamilya, at kailangan ang kalalakihan at kababaihan upang maisakatuparan ang gawain ng Panginoon. Ang magasawang matwid na nagtutulungan ay kinukumpleto ang isa't isa. Pag-ingatan nating huwag tangkaing baguhin ang plano at layunin ng ating Ama sa Langit sa ating buhay.

4. Lahat ng anak ng Diyos ay mapagpapala ng priesthood.

Kapag ang kalalakihan at kababaihan ay pumunta sa templo, kapwa sila pinagkakalooban ng kapangyarihan, ang kapangyarihan ng priesthood. Bagama't ang awtoridad ng priesthood ay pinamamahalaan sa pamamagitan ng mga susi ng priesthood, at ang mga susi ng priesthood ay taglay lamang ng marapat na kalalakihan, ang kapangyarihan at mga pagpapala ng priesthood ay maaaring matanggap ng lahat ng anak ng Diyos.

Tulad ng paliwanag ni Pangulong Joseph Fielding Smith (1876–1972): "Ang mga pagpapala ng priesthood ay hindi lamang para sa kalalakihan. Ang mga pagpapalang ito ay ipinagkakaloob din . . . sa lahat ng matatapat na kababaihan ng Simbahan. . . . Ibinibigay ng Panginoon sa kanyang mga anak na babae ang bawat espirituwal na kaloob at pagpapalang maaaring matamo ng kanyang mga anak na lalaki."[6]

Ang mga taong lumusong sa tubig ng binyag at tumanggap kalaunan ng kanilang endowment sa bahay ng Panginoon ay nararapat sa sagana at kahanga-hangang mga pagpapala. Ang endowment ay literal na kaloob na kapangyarihan. Lahat ng pumapasok sa bahay ng Panginoon ay nangangasiwa sa mga ordenansa ng priesthood.

Ang ating Ama sa Langit ay bukas-palad sa Kanyang kapangyarihan. Lahat ng lalaki at babae ay may karapatan sa kapangyarihang ito para makatulong sa kanilang buhay. Lahat ng gumawa ng sagradong mga tipan sa Panginoon at tumutupad sa mga tipang iyon ay may karapatang makatanggap ng personal na paghahayag, mapaglingkuran ng mga anghel, makipag-ugnayan sa Diyos, makatanggap ng kabuuan ng ebanghelyo, at, sa huli, maging mga tagapagmana na kasama ni Jesucristo sa lahat ng mayroon ang Ama.

5. Kailangan ng Simbahan ang tinig at pananampalataya ng kababaihan.

Kailangan pa natin ng mabuti, maimpluwensyang tinig at pananampalataya ng kababaihan. Kailangang matutuhan nila ang doktrina at maunawaan ang ating pinaniniwalaan nang sa gayon ay makapagpatotoo sila tungkol sa katotohanan ng lahat ng bagay—ibinahagi man ang mga patotoong iyan sa campfire ng Young Women camp, sa testimony meeting, sa blog, o sa Facebook. Matatapat na kababaihang Banal sa mga Huling Araw lamang ang makapagpapakita sa mundo kung ano ang kaanyuan at pinaniniwalaan ng kababaihang nakipagtipan sa Diyos.

Hindi makakayanan ng sinuman sa atin na tumayo na lamang at pagmasdan na binabalewala at isinasantabi ang mga layunin ng Diyos. Inaanyayahan ko lalo na ang kababaihan sa buong Simbahan na hangarin ang patnubay ng langit upang malaman ang magagawa nila para maibahagi ang kanilang pananampalataya at patotoo. Hindi ito magagawang mag-isa ng mga General Authority at ng mga pangkalahatang pinuno na kababaihan. Hindi ito magagawang mag-isa ng mga full-time missionary. Hindi ito magagawang mag-isa ng mga lider ng priesthood at auxiliary. Kailangang ipagtanggol nating lahat ang ating Ama sa Langit at ang Kanyang plano. Kailangang ipagtanggol nating lahat ang ating Tagapagligtas at patotohanan na Siya ang Cristo, na ang Kanyang Simbahan ay naipanumbalik na sa lupa, at na mayroong tama at mali.

Kung gusto nating magkaroon ng lakas ng loob na magsalita at ipagtanggol ang Simbahan, kailangan nating ihanda ang ating sarili sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga katotohanan ng ebanghelyo. Kailangan nating patibayin ang sarili nating patotoo sa pamamagitan ng masigasig at araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan at isamo sa Diyos na tuparin ang Kanyang pangako kay Moroni na "malalaman [natin] ang katotohanan ng lahat ng bagay"

(Moroni 10:5) kung hahangarin natin ito sa pamamagitan ng mapagpakumbabang panalangin at pag-aaral.

Huwag sayangin ang oras sa pagtatangkang baguhin o ibahin ang plano ng Diyos. Wala tayong panahon para diyan. Walang-katuturan ang pagtatangkang alamin kung paano ioorganisa ang Simbahan ng Panginoon sa ibang paraan. Ang Panginoon ang pinuno ng Simbahang ito, at sinusunod nating lahat ang Kanyang tagubilin. Kailangan kapwa ng kalalakihan at kababaihan ng ibayong pananampalataya at patotoo tungkol sa buhay at Pagbabayad-sala ng ating Panginoong Jesucristo at ng dagdag na kaalaman sa Kanyang mga turo at doktrina. Kailangan nating linisin ang ating isipan para maituro ng Espiritu Santo ang ating gagawin at sasabihin. Kailangan nating mag-isip nang wasto sa magulong mundong ito na nagbabalewala sa mga bagay ng Diyos.

Mga kababaihan, ang lawak at tindi ng inyong impluwensya ay kakaiba—impluwensyang hindi kayang tularan ng kalalakihan. Walang ibang makapagtatanggol sa ating Tagapagligtas nang may higit na paghihikayat o kapangyarihan kaysa sa inyo—mga anak na babae ng Diyos na malalakas ang loob at matibay ang paniniwala. Ang kapangyarihan ng tinig ng isang babaeng nagbagong-buhay ay hindi masusukat, at kailangan ng Simbahan ang inyong mga tinig ngayon nang higit kailanman.

Iniiwan ko sa inyo ang aking pagsaksi at patotoo na panahon at oras na upang magkaisa tayo—kalalakihan at kababaihan, mga kabataang lalaki at babae, mga batang lalaki at babae. Dapat tayong manindigan para sa plano ng ating Ama sa Langit. Dapat natin Siyang ipagtanggol. Siya ay isinasantabi. Hindi tayo dapat magpabaya bilang mga miyembro ng Simbahan at huwag tulutang patuloy na mangyari ito nang hindi natin matapang na isinasatinig ang ating damdamin at isipan.

Nawa'y pagkalooban tayo ng Diyos ng lakas ng loob na pag-aralan ang mga simpleng katotohanan ng ebanghelyo at pagkatapos ay ibahagi ito tuwing may pagkakataon tayo. ■

Mula sa isang mensahe sa debosyonal na ibinigay sa Brigham Young University noong Agosto 20, 2013. Para sa buong teksto sa Ingles, magpunta sa speeches.byu.edu.

MGA TALA

1. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.1.1.
2. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 122.
3. M. Russell Ballard, "Ito ang Aking Gawain at Aking Kaluwalhatian," *Liahona,* Mayo 2013, 19.
4. Gordon B. Hinckley, "Women of the Church," *Ensign,* Nob. 1996, 70.
5. Gordon B. Hinckley, "Stand Strong Against the Wiles of the World," *Ensign,* Nob. 1995, 98.
6. Joseph Fielding Smith, "Magnifying Our Callings in the Priesthood," *Improvement Era,* Hunyo 1970, 66.

Bagama't ang awtoridad ng priesthood ay pinamamahalaan sa pamamagitan ng mga susi ng priesthood, at ang mga susi ng priesthood ay taglay lamang ng marapat na kalalakihan, ang kapangyarihan at mga pagpapala ng priesthood ay maaaring matanggap ng lahat ng anak ng Diyos.



MAY NAGSABI SA AKIN NA HUMINTO

Isang magdamagang kamping na naroon na ang lahat ng uri ng aktibidad na gagawin sa labas ang naiplano para sa mga araw ng Biyernes at Sabado, at nasabik akong samahan ang anak ko. May part-time job si Carl at kinailangang magtrabaho sa araw ng Biyernes, kaya iminungkahi kong sunduin siya sa Biyernes ng gabi paglabas niya sa trabaho. Binalak naming pumarada sa isang tulay sa itaas ng campsite at maglakad pababa pagkatapos.

Pagdating namin sa tulay, madilim na, nakasilip lang ang buwan at may ilang bituing nagniningning sa kalangitan. Ang daan patungo sa campsite ay napakakitid sa ibabaw ng talampas papunta sa tabing ilog. Nasa mga 300 yarda (275 m) kami sa itaas ng ilog nang magsimula kaming maglakad.

Di-kalayuan pababa ng daan nagsimulang lumamlam ang liwanag ng flashlight namin, at ang daan ay tila naglalaho paminsan-minsan sa aandap-andap na liwanag. Biglang may nagsabi sa akin na huminto. Tumigil ako kaagad ngunit pagkatapos ay lumakad pa ako nang dalawang hakbang. Naramdaman o narinig ko ulit ang pagsabing, "Hinto!"

Muli akong huminto. Muntik na akong mabangga ni Carl, na nasa likuran ko lang.

"Ano ang nangyayari, Itay?" tanong niya.

Sinabi ko sa kanya ang tungkol sa pahiwatig, at idinagdag ko na kailangan na naming umuwi at na babalik kami kinaumagahan.

"Itay, nakikita ko na ang campfire," sagot niya. "Wala nang isang milya (1.6 km) ang layo niyon."

Dahil nadama ko na ang pahiwatig ay nagmula sa Espiritu Santo, iginiit ko na huwag na kaming humakbang pa. Namatay na ang flashlight, kaya maingat kaming umakyat pabalik sa daan. Nalungkot si Carl at hindi gaanong umimik habang pauwi kami.

Maagang-maaga kinabukasan nagbalik kami sa tulay at muli kaming nagsimulang maglakad. Kahit paano makakasali si Carl sa mga aktibidad sa Sabado. Nagmadali kami hanggang sa, biglang-bigla, nawala ang daan! Pagkatapos ay natanto namin. Nakarating kami sa mismong lugar kung saan kami huminto kagabi.

"Itay, hindi kukulangin sa 100 yarda (91 m) iyon pababa sa ilog," sabi ni Carl. "Muntik na tayong mamatay!"

Matarik ang talampas na kinaroroonan namin pababa sa ilog. Sa harap namin ay may puwang sa daan na mga 12 talampakan (3.6 m) ang lapad, na dulot ng huling bagyo.

Nagyakap kami ni Carl habang dumadaloy ang aming mga luha. Pagkatapos ay umakyat kami papunta sa ibang daan at nakarating sa campsite. Oras na ng almusal pagdating namin.

Dapat ay nalagyan ng babala ang unang daan pero walang nakalagay roon. Salamat na lang at binalaan kami ng Espiritu Santo. ■

Ronald D. Colby, Utah, USA

Di-kalayuan pababa ng daan nagsimulang lumamlam ang liwanag ng flashlight namin, at ang daan ay tila naglalaho paminsan-minsan sa aandap-andap na liwanag.



MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY CLARK

BUKLATIN MO ANG IYONG AKLAT NI MORMON

Bilang miyembro ng Vienna Austria Stake high council, dumadalo ako sa isang ward sa Vienna minsan sa isang buwan. Dahil nakatira ako 120 milya (190 km) mula sa Vienna, madalas akong sumakay ng tren para makarating doon.

Isang araw ng Linggo, pagkauwi ko mula sa pagbisita sa ward, nanlumo ako nang matuklasan kong wala ang pitaka ko. Nag-alala ako dahil hindi ko alam kung nawala ko ang pitaka ko o kung nadukot ito. Nasa pitaka ko ang kaunting pera, ang temple recommend ko, isang credit card, at iba pang mahahalagang card.

Kinabukasan nahirapan akong magtuon sa trabaho. Paulit-ulit kong tinanong ang sarili ko, "Kailan ko huling ginamit ang pitakang iyon? Naiwan ko ba iyon sa kung saan?" Tinawagan ko ang pulis, ang istasyon ng tren, at ang bishop ng ward na dinaluhan ko. Walang nakakita roon. Nagdasal din ako, at tumindi ang mga panalangin ko sa paglipas ng maghapon. Hindi ako gaanong nakatulog nang gabing iyon.

Nang magdasal ako kinaumagahan, nakadama ako ng malakas na espirituwal na pahiwatig na buklatin ang aking Aklat ni Mormon para mahanap ang sagot sa problema ko. Agad kong binale-wala ang pahiwatig na iyon dahil wala namang kinalaman ang Aklat ni Mormon sa nawawalang pitaka ko.

Naramdaman kong muli iyon: "Bakit ka nag-aalinlangan? Nauuna ang pananampalataya bago ang himala! Buklatin mo lang ang aklat. Ang unang talatang mababasa mo ang sasagot sa problema mo."

Hindi ko pinansin ang pahiwatig dahil inisip kong imposibleng mangyari iyon. Ngunit ayaw akong tigilan ng pakiramdam na iyon kaya nagpasiya akong sundin ito. Tumayo ako, nagpunta sa mesa ko, at dinampot ko ang aking Aklat ni Mormon. Bumilis ang pintig ng puso ko sa pag-asam. Hindi ko binuklat-buklat ang mga pahina. Binuklat ko lang ang aklat at binasa ang Jacob 3:1: "Umasa sa Diyos nang may katatagan ng pag-iisip, at manalangin sa kanya nang may labis na pananampalataya, at kanya kayong aaluin sa inyong mga paghihirap, at kanyang isasamo ang inyong kapakanan." Labis akong naantig at hindi na ako nakapagbasa pa.

Isasamo ng Panginoon ang aking kapakanan! Pumasok ako sa trabaho na panatag at maginhawa ang pakiramdam. Alas-11:00 n.u. nakatanggap ako ng tawag mula sa pulis sa istasyon ng tren at ipinaalam sa akin na may nagbalik ng pitaka ko. Pagkaraan ng isang araw natanggap ko ang pitaka ko. Walang nawala.

Pinanatag ako ng Panginoon sa aking mga paghihirap. Isinamo Niya ang aking kapakanan. Sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon sinagot ng aking Ama sa Langit ang aking panalangin sa tuwiran at personal na paraan. Mahal ko na noon pa man ang Aklat ni Mormon, at pagkatapos ng karanasang ito, lalo itong naging mahalaga sa akin. ■

Eduard Mayer, Upper Austria, Austria

Nang magdasal ako kinaumagahan, nakadama ako ng malakas na espirituwal na pahiwatig na buklatin ang aking Aklat ni Mormon para mahanap ang sagot sa problema ko.

BAKIT MAHAL KO ANG AKLAT NI MORMON

Halos 30 taon na ang nakararaan nagpunta ako sa Utah sa unang pagkakataon. Hindi ako namuhay na tulad ng isang Kristiyano pero gusto kong magbago. Hindi ko lang talaga alam kung paano.

Noong ikalawang gabi ko sa Utah, tumigil ako sa isang hotel sa munting bayan sa katimugang Utah. Nang ibigay sa akin ng babae sa opisina ang isang susi sa silid, itinanong ko kung siya ay isang Banal sa mga Huling Araw. Magiliw siyang sumagot ng, "Opo." Nakangiting idinagdag pa niya, "Nabasa na ba ninyo ang napakaganda naming aklat, ang Aklat ni Mormon?" Kapwa nagulat at naging interesado, sinabi ko sa kanyang hindi pa.

"May isang kopya po sa silid ninyo," sabi pa niya. "Walang kapana-panabik sa bayang ito para sa inyo, kaya makabubuting basahin na lang ninyo ang napakagandang aklat na ito."

Pinasalamatan ko siya at dinala ko na ang bagahe ko sa aking silid. Pagdating doon nakita ko ang isang maroon paperback na may pamagat na Aklat ni Mormon sa ibabaw ng lamesita sa tabi ng kama.

Wala sa loob na binuksan ko ang aklat sa bandang gitna at binasa ko ang ilang talata, pero hindi nakatuon ang isipan ko rito. Wala akong naunawaang anuman. Malungkot na inilapag ko ang aklat at lumabas ako ng silid, na hungkag ang damdamin. Inikot ko ang paligid sakay ng kotse hanggang sa makakita ako ng isang bar—isang madilim at pangit na lugar. Pumasok ako at agad akong nalungkot at nawalan ng pag-asa. Tumayo ako roon nang ilang minuto at saka ako tumalikod at mabilis na lumabas, na determinadong huwag nang sayangin ang isang sandali ng buhay ko saanmang bar.

Masigla akong bumalik sa aking silid sa hotel at dinampot ko ang Aklat ni Mormon. Lumuhod ako sa harap ng Panginoon, na hindi ko gaanong kilala, at sumamo sa Kanya na maawa sa akin. Hiniling kong patawarin Niya ako sa mga pagkakamali ko sa buhay at tulungan akong maunawaan ang babasahin ko sa Aklat ni Mormon, upang malaman ko kung si Joseph Smith ay tunay na propeta, at malaman kung ang Simbahang Mormon ay para sa akin.

Mapitagan kong binuklat ang aklat at binasa ang unang talatang nakita ko: "Ako ay nagpupuri sa kalinawan; ako ay nagpupuri sa katotohanan; ako ay nagpupuri sa aking Jesus, sapagkat kanyang tinubos ang aking kaluluwa mula sa impiyerno" (2 Nephi 33:6). Nag-alab ang puso ko at napaluha ako. Ang mga salitang ito ay nagbigay sa akin ng malaking liwanag ng pag-asa—ng liwanag ni Jesucristo na nag-aanyaya sa akin na lumapit sa Kanya.

Umiiyak, muli akong lumuhod at nanalangin, nagmamakaawa sa Panginoon na akayin ako. Pagkatapos ay muli kong binuklat ang aklat at sinimulang basahin ang unang kabanata ng 1 Nephi. Napuspos ako ng pagkamangha sa walang-kaparis na kapangyarihan, kadalisayan, at katotohanan ng mga salita at patotoo ni Nephi. Nagbasa ako hanggang alas-2:00 kinaumagahan, binuksan ng Panginoon ang aking pang-unawa habang nagbabasa ako.

Makalipas ang anim na buwan, nabinyagan akong miyembro ng kamangha-mangha at totoong Simbahang ito. Alam ko na tinulungan ako ng Panginoon na makita at mabasa ang Aklat ni Mormon—ang aklat na bumuo ng aking pananampalataya at patotoo kay Jesucristo. ■

Steve Rahawi, California, USA



Sa aking silid sa hotel nakita ko ang isang maroon paperback na may pamagat na Aklat ni Mormon.

NAGPAPALAKI BA AKO NG MGA BATA O NG MGA BULAKLAK?

Noong bata pa ang mga anak namin, lumipat kami sa isang maliit na bahay na may magandang bakuran. Sa magkabilang panig ng pintuan sa harapan ay may dalawang taniman ng mga bulaklak na walang laman, at bagama't limitado ang karanasan ko sa paghahalaman, natuwa akong magtanim ng mga bulaklak doon. Bumili ako ng aklat sa paghahalaman at umorder ako ng mga catalog para sa mga halaman at binhi at pinag-aralan ko itong mabuti.

Nang sumunod na ilang buwan ipinlano ko ang aking hardin, binungkal ko ang lupa, at nagtanim ako ng mahigit 200 usbong na halaman. Alam kong ilang buwan pa bago ako makakita ng anumang resulta, pero madalas ko pa ring tingnan kung tumubo na ang itinanim ko. Sa umpisa ng tagsibol ay nagsimulang mamukadkad ang mga bulaklak ko, simula sa munting mga purple iris at saka mga daffodil. Sa kalagitnaan ng tagsibol napuno ng magagandang tulips ang mga flower box ko. Gustung-gusto ko ang aking hardin, at madalas akong maupo sa hagdan sa harapan upang masdan ang mga bulaklak.

Isang hapon pinapunta ng aming apat-na-taong-gulang na anak na babae na si Emily ang kanyang kaibigan para maglaro. Bago dumating ang ina ng kanyang kaibigan para sunduin ito, nag-unahang pumasok ang mga bata sa pintuan ng kusina, yakap ang mga bunton ng tulips. "Tingnan po ninyo itong dala namin sa inyo," masayang sabi nila. Halos lahat ng bulaklak ay pinitas nila.

Minsan lang sa isang taon namumukadkad ang tulips. Lungkot na lungkot ako—pinaghirapan ko iyon at matagal na naghintay sa pagtubo niyon. Pinuno namin ng mga bulaklak ang mga plorera ko at ipinauwi namin ang natira sa kaibigan ni Emily. Kalaunan, nang ikuwento ko sa aking ina ang nangyari, sabi niya, "Mabuti na lang, mga bata ang pinalalaki mo at hindi mga bulaklak."

Natanto ko na kailangan kong baguhin ang aking pananaw. Naalala ko ang awitin sa Primary na kinanta ko sa aking mga anak tungkol sa pamimitas ng mga bulaklak:

Ikaw, o nanay, ang s'yang alaala.
Alay ko sa bawat bulaklak,
o nanay, halimuyak ng pag-ibig kong tunay.[1]

Nakita ko ang pagkasira ng aking hardin, ngunit ang nakita ng dalawang apat-na-taong-gulang na batang babae ay pagmamahal.

Ang pagtatanim ng mga bulaklak sa hardin ay nangangailangan ng pasensya, at ang pag-unawa sa sitwasyong ito ayon sa pananaw ng aking anak ay mas nangangailangan ng pasensya. Ngunit ang matutong magpasensya bilang isang ina ay mas naglalapit sa akin sa Panginoon. ■

Paula Schulte, Missouri, USA

TALA

1. "Ako ay Malimit Mamasyal," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 109.

Nag-unahan ang mga bata sa pagpasok sa pintuan ng kusina, yakap ang mga bunton ng tulips. "Tingnan po ninyo itong dala namin sa inyo," masayang sabi nila.

MAGKAKAPATID SA TIPAN

Bilang mga disipulo ni Jesucristo, lahat tayo ay may mga kapatid na babaeng nagmamahal at sumusuporta sa atin—anuman ang sitwasyon ng ating pamilya.

Ni Emmaline R. Wilson

Sa unang Linggo ko bilang estudyante sa Paris, France, namangha ako sa iba't ibang miyembro ng bago kong ward. Ang nangangasiwa sa Relief Society ay isang kaaya-ayang babae mula sa Eastern Europe. May ilang kababaihan mula sa West Africa na magiliw akong pinahiram ng kanilang himnaryo. Isang babaeng Asian na buong ingat na isinalin ang kanyang aralin sa French ang nagturo ng isa sa mga pinakatagos sa pusong araling narinig ko. Bagama't ako ay isang bata pang Amerikana na nakatira 5,000 milya (8,045 km) mula sa bayan kong sinilangan, napanatag ako sa piling ng mabubuting kababaihan ng Simbahan. Kami ay mula sa France, Cambodia, Ivory Coast, Ukraine, at Estados Unidos—ngunit hindi na mahalaga ang pagkakaiba sa edad at kultura. Pinagkaisa kami ng diwa ng kapatiran ng kababaihan.

Sa mga unang taon ko sa kolehiyo, natanto ko sa unang pagkakataon na kahanga-hanga ang grupo ng kababaihang kinabilangan ko sa buong buhay ko. Lumaki ako nang walang sariling mga kapatid na babae, kaya minsan nadama ko na hindi ko maunawaan kung ano ang kapatiran ng kababaihan. Kahit labis akong nagpapasalamat sa mababait kong mga magulang at mga kapatid na lalaki, inasam kong magkaroon ng mga kapatid na babae na makakabahagi, makakatawanan, at makakasama sa buhay. Sa halip, natuto akong umasa sa kababaihang natagpuan ko sa loob ng "pagkakaisa ng pananampalataya" (Mga Taga Efeso 4:13). Maraming karanasan ang nagturo sa akin na makakaasa ako sa matatapat na kababaihang ito—dahil sa ebanghelyo ni Jesucristo, mayroon *nga* akong mga kapatid na babae!

Itinuturo sa atin ng mundo na ang pagkakaiba-iba sa pamilya, henerasyon, kultura, o personalidad ay naglalayo sa atin sa isa't isa. Ang totoo, ang kababaihan ay nagkakaisa sa pagmamahal, sa paglilingkod, at sa ating banal na pamana bilang mga anak ng Ama sa Langit. Tinutulungan tayo ng pagkakaisang ito na tuparin ang ating mga tipan sa binyag. Nangako tayong "lumapit sa kawan ng Diyos, at matawag na kanyang mga tao, at nahahandang magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan;

"Oo, at nahahandang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati; oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan kayo ay maaaring naroroon" (Mosias 18:8–9).

Lumapit sa Kawan ng Diyos

Ang kababaihan ay nagtutulungan sa pagtupad sa mga tipang iyon sa binyag sa maraming paraan. Si Ting Chang ng Taiwan ay "lumapit sa kawan ng Diyos" noong nasa middle school siya. Dahil maralita ang kanyang pamilya, hindi nananangalian si Ting para makatipid sa gastos ang pamilya na napansin ni Jina, isang kaklase niya. Nagsimulang maghanda ang nanay ni Jina ng ekstrang pananghalian araw-araw para kay Ting. Di-nagtagal niyaya ni Jina ang kanyang kaibigan na magsimba. Sumapi sa Simbahan ang nanay ni Jina kamakailan, at tinuturuan

LARAWAN NG KABABAIHAN SA DEMOCRATIC REPUBLIC OF CONGO NA KUHA NI HOWARD COLLETT

naman ng mga missionary si Jina. Para kay Ting, nakakaantig ang halimbawa ng pag-ibig sa kapwa na ipinakita ng kababaihang ito, at nagsimula na rin siyang magpaturo sa mga missionary.

Magkasamang binasa nina Ting at Jina ang mga banal na kasulatan at isinulat sa journal ang kanilang mga sagradong karanasan. Tumibay ang bigkis ng kanilang kapatiran nang sabay na mabinyagan ang dalawang dalagang ito. Ngayon, kapwa sila nasa full-time mission para ipalaganap ang kagalakan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Si Jina, ang kanyang ina, at si Ting ay naging magkakapatid sa pamamagitan ng pamumuhay ng mga pamantayan ng Panginoon at sa pagtataglay ng Kanyang pangalan.

Magpasan ng mga Pasanin ng Isa't Isa

Mapagmahal na paglilingkod ang isa pang tanda ng tunay na kapatiran ng kababaihan. Mahabaging paglilingkod at visiting teaching ang paraan ng Simbahan sa paglilingkod na iyon. Isinalaysay ni Jacqueline Soares Ribeiro Lima ng Brazil kung paano pinagpala ng dalawang visiting teacher ang buhay niya at ng kanyang pamilya matapos masuri na may bipolar disorder siya at hindi makasimba palagi: "Ginawa ng asawa kong si Vladimir ang lahat para tulungan akong malagpasan ang pinakamalalang bahagi ng karamdaman. Hinarap niyang mag-isa ang pinakamalulungkot na sandali—hanggang sa maging



"Nagagalak tayo sa iba't ibang tungkulin natin bilang kababaihan sa Simbahan. Bagamat sa maraming paraan ay magkakaiba tayo, kinikilala rin natin na tayong lahat ay anak ng iisang Ama sa Langit, kaya tayo'y magkakapatid. Nagkakaisa tayo sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos at sa mga tipang ginawa natin."

Bonnie L. Oscarson, Young Women General President, "Kapatiran ng Kababaihan: Ah, Kailangang-Kailangan Natin ang Isa't Isa," *Liahona,* Mayo 2014, 119.

mga visiting teacher ko ang dalawang mababait na babae."

Ipinakita ng dalawang babaeng ito, sina Rita at Fátima, ang kanilang pagmamahal sa pamamagitan ng dagdag na pag-aaral tungkol sa sakit o karamdaman at pagtulong sa pamilya ni Jacqueline. Nadama niya palagi ang tunay na pagmamalasakit nila sa kanya. Kabilang sa kanilang paglilingkod ang pagdaraos ng munting party para kay Jacqueline at pananahi ng damit para sa kanyang anak na babae. Sa huli, ang tapat na malasakit nina Rita at Fátima ay espirituwal na nakatulong kay Jacqueline, at dahil napasigla siya ng kanilang lakas, muli siyang nagsimba nang regular.

Ang mga pasanin man ng ating mga kapatid ay pisikal, emosyonal, o espirituwal, napakaganda kapag tumulong tayo nang may pagmamahal sa pagod na bata pang ina, sa mahiyaing bagong Beehive, sa nalulumbay na matandang babae, sa Relief Society president na nagsisikap na gampanan ang kanyang tungkulin. Ang mga babae ng tipan ay "nagagalak sa paglilingkod at mabubuting gawa"[1] at sa gayon ay hinahanap at tinutulungan ang kanilang mga kapatid na napapagod o napapagal.

Makidalamhati sa mga Yaong Nagdadalamhati

Ang mga babaeng may pananampalataya ay sumusunod sa halimbawa ng Tagapagligtas kapag tumulong sila nang may pagmamahal. Marahil ay walang mas magandang halimbawa ng di-makasariling pagmamahal sa mga banal na kasulatan kaysa kay Noemi ng Betlehem at sa kanyang manugang na si Ruth ng Moab. Pinili ni Ruth na maglingkod sa kanyang biyenan nang mamatay ang asawa at mga anak ni Noemi. Sa kalungkutan, nagpasiya si Noemi na magbalik sa kanyang sariling bansa. Bagama't ang mga babaeng ito ay nagmula sa magkaibang kultura at relihiyon, naging magkaibigan sila nang suportahan nila ang isa't isa sa matwid na pamumuhay at magkatulong na hinarap ang mga pagsubok.

Ang halimbawa at paglilingkod ni Ruth ay napakadakila kaya nauwi sa kagalakan ang panaghoy ni Noemi sa kanyang mabuting kapalaran sa pagkakaroon ng kahanga-hangang manugang at kapatid na ito sa ebanghelyo. Napakatibay ng kanilang ugnayan kaya sinabi ng iba pang kababaihan, nang makita ang kanilang pagmamahalan, "Pagpalain ka nawa ng Panginoon, na . . . [nagbigay sa iyo ng] manugang na nagmamahal sa iyo, . . . at siya'y mahigit pa sa iyo kay sa pitong anak" (Ruth 4:14–15).

Aliwin Yaong mga Nangangailangan ng Aliw

Napanatag ng maikling sulat ng isang sister sa kanyang ward si Raihau Gariki ng Tahiti, na tinawag bilang guro sa Relief Society isang buwan lang matapos mag-18 taong gulang. Kinabahan siyang magturo sa "mga ina at lola, mga babaeng napakarami nang alam, naharap na sa maraming pagsubok, at dumanas na ng maraming bagay." Matapos ang kanyang unang aralin, nakatanggap siya ng "maikling liham na puno ng pagmamahal" mula sa isang babae sa klase. Pinalakas ng liham na ito ang kanyang tiwala sa sarili, at idinikit niya ito sa kanyang journal para matulungan siya sa mga oras ng paghihirap.

Ang magkakapatid sa ebanghelyo ay pinapanatag at sinusuportahan ang isa't isa sa panahon ng paghihirap. Naaalala ni J. Scott Featherstone, isang stake president sa Utah, ang pagpunta niya kasama ang kanyang asawa para

Ang mga babae ng tipan ay "nagagalak sa paglilingkod at mabubuting gawa" at sa gayon ay hinahanap at tinutulungan ang kanilang mga kapatid na napapagod o napapagal.

bisitahin ang isang babae sa kanilang stake na kamamatay lang ng asawa. "Niyakap lang siya ng aking asawa, umiyak silang pareho at inaliw siya hanggang sa madama niyang may nagmamahal sa kanya." Kung minsan ay gayon lang kasimple ang kapatiran ng kababaihan.

Tumayo Bilang mga Saksi ng Diyos

May malakas na kapangyarihan kapag lahat ng kababaihan na magkakaiba ang edad ay nagkakaisang "manindigan sa katotohanan at kabutihan."[2] Ang ating kapatiran sa ebanghelyo ni Jesucristo ay makapagpapalakas sa atin, anuman ang mga sitwasyong kinakaharap natin sa isang mundong lalong nagiging masama. Maging ang mga napakabata pa ay maaaring tumayong mga saksi: Si Jessica Vosaniyaqona ng California, USA, ay tinuruan ng ebanghelyo ng mga anim-na-taong-gulang na batang babae sa kanyang mga klase sa Primary, na nagpaalala at nagpatotoo sa kanya tungkol sa kahalagahan ng mga pamilya.

Ang matatandang babae ay mahalaga ring halimbawa. Ginunita ni Kimm Frost na taga-Utah ang maraming babaeng nakaimpluwensya sa kanya na manatiling matatag sa ebanghelyo, kabilang na si Ursula Squires. Sabi ni Kimm: "Si Sister Squires ay naging kompanyon ko sa visiting teaching noong siya ay mahigit 90 taong gulang na. Hindi siya makakita o makarinig na mabuti, ngunit lubos ang katapatan niya sa ebanghelyo. Lagi siyang nagsisimba at tapat niyang ginampanan ang tungkulin niya sa visiting teaching. . . . Naging inspirasyon siya sa akin." Sa halimbawa man o sa pagbabahagi ng patotoo, maaaring magkaisa ang kababaihan bilang mga disipulo ng Panginoon.

Mga Kababaihan sa Simbahan ng Diyos

Talagang nakakita ako ng mga kapatid nang mamasdan ko ang kababaihan na "tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar" (Mosias 18:9). Nagkaroon ako ng pagkakataong magmisyon. Nang dumating ang tawag sa akin na maglingkod sa Utah Salt Lake City Temple Square Mission—ang tanging mission sa Simbahan na puro babae—inaamin ko na kinabahan akong mapaligiran ng napakaraming kababaihan. Hindi pala ako dapat nag-alala. Lumakas nang husto ang aking patotoo tungkol sa kapatiran ng kababaihan nang makasalamuha ko ang napakaraming kababaihan na bawat isa ay nagpatotoo tungkol sa Tagapagligtas sa kanilang ginagawa araw-araw.

Sa aking unang bisperas ng Pasko sa misyon, tinipon ng mission president ko ang lahat ng sister missionary para manood ng isang napakagandang pelikula. May bahagi roon na ipinakita ang dalawang babae na nagtutulungang madaig ang nakakatakot na mga sitwasyon. Naantig ako sa kanilang pagkakaisa. Nang panoorin ko ang pelikula at masdan ang lahat ng masisiglang sister missionary, malakas na pinatotohanan sa akin ng Espiritu na ang kapatiran ng kababaihan ay walang-hanggang ugnayan na itinakda ng ating Ama sa Langit, at bahagi rin ako nito. Kaygandang katotohanan: hindi tayo nag-iisa kailanman, sapagkat binigyan tayong lahat ng Panginoon ng mga kapatid na babae. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA

MGA TALA

1. "The Relief Society Declaration," *The Latter-day Saint Woman: Basic Manual for Women* (2000), xi.
2. *Pansariling Pag-unlad ng Young Women* (buklet, 2009), 2.

Pinag-iisa ang mga Tao Mula sa Iba't Ibang Kultura sa Toronto

Ano ang pakiramdam ng maging matapat na young adult sa Ontario, Canada? Ibinahagi ng isang young adult ang kanyang kultura at pananampalataya.

Ni Katherine Nelson

Matatagpuan sa sentro ng Toronto, Canada, makikita sa Kensington Market ang marami at iba't ibang kultura sa mundo. Nakahilera sa makikitid na daan ang mga puwesto, tindahan, at restawran na may mga tindang pagkain mula sa maraming kultura—una na riyan ang Salvadorian, Mexican, Peruvian at French. Sa alinmang sulok, makikita ninyo ang mga basket ng makukulay na prutas at gulay, mesa-mesa ng maiinit at maninipis na pastry, at matitingkad at magagandang disenyo ng katutubong kasuotan ng iba't ibang kultura.

Ang mga pinagsama-samang kultura ng Toronto ay binubuo ng mga dayuhan, katutubo, refugee, at estudyante. Sabi ni Jonathan Porter, isang 25-taong-gulang na binatang naninirahan sa Toronto, "Ang maglingkod na kasama ng mga miyembro sa ward namin na iba't iba ang pinagmulan ay nakatulong sa akin na makita ang pagkakaiba ng mga kultura sa aking paligid—kabilang na ang sarili kong kulturang Canadian—at ang kultura ng ebanghelyo. Nakatutuwang makita na tinatanggap ng bawat kultura na mabuti ang mga inuturo ng ebanghelyo. Iyan ang nagbibigay-daan para makapag-usap nang may gabay ng Espiritu Santo, na tumutulong sa mga tao na magkaunawaan at pahalagahan hindi lamang ang kanilang sariling kultura."

Nakita na rin ni Jonathan ang impluwensya ng ebanghelyo sa mga tungkulin sa pamumuno: "Kahit madalas ay magkakaiba ang mga estilo ng mga lider sa pamumuno ayon sa kanilang kultura, hindi iyon mahalaga. Lahat sila ay tinawag ng Diyos sa pamamagitan ng paghahayag at sa awtoridad ng priesthood, at sila ay pinagpapala."

Para kay Jonathan, naibigay sa kanya ng institute ang isang bagay na mahalaga sa kanya: "Dahil lumaki ako sa Toronto, kakaunti ang mga kabarkada kong miyembro ng Simbahan, kaya pakiramdam ko ay ligtas at tanggap ako sa institute. Nagkakaisa kami dahil sa aming pagmamahal sa ebanghelyo. Napapansin ng ibang tao ang ating pamumuhay, nakikita ang ating mga pamantayan, at natatanto na tayo ay kakaiba."

Ang mga karanasan ni Jonathan ay nakapagturo sa kanya ng kahalagahan ng pag-ibig sa kapwa, "ang dalisay na pag-ibig ni Cristo" (Moroni 7:47). "Talagang kakaiba ang mga young adult sa institute, hindi laging likas na madaling mahalin ang isa't isa," sabi niya. "Natutuhan ko na ang kahulugan ng pag-ibig sa kapwa ay paglilingkod sa kapwa, kahit sa maliliit na paraan, at mahalin sila saan man sila nagmula."

Ang pagmamahal at pagkakaiba-ibang ito ay nakabuti sa gawaing misyonero. "Napakarami sa mga tagarito ang una- o kaya'y ikalawang henerasyon ng mga convert. Kung minsan sumasapi sa Simbahan dito ang mga tao at bumabalik sa kanilang bansa at ibinabahagi ang ebanghelyo sa kanilang pamilya at naghahatid ng lakas sa kanilang kultura. Para sa akin, iyan ang pamana ng Simbahan sa Toronto." ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

MGA LARAWANG KUHA NI KEVAN ASHWORTH

Ano ang kakaiba sa mga pagkain sa Toronto?
Madaling makakita ng iba't ibang klase ng curry, pagkaing African, at pagkaing Mexican. May isang malaking komunidad ng mga Jamaican, kaya ang ilan sa mga paborito kong kainin ay roti, kanin at gisantes, at karne ng kambing na iniluto sa curry.

Ano ang ginagawa mo para magsaya?
Mahilig akong mag-aral ng mga wika, at napapraktis ko ang mga ito sa mga kaibigan ko. Maayos akong nakakapagsalita ng limang wika: English, French, Haitian Creole, Portuguese, at Tswana.

Paano makipagdeyt sa Toronto?
Dahil maraming kabataan sa Toronto ang mga anak ng mga nandayuhan, kapag sinusundo ko sa bahay nila ang idedeyt ko, nakikilala ko ang kanyang mga magulang, na madalas ay sanay pa rin sa kanilang kultura at inaalok ako ng tradisyonal nilang pagkain. Masaya.

ANG SIMBAHAN SA CANADA
187,982 mga Banal sa mga Huling Araw
327 ward
150 branch
7 mission
8 templo

CANADA AYON SA ESTADISTIKA
34,568,211 mamamayan
44 na pambansang parke at reserves
50 porsiyento ng mga polar bear sa buong mundo ang nabubuhay sa Canada

IMPORMASYON TUNGKOL SA CANADA
Kabisera: Ottawa
Mga Wika: English at French

PAGHAHANDA PARA SA MGA OPORTUNIDAD SA BUHAY

Gusto ba ninyo ng magandang kinabukasan? Mag-aral!

Kapag patung-patong na ang homework ninyo at iniisip ninyo kung sulit ba ang lahat ng pagsisikap ninyo, alalahanin ang payo na ito mula sa Unang Panguluhan. Matutulungan kayo ng kanilang mga salita na puno ng karunungan na malagpasan ang susunod na bunton ng pag-aaralan nang may kauntipang pagsisikap.

Dahil malaki ang impluwensya ng edukasyon sa inyong kinabukasan at ito ay "mahalagang bahagi ng plano ng Ama sa Langit na tutulong sa inyong maging higit na katulad Niya" (*Para sa Lakas ng mga Kabataan* [2011], 9), matutuklasan ninyo na sulit ang bawat pagsisikap.

Pangulong Thomas S. Monson

PAGTUTURO NG LANGIT

"Ang ilang aral sa buhay ay natututuhan sa inyong mga magulang, samantalang ang iba ay natututuhan ninyo sa paaralan o sa simbahan. Gayunman, may mga pagkakataon na alam ninyo na ang ating Ama sa Langit ang nagtuturo at kayo ay Kanyang estudyante."

"Who Honors God, God Honors," *Ensign*, Nob. 1995, 48.

ANG DAGAT NG BUHAY

"Ang buhay ay isang dagat kung saan napapakumbaba ang mapagmataas, nabubunyag ang hindi gumagawa ng tungkulin, at nahahayag ang mga lider. Para makamtan ang inyong mga mithiin, kailangan ninyong tandaan ang lahat ng kailangang gawin. Kailangan ninyong matuto sa karanasan ng iba, manindigan sa mga prinsipyo, palawakin ang inyong mga interes, unawain ang mga karapatan ng iba na makamtan din ang sarili nilang mga mithiin, at maasahan sa paggawa ng inyong tungkulin.

"Ang mga pagsisikap ninyo sa pag-aaral ay magkakaroon ng malaking epekto sa inyong mga oportunidad kapag nakatapos na kayo. Kapag nahirapan kayong makakuha ng matataas na marka o grade, huwag balewalain ang kahalagahan ng matuto talaga kayong mag-isip."

"Great Expectations" (Brigham Young University devotional, Ene. 11, 2009), 4; speeches.byu.edu.

BACKGROUND NI HEMERA/THINKSTOCK; MGA BANNER NA GAWA NI KELLY-ANNE LEYMAN/ISTOCK/THINKSTOCK



Pangulo
Thomas S. Monson

President Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

President Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

MAGHANDA MUNA BAGO GUMAWA

"Mas kailangan ngayon ang paghahanda para sa mga oportunidad at responsibilidad sa buhay kaysa rati. Nabubuhay tayo sa isang pabagu-bagong lipunan. Ang matinding kompetisyon ay bahagi ng buhay. Malaki na ang pagkakaiba ng tungkulin ng asawa, ama, lolo, tagapaglaan, at tagapagtanggol sa nakalipas na henerasyon. Ang paghahanda ay hindi bagay na *marahil* o *baka*. Ito ay isang kautusan. Ang lumang kasabihang 'Mabuti pa ang taong walang kamuwang-muwang' ay tuluyan nang naglaho. Maghanda muna bago gumawa."

"Duty Calls," *Ensign*, Mayo 1996, 43.

Pangulong Henry B. Eyring

DETERMINASYONG MATUTO

"Bilang anak ng Diyos, ang inyong tadhana, kung sapat ang iyong pagsisikap at mananatiling tapat, ay maging katulad Niya. Ang ibig sabihin niyan ay walang bagay na totoo na hindi mo matututuhan, dahil alam Niya ang lahat ng katotohanan.

"Karamihan sa mga tao ay tumitigil sa pag-aaral dahil sa takot. Natatakot silang hindi matuto. Hindi kayo kailangang matakot kung kayo ay tapat. Maaaring matigil ang inyong pag-aaral sa eskwela sa kung anong dahilan, ngunit nais kong malaman ninyo nang may lubos na katiyakan na maaari ninyong matutuhan ang anumang nais ng Diyos na matutuhan ninyo. Naniniwala riyan ang magagaling na mag-aaral. Sila ay may determinasyon na matututo sila."

"Do What They Think You Can't Do," *New Era*, Okt. 1989, 6.

KILALA KAYO NG PANGINOON

"Ang inyong buhay ay binabantayang mabuti, na katulad ng buhay ko. Parehong alam ng Panginoon ang kailangan Niyang ipagawa sa inyo at ang kailangan ninyong malaman para magawa ito. Maaasahan ninyo nang may tiwala na naghanda Siya ng mga oportunidad para matuto kayo. Hindi ninyo lubos na matutukoy ang mga oportunidad na iyon, katulad ko noon. Ngunit kapag inuna ninyo ang mga espirituwal na bagay sa inyong buhay, ituturo sa inyo kung ano ang dapat ninyong matutuhan, at magaganyak kayo na lalo pang magsikap."

"Real-Life Education," *New Era*, Abr. 2009, 6.

Pangulong Dieter F. Uchtdorf

INUTUSANG MAG-ARAL

"Para sa mga miyembro ng Simbahan, hindi lamang magandang ideya ang edukasyon—ito ay isang kautusan. Dapat nating matutuhan ang 'mga bagay maging sa langit at sa lupa, at sa ilalim ng lupa; mga bagay na nangyari na, mga bagay na nangyayari, mga bagay na malapit nang mangyari; mga bagay na nasa tahanan, mga bagay na nasa ibang bansa' [tingnan sa D at T 88:79–80]."

"Dalawang Alituntunin para sa Alinmang Pamumuhay," *Liahona*, Nob. 2009, 58.

MATIYAGANG PAGSUSUMIGASIG

"Noong 10 taong gulang ako, naging mga refugee ang pamilya ko sa ibang lupain. Noon pa man ay mahusay na akong estudyante—ibig kong sabihin, hanggang sa makarating kami sa West Germany. . . .

"Dahil malaking bahagi ng kurikulum ang bago at [di-pamilyar] sa akin, napagiwanan ako. Sa kauna-unahang pagkakataon sa buhay ko, nag-isip-isip ako kung hindi ako ganoon katalino para mag-aral.

"Mabuti na lang may guro akong nagturo sa akin na magtiyaga. Itinuro niya sa akin na sa [patuloy] at palagiang pagsisikap—matiyagang [pagsusumigasig]—ay matututo ako.

"Sa paglipas ng panahon, naging malinaw ang mahihirap na subject—kahit ang English. Unti-unti naunawaan ko na kung lagi kong gagamitin ito, matututo ako. Hindi iyong naging madali, pero sa pagtitiyaga ay nagawa ko." ■

"Patuloy na Magtiyaga," *Liahona*, Mayo 2010, 57.

PAANO TUNAY NA MATUTO

Mag-aral sa halip na basta magtapos lang sa pag-aaral.

MGA PAGLALARAWAN NI ALEX WESTGATE

Ni David A. Edwards
Mga Magasin ng Simbahan

"Mag-aral na mabuti." Ito na siguro ang pinakamadalas ipayo sa mga tinedyer.

Ngunit kahit sa mga nakikinig sa payong ito, tila mas maraming natututuhan ang ilan sa kanilang pag-aaral kaysa sa ibang tao—at hindi lang mga grado o degree o trabaho ang pinag-uusapan natin. Kung gayon ay ano ang kaibhan ng mga taong talagang "natututo" sa mga tao na basta "makatapos lang sa pag-aaral"?

Hindi ito tungkol sa likas na kakayahan kundi tungkol sa ilang priyoridad, pag-uugali, at kasanayan, tulad ng mga sumusunod.

"Tandaan, na anumang labis sa buhay na ito ay maaaring magdulot sa atin ng hindi balanseng buhay. Kasabay nito, ang sobrang kakaunti ng mahahalagang bagay ay lilikha ng gayon ding resulta."

—Elder M. Russell Ballard

Mga Priyoridad

1. Hangaring matutuhan ang mga bagay na espirituwal. Para matiyak na magtatagumpay kayo, sundin ang payo ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan:

"Dapat nating unahing matutuhan ang mga bagay na espirituwal. . . .

". . . Ang unahing matutuhan ang mga bagay na espirituwal ay hindi nag-aalis sa atin sa pag-aaral ng mga sekular na bagay. Sa halip, ito ang nagbibigay sa atin ng layuning pag-aralan ang mga sekular na bagay at hinihikayat tayong pagsikapan pa ito.

"Para mabigyan ng tamang priyoridad ang espirituwal na pag-aaral, kailangan nating gumawa ng ilang mahihirap na desisyon kung paano gagamitin ang ating oras. Ngunit hindi dapat sadyain na hindi unahin ang espirituwal na pag-aaral. Huwag itong gawin kailanman. Hahantong iyan sa kapahamakan."[1]

2. Manatiling balanse. Ang ibig sabihin ng balanse ay alam na alam ninyo ang inyong mga priyoridad. Makakatulong sa inyo na gawing priyoridad ang manatiling balanse para manatiling tama ang inyong pananaw. Sabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Tandaan, na anumang labis sa buhay na ito ay maaaring magdulot sa atin ng hindi balanseng buhay. Kasabay nito, ang sobrang kakaunti ng mahahalagang bagay ay lilikha ng gayon ding resulta."[2]

3. Matulog nang sapat. Maliit na bagay lang siguro ito, ngunit malaking kaibhan ang nagagawa ng pagtulog nang sapat—at tiyak na mas mabuti ito kaysa mag-isip kung paano mananatiling gising sa klase. Napatunayan sa mga pagsasaliksik na mahalaga ang sapat na tulog para matuto, ngunit isinasakripisyo ito ng maraming tao para sa iba pang mga bagay (kadalasa'y sa paglilibang). Tiyaking nasa listahan ito ng inyong mga priyoridad. (Ngunit huwag namang sobra-sobra; tingnan sa numero 2 sa itaas at sa Doktrina at mga Tipan 88:124.)

Pag-uugali

1. Kayo ang responsable sa inyong pag-aaral (pati na sa inyong mga kabiguan). May kilala ba kayong mga tinedyer na umaasa pa rin sa tulong ng kanilang mga magulang sa lahat ng homework at proyekto nila sa paaralan? o nagpapaliwanag na mababa ang mga marka o grado nila dahil "Ayaw lang sa akin ng titser ko"? o isinisisi ito sa iba pang mga sitwasyon? Maging responsable sa inyong pag-aaral. Mamamangha kayo sa matututuhan ninyo talaga at magiging mas masaya kayo.

2. Ang pagkakaroon ng mataas na marka o grado ay iba sa mga bagay na natutuhan. Huwag ipagkamali ang simbolo (marka o grado) sa bagay na dapat nitong isagisag (pagkatuto at pagsisikap). Bagama't ang mga marka o grado ay mahalagang panukat, tandaan na ang kaalaman at mga kasanayang natatamo ninyo ay mas mahalaga kaysa anumang marka o grado, mataas man o mababa. Sa ganitong pag-uugali, mas madalas kayong masisiyahan sa inyong mga grado.

3. Ang inyong pagpapahalaga sa sarili ay hindi dapat batay sa mga panlabas na bagay na tulad ng mga award, grado, at degree. Kung nauunawaan ninyo ang likas na kahalagahan ninyo bilang anak ng Ama sa Langit, liligaya kayo may mga gantimpala man o wala ang inyong mga nagawa. Sikaping makamtan ang inyong mga mithiin sa pag-aaral, ngunit huwag

Magbasa para malibang. Araw-araw, magbasa ng makabuluhang babasahin: mga aklat, magasin, website, anumang nagbibigay ng kaalaman o inspirasyon.

gawing sukatan ang mga gantimpala sa pagpapahalaga ninyo sa sarili.

4. Ang pagsisikap ay mas mahalaga kaysa "pagiging ismarte." Kahit iniisip ninyo na mas nadadalian kayong magaral kaysa sa iba dahil sa taglay ninyong mga kakayahan, dapat ninyong ituring na bunga ng inyong pagsisikap ang inyong mga tagumpay sa halip na ituring na taglay na ninyo ito nang isilang kayo. At kung mahirapan kayo, huwag sumuko—pagsisikap ang tutulong sa inyo. Ang pag-uugaling ito ay tutulong nang malaki sa lahat ng aspeto ng inyong buhay, lalo na kapag nagtapos na kayo sa pag-aaral at nagtrabaho na. Walang madaling paraan para tunay na matuto—hindi ninyo mapapaniwala ang mga tao na nauunawaan ninyo ang isang bagay kahit hindi naman.

5. Marami na kayong alam, ngunit hindi lahat. Pag-isipang mabuti kung paano nagkakaugnay sa isa't isa ang lahat ng iba't ibang bagay na pinag-aaralan ninyo. Ngunit huwag pumasok sa anumang sitwasyon na inaakalang alam na ninyo ang lahat—walang ganoong tao. Mas mahihirapan kayong matuto sa ganyang ugali.

6. Pagkatuto ang mismong gantimpala. Maraming tao ang nagsasabing edukasyon ang paraan para makamtan ang isang layunin—paraan para umasenso sa buhay, makakuha ng magandang trabaho, at iba pa. Bagama't maaaring totoo iyan, totoo rin na mas liligaya at matututo kayo kung ang mithiin ninyo mismo ay matuto. Huwag kayong palaging nagtatanong ng "Kasama ba ito sa pagsusulit?" o "Magagamit ba natin ito sa buhay natin?"

7. Huwag iwasan ang mga hamon dahil lamang sa posibleng mabigo kayo. Kapag mas handa kayong gawin ang mahihirap na bagay ngayon, magiging mas handa kayong harapin ang darating kalaunan. Halimbawa, ang mga tao na pinipili ang lahat ng pagaaralan nila batay sa kadalian ng mga ito ay hindi ginagamit ang kanilang buong kakayahan at maaaring itinatago ang kanilang mga talento.

8. Maging mausisa. Marami kayong matututuhan kung kayo ay mausisa at magtatanong. Gayundin, kapag interesado kayo sa mga bagay-bagay, mas kagigiliwan kayo. Tandaan, natututo kayo sa lahat ng oras, sa lahat ng dako, hindi lang sa paaralan.

9. Magagawa ninyo iyan. Iba ang *mahirap* sa *imposible*. Maaaring mahirapan kayong matuto, ngunit makakaya ninyo iyan. Ang pag-aaral ay isa sa mga bagay na gagawin ninyo rito sa lupa.

Mga Kasanayan

1. Pag-aralan ang mga bagay na gusto mo; mahalin ang natutuhan mo. Hanapin ang mga bagay na talagang nakakatuwa at nakakawili sa iyo, at sikaping makamtan ang mga ito. Ngunit alamin din kung paano makikita ang kahalagahan ng lahat ng itinuturo sa inyo.

2. Magbasa para malibang. Araw-araw, magbasa ng makabuluhang babasahin: mga aklat, magasin, website, anumang nagbibigay ng kaalaman o inspirasyon. Ang mga nagbabasa ng makabuluhang materyal ay karaniwang mas magaling sa paaralan at mas maligaya sa buhay.

3. Pansinin kung paano ninyo hinaharap ang problema. Ang mabatid ang mga bagay na nagbibigay sa inyo ng problema at mabatid ang mga pamamaraang higit na akma sa inyo para mabawasan ang bigat nito ay mahahalagang kasanayan sa buhay.

4. Humingi ng tulong kapag kailangan ninyo—at magpatulong sa mga taong talagang makakatulong. Maniwala man kayo o hindi, ang paghingi ng tulong ay isang kasanayan. Ang tanggaping wala na kayong magawa at paghingi ng nararapat na tulong bago maging huli ang lahat ay makakagawa ng malaking kaibhan.

5. Gamitin nang matalino ang inyong oras. Ang ibig sabihin ng matalinong paggamit ng oras ay tiyakin na ang mga bagay na *sinasabi* ninyong mga priyoridad ninyo *ay* talagang mga priyoridad ninyo. Maghanap ng isang sistemang komportable kayo at tutulong sa inyo na makamtan ang inyong mga mithiin. ■

MGA TALA

1. Henry B. Eyring, "Real-Life Education," *New Era,* Abr. 2009, 5.
2. M. Russell Ballard, "Panatilihing Balanse ang Inyong Buhay," *Liahona,* Set. 2012, 50.

DINALA SA MAS MAGANDANG LUGAR

"Maghanap kayo sa mga pinakamabubuting aklat ng mga salita ng karunungan; maghangad na matuto maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya"
(Doktrina at mga Tipan 88:118).

PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

MGA ARALING PANG-LINGGO

Paksa sa Buwang Ito:
Mga Kautusan

Kapag Gusto ng mga Kaibigan Mo na MALAMAN ANG DAHILAN

Kapag mas inuunawa mo ang iba, mas matutulungan mo silang maunawaan ang iyong mga pamantayan.

Ni Richard M. Romney
Mga Magasin ng Simbahan

Noong si Kathy R. ay 17-taong-gulang na tinedyer sa Arizona, USA, kadalasa'y kailangan niyang ipaliwanag sa mga kamag-anak niya ang ilang bagay na ginawa niya—o hindi niya ginawa bilang Banal sa mga Huling Araw.

"Naaalala ko na nagkausap kami minsan ng tiya ko," sabi ni Kathy. "Sabi niya, 'Hindi kayo pinapayagan ng Simbahan ninyo na manigarilyo o uminom ng alak, 'di ba?' Sinabi ko sa kanya na itinuturo ng Simbahan na hindi makakabuti ang pag-inom ng alak at paninigarilyo pero binigyan ako ng Ama sa Langit ng kalayaang piliin ang gusto ko, at dahil alam ko ang dapat, *pinili* kong huwag manigarilyo o uminom ng alak."

Ayon kay Kathy, mas magandang isagot ito sa sitwasyon niya kaysa sabihing, "Salungat sa mga pamantayan ko ang paninigarilyo at pag-inom," bagama't kung minsan ay maaaring iyan ang nararapat isagot.

"Akala kasi ng tiya ko, pinipilit ng mga simbahan ang mga tao na sumunod, kaya nang ipaliwanag ko sa kanya na malaya tayong magpasiya, talagang naging interesado siya sa sinabi ko," sabi ni Kathy. "Nang ipaliwanag ko na nangako ako sa aking sarili na hindi ako maninigarilyo o iinom, handa siyang suportahan ako."

Samahan ng Malasakit ang Pagbabahagi

Tulad ng ipinakita ng karanasan ni Kathy, maaaring mas madali sa iyo na ipaliwanag ang mga pamantayan ng Simbahan sa iba kung itatanong mo muna sa iyong sarili kung ano ang alam mo tungkol sa mga taong kinakausap mo. Ano ang naghikayat sa kanila na magtanong? Gusto lang ba nilang usisain ang pinaniniwalaan mo? May partikular ba silang itinatanong at naghahanap sila ng tapat na sagot, o nag-aalangan sila, umaasang mauunawaan mo ang nasasaloob nila

bago sila lubusang magtiwala sa sinasabi mo? Anong bagay ang interesado *silang* pakinggan?

Maaaring ipaisip o ipadama sa iyo ng Espiritu kung ano ang makatutulong sa kanila. Kung gayon, sundin ang paramdam. Hindi mo kailangang magbigay ng mahabang mensahe tungkol sa paniniwala mo o makipagtalo pa tungkol sa doktrina. Gawin itong simpleng pag-uusap. Ipaliwanag lang ang mga espirituwal na mithiin mo para sa iyong sarili at kung paano mo nakamtan ang mga ito.

Tandaan na makatwiran lang na ipaalam sa kanila na maaaring hindi mo masagot ang lahat ng tanong, pero maaari mo silang ipakilala sa iba, tulad ng mga missionary, na makakatulong sa kanila na matagpuan ang kanilang hinahanap.

Tandaan, hindi ito tungkol sa gusto *mong* sabihin; tungkol ito sa kung ano ang handa *nilang* pakinggan. Hayaang maipahayag ninyo sa isa't isa ang mga saloobin ninyo at pinaniniwalaan. Isama ang iyong patotoo kapag angkop at tulutang magpatotoo ang Espiritu Santo sa katotohanan. Iyan ang pinakamainam na paraan para matulungan ang iba na maunawaan kung ano ang mga pamantayan at kung bakit mo sinusunod ang mga ito. (Tingnan sa 1 Nephi 10:17–19.)

Ang Halimbawa ng Pamumuhay ng Ebanghelyo

Naaalala ni Laurent B. ng France kung ano ang pakiramdam ng ikaw mismo ang nagtatanong. Noong siya ay 15-taong-gulang na tinedyer at dumalo sa mga pulong ng Simbahan sa unang pagkakataon, napansin niya na masaya ang mga miyembro, lalo na ang mga kabataan.

"Marami akong tanong," sabi niya. "Hindi tulad ng mga estudyante sa paaralan namin, hindi sila naniniga-rilyo o umiinom at iginagalang ng mga kabataang lalaki at babae ang isa't isa. Lahat ay tila may direksyon at layunin sa buhay, at lubos itong nakaakit sa akin."

Naging kaibigan niya sina Jean-Michel L., 16, at ang kapatid nitong si Eva, 14. "Ipinaliwanag nila na ang Word of Wisdom ay mga tuntunin ng malusog na pamumuhay," paggunita ni Laurent. "Ibinahagi nila ang kanilang nadarama tungkol sa kalinisang-puri at ipinaliwanag na ito ay utos mula sa Ama sa Langit, na nais tayong maging matatapat na mag-asawa sa kawalang-hanggan.

"Hindi lang nila ipinaliwanag ang kanilang mga pamantayan sa akin, kundi nakita ko mismo na ipinamuhay nila ang kanilang pinaniniwalaan," sabi ni Laurent. "Kapag sinusunod mo ang mga kautusan, pinasasaya ka nito, at ang kaligayahan mo ay tutulong sa mga tao na gustuhing malaman kung bakit ganoon ka mamuhay."

Natutuhan ni Laurent sa kanyang karanasan na hindi ang pagbanggit ng mga pamantayang sagot ang pinakamainam na paraan para maibahagi ang nalalaman mo. Ang pinakamainam na paraan ay ipamuhay ang pinaniniwalaan mo. At tulad ng sabi sa banal na kasulatan, "lagi kayong handa ng pagsagot sa bawa't tao na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pagasang nasa inyo" (I Ni Pedro 3:15). ■

SAMAHAN NG MGA HINDI NAGSASALITA NG MASAMA

Panoorin kung paano napansin ang isang binatilyo sa loob at labas ng bansa nang ipaliwanag niya ang kanyang mga pamantayan: lds.org/go/nocussing.

MAS DAPAT KUNG GAYON

"Maaaring sabihin ng ilan, 'Palagay ko hindi ako makakaayon sa mga pamantayan ninyo.' Mas lalo kayong dapat sumama sa amin kung gayon! Layunin ng Simbahan na pangalagaan ang mga may kakulangan, nahihirapan, at napapagal. Puno ito ng mga taong *nag-hahangad* nang buong puso na sundin ang mga kautusan, kahit kulang pa ang *kakayahan nilang sundin* ang mga ito."

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Halina, Sumama sa Amin," *Liahona*, Nob. 2013, 23.

SUMALI SA USAPAN

Mga Bagay na Maaari Ninyong Gawin:

- Itala sa inyong journal ang naging mga karanasan ninyo sa pamumuhay ng mga pamantayan ng Simbahan at sa pagbabahagi nito sa iba.
- Sa pulong ng ayuno at patotoo o sa mga pulong ng mga kabataan, ibahagi ang inyong patotoo tungkol sa mga pamantayan ng Panginoon.
- Basahin sa pangkalahatang kumperensya ang mensaheng "Ang Paghahanda ay Naghahatid ng mga Pagpapala," ni Pangulong Thomas S. Monson (*Liahona*, Mayo 2010, 64). Nagsalita siya tungkol sa pakikipagdeyt, pagkakaibigan, katapatan, at iba pang mga pamantayan. Isiping gumawa ng listahan ng payo na gusto ninyong sikaping sundin.

ALAM KO NA ANG KAILANGAN KONG GAWIN

Kung hindi ko itatatwa ang Simbahan, kailangan akong umalis sa aking paaralan.

Ni Joseph Sengooba

Nag-aaral ako sa isang paaralang pinangangasiwaan ng isa sa mga simbahan sa aking bansa. Kamakailan pinili ako ng mga kaklase ko na maging class counselor. Isang araw habang nagpaplano ako ng itituro, nabasa ko ang buklet ng Simbahan tungkol sa batas ng kalinisang-puri. Ipinasiya kong magturo sa mga kaklase ko tungkol sa kalinisang-puri at humingi ako sa mga full-time missionary ng mga buklet, na ipinamigay ko sa oras ng klase.

Pagkatapos kong magturo, maraming estudyante ang gusto pang malaman ang tungkol sa Simbahan, kaya tinuruan ko sila at binigyan ng iba pang mga materyal ng Simbahan, kasama na ang Aklat ni Mormon. Hindi ko alam na hindi pala ito inaprubahan ng punong-guro.

Isang araw ipinatawag niya ako sa kanyang opisina at itinanong kung ano ang relihiyon ko. Nang sabihin ko sa kanya, itinanong niya kung bakit ako namimigay ng "Biblia" ng Simbahan sa mga estudyante. Sinabi ko sa kanya na binigyan ko lang ang mga nanghingi nito.

Matapos ang mahabang pag-uusap tungkol sa Simbahan, na nilinaw niya na naniniwala siyang hindi ito ang Simbahan ng Diyos, sinabi niya sa akin, "Alam kong wala ka nang mga magulang, ngunit ikinalulungkot ko—kailangan kang umalis sa paaralan ko dahil marami sa magagaling na estudyante ko ang makukumbinsi mo na sumapi sa simbahan ninyo." Sinabi niya sa akin na pumili ako: ang Simbahan o ang pag-aaral ko.

Tumawag siya ng pulong at sinabi sa buong paaralan na hindi na ako mag-aaral sa paaralan dahil miyembro ako ng Simbahang Mormon at ang sinumang estudyanteng sumusunod sa akin ay kailangan ding umalis.

Pagkatapos ng pulong, itinanong niya kung ano ang pinili ko: simbahan ko o pag-aaral ko. Nadama ko ang Espiritu na nagsasabi sa akin na panindigan ko ang alam ko: na ipinanumbalik ng Panginoon ang Kanyang totoong Simbahan. Nagpatotoo ako sa kanya noong paalis na ako. Sinabi niya sa akin na bumalik sa susunod na linggo para kunin ang isang liham na nagpapatunay na hindi na ako nag-aaral sa paaralang iyon.

Pagdating ko nang sumunod na linggo, nagbago ang isip niya! Hindi na niya ako pinapaalis sa paaralan. Napakasaya ko, dahil pinanindigan ko ang alam kong totoo.

Ang karanasang ito ay nagturo sa akin na laging panindigan ang alam nating totoo. Ang Panginoon ay laging nariyan para sa atin. Kung itinatwa ko ang Simbahan, tiyak na sasabihin ng mga estudyante na hindi totoo ang itinuro ko sa kanila, pero ngayon ay alam na nila na alam ko ang katotohanan. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Central Region, Uganda.



PAGLALARAWAN NI DAVID HABBEN

TUWIRANG SAGOT

May kaibigan ako na laging minamaliit ang kanyang sarili. Paano ko siya matutulungang gumanda ang pakiramdam niya sa kanyang sarili?

Ang paraan ng paglutas mo sa problema ng kaibigan mo ay depende sa tindi nito. Halimbawa, maaaring pinipintasan niya ang kanyang sarili para lamang siya magmukhang mapagpakumbaba o mapuri o aluin ng iba. Kung magkagayon, humayo ka at aluin mo siya ngunit magiliw rin siyang tulungang huwag gaanong magtuon sa kanyang sarili kundi mas magtuon sa iba. Sa ganitong paraan ay mas masisiyahan siya at magkakaroon ng higit na pagpapahalaga sa sarili, at tunay na magpapakumbaba.

Sinabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Hindi tayo nagiging mapagpakumbaba sa paghamak *sa* ating sarili; nagiging mapagpakumbaba tayo sa hindi gaanong pag-iisip *tungkol* sa ating sarili" ("Kapalaluan at ang Priesthood," *Liahona,* Nob. 2010, 58).

Kung ang problema ay tilamas matindi—kung may suspetsa kayo na dumaranas siya ng matinding depresyon—hikayatin siyang makipag-usap sa kanyang mga magulang, sa isang counselor sa paaralan, o sa kanyang bishop. O ikaw na mismo ang lumapit sa kanila at magpaliwanag sa sitwasyon. Maaari nilang tiyakin na matanggap niya ang tulong na kailangan niya, pati na ang propesyonal na tulong kung kailangan. ■

Paano ako magpapakita ng pagmamahal sa mga taong masungit sa akin?

Itinuro ng Tagapagligtas: "Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig" (Mateo 5:44). Ang utos na ito ay hindi madaling sundin, dahil salungat ito sa ating pagkatao—ibig sabihin, salungat sa likas na tao (tingnan sa Mosias 3:19). Kaya, saan tayo magsisimula? Narito ang ilang ideya.

- Sikaping tingnan ang lahat ng tao bilang mga anak ng Ama sa Langit. Hindi lang ito isang magandang ideya; ito ay totoo. Hayaan itong tumimo nang malalim sa inyong puso, at maaaring magbago ang inyong pakikipag-ugnayan.
- Kilalanin na ang uri ng pag-ibig na iniutos ng Tagapagligtas na taglayin natin ay talagang kaloob mula sa Diyos, kaya kailangan kayong "manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak na si Jesucristo" (Moroni 7:48).
- Maghanap ng mga mumunting paraan para mapaglingkuran ang masusungit. Hindi mo alam kung kailan sila matutulungan nitong magbago, ngunit kahit hindi sila magbago, mas makalalamang kayo sa pagiging mabait.
- Ibahagi ang ebanghelyo sa kanila, kahit ito'y tuwirang pagsasabi at matibay na patotoo ng isang simpleng katotohanan—tulad ng, "Tayong lahat ay mga anak ng Diyos." ■

Ni Elder Kazuhiko Yamashita
Ng Pitumpu

Ang "sumulong nang may pananampalataya" ay mga katagang dapat gumabay sa ating buhay.

Susume!

Sa wikang Hapon ng himnong "Tinawag Upang sa Diyos Maglingkod" (*Mga Himno,* blg. 151), ang mga salitang Ingles na *onward* at *forward* ay isinalin bilang *susume.* Ang salitang iyan ay may mahalagang kahulugan para sa akin dahil sa nangyari ilang taon na ang nakararaan noong ako ang stake president sa Fukuoka, Japan.

Bumisbiita noon ang Pangulo ng Simbahan na si Gordon B. Hinckley (1910–2008), at hinilingan akong samahan siya. Sa isang pulong, 300 full-time missionary ang nagtipon para pakinggan ang propeta. Napuspos ng Banal na Espiritu ang kapilya, at marami sa amin ang napaluha sa kagalakan. Inawit namin ang "Tinawag Upang sa Diyos Maglingkod" sa wikang Hapon, at inulit-ulit namin ang *susume, susume.* Tinanong ni Pangulong Hinckley ang mission president, na katabi niya sa upuan, "Ano ang ibig sabihin ng *susume*?"

"Ang ibig sabihin po niyan ay 'sumulong,'" sagot ng mission president.

Napakaganda ng pulong. Hinikayat at binigyang-inspirasyon ni Pangulong Hinckley ang mga missionary. Pagkatapos, kumaway na siya at nagpaalam at nilisan ang gusali. Nang sumakay na siya sa kotse ko para bumalik sa hotel, may isang salita siyang sinabi sa akin, sa wikang Hapon: *"Susume!"*

Isang Napakagandang Mensahe

Ang salitang iyon ay naging motto ko: "Sumulong! Maging positibo! Harapin ang bukas nang may pananampalataya!" Ito rin ang mensaheng ibinigay sa mga kabataan ng Simbahan sa huling bahagi ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan.* Matapos repasuhin ang mga pagpapalang nagmumula sa pagsunod sa mga pamantayan ng Panginoon, sa bahaging may pamagat na "Sumulong nang may Pananampalataya," ganito ang nakasaad: "Kapag ginawa ninyo ang mga bagay na ito, mas gagawing makabuluhan ng Panginoon ang buhay ninyo kaysa magagawa ninyo kung kayo lang mag-isa. Daragdagan Niya ang inyong mga oportunidad, palalawakin ang inyong pananaw, at palalakasin kayo. Ibibigay Niya ang tulong na kailangan ninyo upang makayanan ang mga pagsubok at hamon sa buhay. Lalong lalakas ang inyong patotoo at matatagpuan ninyo ang tunay na kaligayahan kapag nakilala ninyo ang inyong Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, at madarama ang pagmamahal Nila sa inyo" ([2011], 43).

Itinuturo sa atin ng ebanghelyo na sumulong nang may pananampalataya. "Magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan" (Mateo 7:7). Para sa akin, ang ibig sabihin nito ay *susume.*

Isang Bantog na Kuwento

Ang samurai ang maharlikang militar ng Japan noong medieval age at sa simula ng makabagong panahon. Pinag-uusapan pa rin ng mga Hapones ang isa sa kanila, si Ryoma Sakamoto, na namatay noong 1867. Ang isa sa mga dahilan kaya popular pa rin siya ngayon ay dahil laging positibo ang kanyang pananaw. Wala siyang kinatakutang

MGA PAGLALARAWAN NI JULIA YELLOW

進め

sinuman o anuman. Nagpunta siya saanman siya kailangan. Dahil naniwala sa tuntunin na lahat ng tao ay nilikhang pantay-pantay, ginawa niya ang lahat para makapagtatag ng bagong pamahalaan. Ngunit siya ay pinatay nang pataksil, at kahit maraming beses siyang sinaksak ng espada ng isa pang samurai, hindi siya sumuko. Pinilit niyang tumayo at sumulong. Bantog na bantog ang kuwentong ito sa Japan.

Nauunawaan ko na lahat tayo ay may mga pagsubok at pagdurusa, at kung minsan ay maaari nating madama na inaatake tayo ng ating mga kalaban. Tutuksuhin tayo ni Satanas na maging negatibo ang ating pag-iisip at mawalan ng pag-asa.

Ngunit pinatototohanan ko sa inyo na ang ebanghelyo ay nagbibigay sa atin ng lakas na sabihing *susume* at magpatuloy. Ang ebanghelyo ay hindi nagbibigay sa atin ng mga negatibong mensahe. Kailangan tayong manindigan at sumulong nang may pananampalataya, dahil nangako sa atin ang Panginoon na hindi tayo madaraig. "At ang Panginoon, ay siyang nagpapauna sa iyo; siya'y sasa iyo, hindi ka niya iiwan, ni pababayaan ka: ikaw ay huwag matatakot, ni manglupaypay" (Deuteronomio 31:8).

Ang Pinagmumulan ng Kaligayahan

Mahal kong mga kaibigan, gusto kong lumigaya kayo. Ang tunay na kaligayahan ay dapat isalig sa kaalaman na ang ating Ama sa Langit ay buhay. Mahal at kilala Niya ang bawat isa sa atin. Alam niya ang lahat ng tungkol sa atin—ang ating mga kahinaan, kalakasan, mabuting ugali, masamang ugali, hamon, at pagdurusa. Dahil mahal Niya tayo, isinugo Niya ang Kanyang Anak upang iligtas tayo. Si Jesucristo ang aking Tagapagligtas. Siya ang Tagapagligtas ng aking pamilya. Siya ang inyong Tagapagligtas. Ginagabayan Niya tayo. Inaakay Niya tayo. Alam ko na ang Simbahang ito ang Kanyang Simbahan, at alam ko na si Pangulong Thomas S. Monson ang ating buhay na propeta.

Ipinapangako ko sa inyo na kung kayo ay may positibong pananaw at hahanapin ninyo ang mabubuting bagay, ang Banal na Espiritu ay sasainyo. Kung iisipin ninyo ang Diyos at ang mabubuting bagay, gagabayan kayo ng Banal na Espiritu. Mahihikayat ninyo ang inyong sarili na "sumulong," at sa kabila ng inyong mga pagsubok, magpapatuloy kayo nang may pananampalataya. ■

LAKAS SA PAMAMAGITAN NG MGA PAMANTAYAN

Para sa karagdagang kaalaman bisitahin ang pahina ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan* sa standards.lds.org.

MAGAGAWA NINYO ITO

Ang ebanghelyo ay mensahe ng pag-asa. Kahit kayo ay pinanghihinaan ng loob, makakasulong pa rin kayo nang may pananampalataya. Narito ang pitong mungkahing tutulong sa inyo.

1. **Magpakita ng kasigasigan araw-araw.** Manalangin. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Sundin ang mga kautusan. Dumalo sa mga pulong at sa seminary. Makibahagi sa mga family home evening.
2. **Magsisi.** Kapag nagkamali kayo, humingi ng tawad.
3. **Makinig sa Espiritu Santo.** Sundin ang Kanyang mga pahiwatig.
4. **Magkaroon ng tiwala.** Suportahan ang inyong mga lider. Tanggapin ang mabubuting turo ng inyong mga magulang.
5. **Alamin ang tungkol sa Tagapagligtas.** Lumapit sa Kanya, at Siya ay lalapit sa inyo (tingnan sa D at T 88:63). Ang Espiritu ay magpapatotoo na Siya ay buhay.
6. **Huwag sarili lamang ang isipin.** Ang pinakamagandang paraan para matagpuan ang inyong sarili ay kalimutan ang inyong sarili sa paglilingkod sa kapwa (tingnan sa Mateo 10:39; 16:25).
7. **Huwag sumuko kailanman.** Tandaan na mahal kayo ng Ama sa Langit. May tiwala Siya sa inyo, kaya magtiwala kayo sa inyong sarili.

TULONG MULA SA PANGINOON

"Sa ating pag-unlad, sa pagsisikap na mamuhay gaya ng nararapat, tiyak na tatanggap tayo ng tulong sa Panginoon."

Pangulong Thomas S. Monson, "Ikaw ay Magpakalakas at Magpakatapang na Mabuti," *Liahona*, Mayo 2014, 69.

Pagdarasal nang Tulad ni Alma para sa AKING KAIBIGAN

"At ito ay dahil sa nanalangin siya nang may pananampalataya" (Alma 31:38).

Ni Daniel Maurício dos Santos

Ang aking matalik na kaibigan ay kasama kong nagsimba nitong nakaraang dalawang linggo. Pero nang anyayahan ko siyang muli, sinabi niyang hindi siya sasama sa akin. Gusto niyang magpakapuyat at lumabas sa araw ng Linggo kasama ang mga kaibigan para magsaya. Tinanggap ko ang sagot niya, pero ang totoo ay nalungkot ako dahil gusto ko talagang sumama siya at madama niya ang Espiritu at maturuan siya ng Diyos. Nang makauwi na ako, pumunta ako sa aking silid at nagdasal, at sinabi ko sa Ama sa Langit ang dahilan ng kalungkutan ko at hiniling na panatagin ako at patnubayan.

Pagkatapos kong magdasal, nagpunta ako sa kusina para maghugas ng mga pinggan. Itinanong ng aking ama kung sasamang muli sa akin sa simbahan ang kaibigan ko kinabukasan. Nang sabihin ko sa kanya ang sinabi ng kaibigan ko, nakita ng aking ama na nag-aalala at nalulungkot ako. Ang tanging sinabi niya ay, "Ginawa mo na ang bahagi mo. May kalayaang pumili ang mga tao. Nagpunla ka na ng binhi." Napanatag ang puso ko sa mga salita ng pananampalataya ng aking ama.

Bilang paghahanda para sa Sunday School, binasa ko ang Alma 30–32. Sa kabanata 31, nanalangin si Alma sa Panginoon nang buong puso para sa kanyang mga kapatid na Zoramita, na tumanggi sa mga pamamaraan ng Panginoon at nagsimulang magkasala. Habang binabasa ko ang kanyang mga salita, inantig ako ng Espiritu, at nahikayat din akong manalangin.

Lumuhod ako at nag-alay ng panalangin na tulad ng kay Alma para sa aking matalik na kaibigan. Tulad ni Alma, sinabi ko sa Ama sa Langit na "ang [kanyang] kaluluwa ay [mahalaga] at [siya] ay [aking] kapatid; kaya nga, ipagkaloob ninyo sa [akin], O, Panginoon, ang kapangyarihan at karunungan, upang madala [kong] muli [siya], na [aking] kapatid sa inyo" (Alma 31:35).

Kinabukasan naghanda ako para magsimba, batid na hindi sasama sa akin ang kaibigan ko. Gayon pa man, payapa ang puso ko dahil, tulad ni Alma, nagdasal ako nang may pananampalataya. Nang papunta na ako sa simbahan, tumawag ang aking kaibigan. Itinanong niya kung nakaalis na ako ng bahay at kung puwedeng sunduin ko siya sa kanila. Nagkaroon kami ng magandang pulong nang Linggong iyon, at alam ko na pinatotohanan ng Espiritu ang katotohanan sa kanya.

Alam ko na hindi lang kaibigan ko ang pinagpala sa araw na iyon dahil sa Aklat ni Mormon at sa panalangin na may pananampalataya. Ang sarili kong patotoo tungkol sa Panginoon at sa aklat na ito ay tumibay pa, at ang patotoong iyan ang naghikayat sa akin na magmisyon at nagbigay-daan sa akin na saksihan ang katotohanan. Alam ko na ang Aklat ni Mormon ay naglalapit sa atin sa Diyos, na itinuturo nito sa atin na lumapit kay Cristo, at na ililigtas Niya ang ating kaluluwa. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Federal District, Brazil.



SAMPUNG SEKRETO *ng* TUNAY NA POPULARIDAD

Saan ko makikita ang sekreto sa pagiging popular? Sa Bagong Tipan?

Ni Kersten Campbell

"Tayo ang pinakamagaling!" sigaw ng cheerleader sa isang high school football game. Humanga ako sa kanyang pantay-pantay na mga ngipin at magandang ngiti. Minasdan ko ang kanyang pagtawa at pakikipagusap sa mga babae at pakikipagbiruan sa mga lalaki.

"Siguro ang saya-saya niya," naisip ko, habang iniisip ang sarili kong kalungkutan. Dahil sa trabaho ng aking ama kinailangan naming lumipat tuwing ikatlo hanggang ikalimang taon, kaya mahirap para sa amin ng kapatid ko na magkaroon ng matagalang pakikipagkaibigan.

Ang cheerleader ay kilalang mahalay manamit at mahilig pumunta sa mga party na may inuman. Habang minamasdan ko siya, nagsimula akong asamin ang popularidad na inakala kong angkin niya. Gustung-gusto kong magkaroon ng mga kaibigan kaya sa maikling sandali ay naisip ko kung dapat ko bang ibaba ang aking mga pamantayan para maging katulad niya.

Habang pauwi kaming magkapatid, awang-awa ako sa sarili ko, at tahimik akong nagdasal sa Ama sa Langit. Hiniling ko sa Kanya na ipaalam sa akin ang sekretong papawi ng lungkot at kawalan ko ng tiwala sa sarili. Bagama't hindi pa ako miyembro ng Simbahan sa panahong ito, malakas na ang pananampalataya ko sa Diyos.

Agad pumasok sa isipan ko ang ideyang ito, "Tigilan mo na ang pag-iisip tungkol sa sarili mo."

"Iyan ba ang sekreto?" malungkot kong naisip. "Paano ako matutulungan niyan na maging popular?"

Kalaunan nang linggong iyon, nabasa ko ang tungkol sa pag-ibig sa kapwa-tao sa I Mga Taga Corinto 13. Nakatulong ito para maunawaan ko na sinisikap ng Ama sa Langit na turuan akong magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao sa halip na magtuon sa pagtrato nila sa akin. Kinuha ko ang mga katangian ng pag-ibig sa kapwa-tao na nakalista roon at isinagawa ang mga ito. Nang gawin ko ito, nakita kong nagbago ang mga karanasan ko sa paaralan. Narito ang ilan sa mahahalagang bagay na natutuhan ko.

Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao ay Mapagpahinuhod

Sinikap kong maging mas mapagpasensya sa mga tao sa paaralan. Tinukso ako ng isang batang lalaki sa gym class, pero sinikap kong gantihan ng kabaitan at mga ngiti ang kanyang masamang biro. Kalaunan ay tumigil na siya sa panunukso sa akin. Sa katapusan ng taon, naging mabuti kaming magkaibigan.

Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao ay Hindi Nananaghili

Kinainggitan namin ng kapatid kong babae ang mga talento ng isang basketball player sa aming paaralan, at dati-rati ay nagsasabi kami ng hindi maganda tungkol sa kanya. Nagpasiya ako na sa halip na mainggit ay matuwa ako sa kanyang mga tagumpay. Sinimulan ko ring paghusayin ang sarili kong mga talento. Nang gawin ko ang mga bagay na ito, hindi na ako nainggit, at naging mas masaya ako.

BACKGROUND NG AKIYOKO/ISTOCK/THINKSTOCK; GRAPH PAPER NG DARKSITE/ISTOCK/THINKSTOCK

Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao ay Magandang-loob

Noon pa man ay hinahangaan ko na ang isang batang babae sa klase ko na mabait sa lahat, popular man sila o hindi. Sinimulan kong tularan ang kanyang halimbawa at humanap ako ng mga pagkakataong magpakita ng kabaitan sa iba.

Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao ay Hindi Mapagpalalo

Paminsan-minsan ay naisip ko na mas mabuti ako kaysa ilang tao dahil ipinamuhay ko ang mas mataas na mga pamantayan ng kagandahang-asal. Nang maisip ko ang Tagapagligtas, na nagpakumbaba at minahal ang lahat ng tao, nagpasiya akong baguhin ang ugali ko. Nang sikapin kong magpakumbaba at magpakabait, ginusto ng mga tao na kaibiganin ako.

Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao ay Hindi Nag-uugaling Mahalay

Mahal ko ang Panginoon at mataas ang mga pamantayan ko noon. Alam ko na malulungkot ako kapag hindi ko napanindigan ang mga pamantayang ito.

Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao ay Hindi Nayayamot

Minsan, may sinabi ang isang guro na nakasakit ng damdamin ko. Sa halip na gumanti, tinanong ko siya kung may problema siya sa araw na iyon. Inamin niya na may problema nga siya at pagkatapos ay humingi ng paumanhin. Nasabi niya ang mga bagay na iyon dahil sa personal niyang mga problema at wala iyong kinalaman sa akin.

Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao ay Nagagalak sa Katotohanan

Ang isang bagay na itinuro sa akin ng mga kaibigan kong Banal sa mga Huling Araw ay na masama ang magtsismis at magkalat ng kasinungalingan. Sinikap kong umiwas sa tsismis at baguhin ang paksa kapag may nagsimulang magsabi ng masama.

Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao ay Pinaniniwalaan ang Lahat, Inaasahan ang Lahat

Sinimulan kong tingnan ang mabuti sa mga tao at maging maganda ang pananaw. Nang baguhin ko ang ugaling ito, naging masaya ang mga taong nakakasama ko. Dahil dito gusto nila akong makasama nang mas madalas.

Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao ay Tinitiis ang Lahat

Nang magkasakit nang malubha ang kapatid ko at hindi na siya makalakad nang normal, iniwasan siya ng marami sa mga kaibigan niya dahil nakakatawa siyang maglakad. Nakita kong nalungkot siya, at natanto ko ang kahalagahan ng pagiging tapat sa mga tao sa panahon ng mga pagsubok.

Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao Kailanman ay Hindi Nagkukulang

Nang magpadama ako ng pagmamahal sa aking kapwa-tao, nagkaroon ako ng maraming tunay at nagtatagal na kaibigan. Napawi ang aking kalungkutan, at natanto ko na walang halaga ang popularidad kumpara sa tunay na yaman ng pagkakaibigan at paggalang na nagmumula sa pamumuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo.

Nagpapasalamat ako sa Ama sa Langit na nag-ukol ng panahon na ituro sa isang sophomore sa high school ang sekreto ng pagkakaroon ng matagalang mga pagkakaibigan. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Washington, USA.

ANG PAG-IBIG SA KAPWA-TAO AY ESPIRITUWAL NA KALOOB

Tinuruan tayo ni Mormon kung paano magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo. Maaari ninyong pag-aralan ang Moroni 7:44–48 upang malaman kung paano "mapuspos ng ganitong pag-ibig" (Moroni 7:48).

Ang Landas ng Aking Tipan

Mga titik ni Marvin K. Gardner
Himig ni Vanja Y. Watkins

May pananalig ♩. = 48–62

C — Gm — C

1. Ti - pan ay i - sang ka - sun - du - an, Pa - nga-ko sa Pa - ngi-no - on. A -
(2. I) - ga - ga-lang ko ang a - king ti-pan At ang pa-nga-lan ni Je - sus, Mga

Em — A — G — D7 — G

ko'y Kan-yang pag - pa - pa - la - in Kung sa - li - ta N'ya'y su - sun - din. Pa-
u - tos N'ya'y a - king su - sun-din. Ta - pat S'yang pag - li - ling - ku - ran. Pa-

Gm — C — F — Fm — B♭ — E♭ — G7

nga-ko'y sun - din Kan-yang u - tos, At li - wa - nag N'ya'y su - sun - dan, Pa-
ni - ni - ba - gu - hin, mga ti-pan Sa sa - kra - men - to t'wing Ling - go, At

C — Dm — C — Dm — G7

nga - ko N'ya'y mga bi - ya - ya— Ka - ga - la - kan sa pi - ling N'ya.
'pag na - ka - pa - sok sa tem - plo Do - o'y ma - ki - ki - pag - ti - pan. Ta-tan-da -

© 2014 nina Marvin K. Gardner at Vanja Y. Watkins. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ginamit nang may pahintulot. Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa angkop at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.

C Gm7 C Gm7 C Am Dm G7

an ang mga ti-pan. Ang a-king ga-bay pa-ba-lik sa A-ma.

Am D C D7 Dm C F C

Sa 'king ti-pan ma-gi-ging-ta-pat Ma-na-na-ti-li sa ta-mang lan-das, Sa

1. Dm G7 C 2. Dm E Am D7

pag-i-big ni Je-sus. 2. I- pag-i-big ni Je-sus. Ma-

Dm C F C Dm G7 C

bagalan

na-na-ti-li sa ta-mang lan-das, Sa pag-i-big ni Je-sus.

Ni Elder L. Tom Perry
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi ni Jesucristo.

Bakit ba natin kailangang sundin ang mga kautusan?

Mithiin ng Ama sa Langit ang ating walang-hanggang kaligayahan.

Hindi natin dapat piliin kung aling mga kautusan ang inaakala nating mahalaga.

Dapat nating sundin ang lahat ng batas ng Diyos.

Ang Kanyang mga kautusan ang gabay upang makabalik tayo sa Kanya.

PAGLALARAWAN NI MATT SMITH

Mula sa "Ang Pagsunod sa Batas ay Kalayaan," Liahona, *Mayo 2013, 86–88.*

Mga Sagot sa Kumperensya

Mia (kaliwa) at Abby

Ni Abby H., edad 7, Nebraska, USA

Nang pumanaw ang aking Lola Edwards, nalungkot kami ng kapatid kong si Mia. Kahit sinabi sa amin ng mga magulang ko na makikita naming muli ang aming lola balang-araw at magiging isang pamilya kami magpakailanman, nag-alala kami.

Sinabi sa amin ng tatay ko na maipagdarasal naming masagot ang mga tanong namin tungkol kay Lola Edwards sa pangkalahatang kumperensya. Ipinagdasal kong malaman kung masaya si Lola Edwards. Ipinagdasal ni Mia na malaman kung kasama ni Lola Edwards ang kanyang asawa at anak na babae, na pumanaw na.

Sa sesyon ng kumperensya sa Linggo ng umaga, nakinig kami, at narinig namin na sinagot ng propeta ang aming mga tanong! Sinabi ni Pangulong Monson na kapag namatay ang mga tao, para silang nagpunta sa isang silid na puno ng lahat ng mahal nilang miyembro ng pamilya na naunang pumanaw sa kanila. Kaya nalaman ni Mia na kasama ni Lola Edwards ang kanyang asawa at anak na babae. Pagkatapos ay binasa ni Pangulong Monson ang isang bahagi mula sa Aklat ni Mormon na nagsasabing ang mga espiritu ng mga matwid ay napupunta sa kalagayan ng kaligayahan (tingnan sa Alma 40:11–12).[1] Noon pa man ay sinikap na ni Lola Edwards na laging piliin ang tama, kaya alam kong maligaya siya.

Masayang-masaya kami ni Mia na malaman na nagsasalita ang propeta para sa Diyos at na sinasagot ng Diyos ang ating mga dalangin. Hindi na kami nag-aalala pa kay Lola Edwards. Alam namin na kung tutularan namin ang kanyang halimbawa sa pagpili ng tama, makikita namin siyang muli balang-araw. ■

May tanong ba kayo na maaari ninyong ipagdasal bago sumapit ang pangkalahatang kumperensya sa susunod na buwan?

Huwag kalimutang pakinggan ang sagot sa inyo!

TALA

1. Tingnan sa Thomas S. Monson, "Ang Takbo ng Buhay," *Liahona,* Mayo 2012, 93.

PAGLALARAWAN NI KAREN LEE

Ang Aklat na Dilaw ang Pabalat

Ni Randol Salazar Quiroga
Batay sa tunay na buhay

Si Randol ay nanirahan sa Bolivia. Gustung-gusto niyang pumasok sa eskuwela, at iningatan niyang mabuti ang kanyang mga aklat sa paaralan. Ang paborito niyang aklat ay dilaw ang pabalat at may nakakatuwang mga drowing.

Isang araw hindi makita ni Randol ang kanyang dilaw na aklat. Tinulungan siya ng kanyang nanay at tatay sa paghahanap, pero hindi pa rin nila ito matagpuan.

MGA PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH

Lungkot na lungkot si Randol. “Magdasal tayo,” sabi ng tatay ni Randol. “Hihingi tayo ng tulong sa Ama sa Langit.”

Pagkatapos ng panalangin, may naisip na ideya ang tatay ni Randol.

“Kausapin natin ang tito mo,” sabi nito. “Siguro ganyan din ang aklat na ginamit ng kanyang mga anak at baka ipahiram nila iyon sa iyo.”

“Ito na ang sagot sa aming panalangin,” naisip ni Randol.



Nagpunta ang pamilya ni Randol sa tindahan ng kanyang tito. Tinanong nila ito tungkol sa aklat na dilaw. Sinabi ng tito niya na hindi gumamit ng gayong aklat ang kanyang mga anak kahit kailan.

Nagulumihanan ngayon si Randol. Hindi ba sasagutin ng Ama sa Langit ang kanilang panalangin?

Sa sandaling iyon, dumating sa tindahan ni Tito ang ilang tao na nagbebenta ng mga aklat. May dala silang aklat na dilaw ang pabalat!

Binili ng tatay ni Randol ang aklat. Nagpasalamat si Randol sa Ama sa Langit sa pagsagot sa kanyang panalangin. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Bolivia.

DUMADALANGIN AKO NANG MAY PANANAMPALATAYA

Ni Janice Kapp Perry

Lumuluhod, nagdarasal,
Sa ‘king Ama sa Langit.
Siya ay sumasagot
Sa aking dasal.

Sabi ko’y, “Ama namin na
nasa Langit”;
Salamat po sa biyaya;
Hinihiling ko ang patnubay Ninyo,
Sa pangalan ni Jesus, Amen.
(*Children’s Songbook,* 14)

Mula sa interbyu ni Amie Jane Leavitt

May espesyal na kahulugan ba ang pangalan mo? Sa Korea, ang pangalan ng isang tao kadalasan ay may mahalagang kahulugan. Ang kahulugan ng pangalan ng walong-taong-gulang na si Luca ay "liwanag." Pinili ng kanyang mga magulang ang pangalang ito para ipaalala sa kanya na maaari siyang magkaroon ng magandang kinabukasan. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

AKO SI LUCA
na mula sa South Korea

Gustung-gusto kong tumira sa South Korea. Masayang lumaki sa lugar na ito!

*Anyoung, chingudul!**

* *"Hello, mga kaibigan!" sa wikang Korean*

Ako ang panganay na anak sa aming pamilya. Ang pangalan ng na-kababata kong kapatid ay Erica.

PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE

Mahilig akong magbasa. Ako'y bilingual, na ibig sabihin ay kaya kong magbasa, magsulat, at magsalita kapwa sa Korean at sa Ingles.

Pumapasok ako sa paaralan mula alas-8:30 n.u. hanggang alas-2:30 n.h. Pagkatapos ay nagpupunta ako sa isang after-school academy na tinatawag na hak-won *para sa karagdagang pag-aaral. Nag-aaral din ako ng piyano at art.*

TEMPLO'Y IBIG MAKITA!

Gustung-gusto ko ang football, at naglalaro ako sa isang indoor field buong taon.

Ako ay mamamayan kapwa ng Estados Unidos at ng South Korea, kaya nakikibahagi ako sa programa ng Boy Scouts of America sa simbahan.

HANDA NANG UMALIS!

Ang bag ni Luca ay puno ng ilan sa mga paborito niya. Alin sa mga bagay na ito ang ilalagay ninyo sa inyong bag?

Ang Chuseok *ay isa sa aming pinakamalalaking pista-opisyal. Ito ay pagdiriwang ng pag-ani—isang Korean Thanksgiving.*

ANG ATING PAHINA

PAGBABAHAGI NG EBANGHELYO

Sa paaralan ibinabahagi ko ang ebanghelyo sa aking guro at mga kaklase. Ipinapakita ko sa aking guro ang *Liahona* at nagbabahagi ako ng mga kuwento mula sa Aklat ni Mormon. Alam ko na kahit hindi sila miyembro ng Simbahan, maaari nilang malaman ang iba pa tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo. Tinutulungan din ako nito na isipin si Jesucristo. Tinutulungan ako nitong magkaroon ng patotoo tungkol sa Kanya, sa Kanyang ebanghelyo, at sa Aklat ni Mormon.

Ismael P., edad 9, Argentina

Gustung-gusto kong makita ang templo,
ni Ivy A., edad 7, Georgia, USA

Enzo V., edad 6, Brazil



Alam ko na nilikha ng Diyos ang masayang mundo para sa akin at sa inyo!

Prince Humpry B., edad 5, Pilipinas

Ang ating Diyos Amang Walang Hanggan ay buhay at mahal tayo.

Nawa'y matanto natin kung gaano Siya kahandang mapalapit sa atin,
Kung gaano Niya tayo gustong tulungan,
At kung gaano Niya tayo kamahal.

Pangulong Thomas S. Monson



PAGLLALARAWAN NI JIM MADSEN

Mula sa "Hanggang sa Muli Nating Pagkikita," *Liahona,* Mayo 2014, 115.

Alamin ang iba pa tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito!

Ang Pamumuhay ayon sa Ebanghelyo ay Nagpapala sa Aking Pamilya

Ano ang ilan sa mga pagpapalang naibigay sa inyo ng Ama sa Langit? Ang ilang pagpapala ay madaling makita, tulad ng magandang daigdig na nilikha ng Ama sa Langit o isang bagong silang na kapatid na lalaki o babae sa inyong pamilya. Ngunit kung minsan ay kailangan ninyong magtuon para mapansin ang mga pagpapala ng Ama sa Langit. Sa kuwentong ito tungkol kay Nephi, tingnan kung mahahanap ninyo ang mga pagpapalang ibinigay kay Nephi at sa kanyang pamilya dahil ipinamuhay nila ang ebanghelyo. (Maaari din ninyong basahin ang kuwento sa 2 Nephi 5.)

Binalaan ng Panginoon si Nephi na dalhin ang kanyang mga tao sa ilang para hindi sila masaktan ng mga Lamanita. Si Nephi ay masunurin. Tinipon niya ang kanyang pamilya at lahat ng naniniwala sa salita ng Diyos. Naglakbay sila sa ilang nang maraming araw. Sa huli ay nagtayo sila ng tirahan at nagtrabaho. Nagtanim sila ng mga binhi, at lumago ang kanilang mga pananim. Nag-alaga sila ng maraming hayop. Nagtayo sila ng mga gusali at templo, kung saan nila masasamba ang Diyos. Tinuruan ni Nephi ang mga tao mula sa mga banal na kasulatan, at sinunod nila ang mga kautusan.

Isinulat ni Nephi na ang kanyang mga tao ay "namuhay nang maligaya" (2 Nephi 5:27). Ibig sabihin ay nabuhay sila sa paraan na nakatulong sa kanila na maging maligaya. Kapag ipinamumuhay natin ang ebanghelyo, tumatanggap tayo ng mga pagpapalang magpapaligaya sa atin. ■

ANG TEMPLO NI NEPHI, NI MICHAEL T. MALM; PAGLALARAWAN NI THOMAS CHILD

BANAL NA KASULATAN

Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13

MGA IDEYA NA PAG-UUSAPAN NG PAMILYA

Ano ang magagawa ng inyong pamilya para "mamuhay nang maligaya"?

PAGHAHANAP NG MGA PAGPAPALA

Maging detektib ng mga pagpapala! Tingnang mabuti ang mga bakas ng paa at hanapin ang kaliwa at kanang paa na magkatugma. Ang mga bakas ng kaliwang paa ay mga bagay na magagawa natin upang maipamuhay ang ebanghelyo. Ang mga bakas ng kanang paa ay mga pagpapalang dulot ng paggawa nito. Kapag sinunod natin ang sinasabi ng mga bakas ng paa, mananatili tayo sa landas pabalik sa Ama sa Langit.

Malakias 3:10

D at T 20:77, 79

Magpasalamat

Alma 62:51

Maglingkod

D at T 82:10

Maging matapat

D at T 59:15–16

Maging mabuting halimbawa

Basahin ang mga banal na kasulatan

Mateo 6:14

Juan 13:15–17

Manalangin

D at T 97:8

Tumanggap ng sakramento

Maging masunurin

Pataw arin ang kapwa

Magbayad ng ikapu

D at T 24:7

2 Nephi 32:3

Paghimig ng mga Himno

Ni Olivia Corey Randall
Batay sa tunay na buhay

Mahilig kumanta si Esi. Ang pagkanta sa Primary ay nagpapasaya sa kanya. Alam niya na gustung-gusto siyang marinig ni Jesus na kumanta.

Isang araw kinakanta nina Mama at Baba ang isang himno sa sacrament meeting. Gusto ring kumanta ni Esi, pero hindi niya alam ang mga titik nito.

MGA PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

"Bakit ka malungkot?" tanong ni Mama kay Esi.

"Hindi ko po alam ang mga titik," sabi ni Esi.



"May naisip ako," sabi ni Mama. "Sa susunod na linggo kapag kumanta kami, maaari kang sumabay sa paghimig."

Gumanda ang pakiramdam ni Esi. Gusto niyang humimig.

Nang sumunod na linggo humimig si Esi habang kumakanta ng mga himno sina Baba at Mama. Masaya si Esi. Alam niya na gustung-gusto siyang marinig ni Jesus na humimig. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

Paboritong Bulaklak ni Lola

Ni Karen Nicolaysen Baxter

Mahilig akong mamitas ng mga bulaklak sa halamanan ni Lola.
Ang ganda-ganda ng mga kulay—asul, lila, rosas, at pula.
Hahagkan niya ako at sasabihin sa akin habang hinahaplos
ang pisngi ko,
"Ikaw ang pinakamagandang bulaklak na nakita ko!"



Ni Elder LeGrand Richards
(1886–1983)
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

PAMBIHIRANG MGA BINATILYO

Nakatanggap ako ng liham mula sa isang missionary sa California. Sinabi niya na isa sa mga samahan ng kababaihan ang nag-hahanda noon ng pananghalian sa hotel. Ang babaeng nangangasiwa ay naglagay ng ekstrang pinggan sa mesa, at sinabi nito, "Kapag dumating ang susunod na sundalo, pauupuin natin siya sa lugar na ito sa mesa." Aba, nagkataon na isa siyang binatang Mormon.

Nang ipasa nila ang kape, hindi niya ginalaw ang kape. Madali lang sanang sabihin ng binatang iyon na, "Okey lang, wala rito si Inay. Wala rito si Itay. Wala rito ang bishop ko. Ako lang ang lalaking kasama ng lahat ng babaeng ito. Hindi makakasama sa akin ang munting tasa ng kape."

Ngunit kailangan niyang maging halimbawa ng pagpuri sa Panginoon na tumawag sa kanya mula sa kadiliman tungo sa kagilagilalas na liwanag, at hindi niya ito ininom. Inalok nila siya ng tsaa, at inayawan din niya iyon. Pagkatapos ay gusto nilang malaman ang lahat tungkol sa kanya. Iyon ang nagbigay ng pagkakataon para masabi niya sa kanila kung paano siya pinalaki. At nang matapos na silang kumain, sinindihan nila ang kanilang mga sigarilyo at ipinasa-pasa ang mga ito. Siyempre pa, tumanggi ang batang sundalo. Sa sandali ring iyon nagpasiya ang isa sa mga babaing iyon, "Kung sakaling kumatok ang mga Mormon Elder sa bahay ko, papapasukin ko sila. Gusto kong malaman pa ang tungkol sa mga taong nakapagpapalaki ng isang binatang katulad ng nakaupo sa mesa natin ngayon."

Isa pang binatang Mormon ang ipinadala sa silangan sa isang officers' training school.

"Bakit ka nakipag-toast sa akin ng isang basong gatas?"

Dumating ang bagong commanding officer sa kampo, at nagkaroon sila ng salu-salo para parangalan ito. Doon, sa tabi ng bawat pinggan, ay may kopita. Nang dumating ang tamang sandali, bawat isa sa mga magiging potensyal na opisyal na iyon ay tumayo hawak ang kanyang kopita para makipag-toast sa bagong opisyal na iyon. Lahat sila maliban sa isang binatilyo, at itinaas niya ang isang basong gatas.

Siyempre, nakita iyon ng opisyal. Diretso siyang nagpunta sa binatang iyon pagkatapos ng kasayahan, at sinabi niya, "Bakit ka nakipag-toast sa akin ng isang basong gatas?"

"Kasi po, Sir," sabi niya, "Hindi pa po ako nakatikim ng alak kahit kailan. Ayaw ko pong tumikim nito; ayaw ng mga magulang ko na tumikim ako nito; at palagay ko po hindi rin ninyo gugustuhing uminom ako nito. At gusto kong makipag-toast sa inyo, kaya naisip kong masisiyahan kayo kung makikipag-toast ako sa inyo ayon sa nakasanayan kong inumin."

Sabi ng opisyal, "Magreport ka sa headquarters bukas ng umaga," at sinabi sa kanya kung anong oras.

Palagay ko hindi nakatulog ang binatang iyon, ngunit nang magpunta siya sa tinutuluyan ng opisyal kinaumagahan, ginawa siyang tauhan ng opisyal na ganito ang paliwanag: "Gusto kong mapaligiran ako ng mga taong may tapang na gawin ang iniisip nilang tama anuman ang iniisip ng iba tungkol dito."

Hindi ba napakaganda niyan! Pambihira siyang binata, hindi ba? Umaasa ako na kayong lahat ay pambihira. Sana kung sakaling malagay kayo sa sitwasyong tulad niyon, tama ang gagawin ninyong desisyon. ■

Mula sa "Stories from the General Authorities: An Uncommon People," New Era, *Peb. 1974, 28–29.*

LARAWAN NG KOPITA NG ALAK NA KUHA NI ZIVIANI/ISTOCK/THINKSTOCK; LARAWAN NG GATAS NA KUHA NG DENPHUMI/ISTOCK/THINKSTOCK

MGA KABATIRAN

Saan ko matatagpuan ang pag-asa?

"Dumarating sa bawat isa sa atin ang mga panahon na kailangan nating malaman na bubuti rin ang mga bagay-bagay. . . . Ang masasabi ko ay ito mismo ang alok sa atin ng ebanghelyo ni Jesucristo, lalo na sa oras ng pangangailangan. *Mayroong* tulong. *Mayroong* kaligayahan. . . . Huwag kang susuko. Magpatuloy ka sa paglalakad. Subukan mo nang subukan. . . . Magiging maayos ang lahat sa huli. Manalig ka sa Diyos at maniwala sa mabubuting bagay na darating. . . . May mga biyayang dumarating kaagad, kung minsa'y huli na, kung minsa'y hindi dumarating hangga't hindi tayo nakapupunta sa langit; subalit sa mga yumayakap sa ebanghelyo ni Jesucristo ay *dumarating ito.*"

Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Dakilang Saserdote ng Mabubuting Bagay na Darating," *Liahona,* Ene. 2000, 42, 45.

Kabilang Din sa Isyung Ito

PARA SA MGA YOUNG ADULT

KABABAIHAN SA TIPAN

Anuman ang lokasyon, edad, o sitwasyon sa buhay, lahat ng kababaihan ay may mga kapatid sa ebanghelyo.

p. 42

PARA SA MGA KABATAAN

p. 50

PAANO TUNAY NA MATUTO

Ang pag-aaral ay higit pa sa pagtanggap ng mataas na marka o pagtatapos sa pag-aaral.

PARA SA MGA BATA

Mga Sagot sa Kumperensya

Masaya kaya si Lola? Sabi ni Itay maaari kong matanggap ang sagot sa tanong ko sa pangkalahatang kumperensya.

p. 67

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 021098989387